

*NAGSISIKAP NA GAWAN ANG  
DIOS NG ISANG PAGLILINGKOD  
NA HINDI AYON SA  
KALOOBAN NG DIOS*



Mga kapatid na ministro, at sa inyo mga kaibigang nariyan, masasabi kong isang pribilehiyo ito na maparito ngayong umaga. Ang ganiyang pagpapakilala, aba, hindi ko nga alam kung paano ko ipamumuhay ang gaya ng isang 'yan.

<sup>2</sup> Pero habang nakaupong nag-uusap diyen, si Kapatid na Noel at ako, hindi ako naniniwalang may nakatagpo na akong isang taong sadyang ganoong-ganoon. . . Lahat tayo'y ginawa sa iba't ibang hulmahan, nguni't ng iisang Dios. Tulad ni Kapatid na Jack Moore, siya'y tunay na naging. . . Kasasabi nga lang ni Kapatid na Noel, "Mula noong maparito akong kasama niya. . ." Iyon ang manugang niyang lalaki, at kung paano niya natutunang mahal siya at igalang ang kaniyang karunungan at mga bagay-bagay. At iyan. . . Makapagsasabi ako ng "amen" diyen. Ang napakaraming mabubuting bagay. . . mga panahong magkakasama kami, siya at ako, at si Kapatid na Brown, si Kapatid na Boutliere na naririto. Mga mabubuting kalalakihan ng Dios na talagang minamahal ko sila nang buong puso ko.

<sup>3</sup> At saka ko—nakikita kong hindi na kami papabatang lahat, buweno, naiisip ko nga ngayon ang panahon na minamasdan kami habang kami'y nagbabago mula noong mga dalawampung taon na ang nakararaan na tinatawid ang mga ilang, at iba pa na magkakasama bilang mga kabataang lalaki noon. Nguni't sadyang nalalaman na may isang Lupain na kung saan hindi na tayo tatanda pa. Magkikita-kita tayong muli doon balang-araw.

<sup>4</sup> Kagabi nang paalis na ako sa tabernakulo, may isang munting babae na nakahiga sa tiheras doon sa likod, at sabi niya, "Kapatid na Branham, maraming taon na ang nakararaan. . ." Sa palagay ko'y naparalisa siya. Sabi niya, "Sinabi mo sa akin. . ." Nakalimutan ko na ngayon kung ano 'yung sinabi sa akin nung babae, parang ganito, hindi ko sana ito mabanggit nang mali. Sabi, "Na ang karamdamang ito na taglay ko ay may layunin," o parang ganoon, na magkakaanak siya. At hindi niya mapag-unawa kung paano iyon maaaring mangyari at siya na nasa ganoong kalagayan.

<sup>5</sup> May nakatayo doon na isang bata pa't, guwapong binata, sabi niya, "Ako po 'yung naging anak niya." Sabi, "Ako po 'yung naging anak niya."

<sup>6</sup> At napakaraming bagay ang naganap sa daan, ni wala na tayong oras dito para pag-usapan ito. Magagawa natin sa kabilang dako.

<sup>7</sup> At ang sangay ng Business Men na ito. Hindi ako kabilang sa kahit anong organisasyon, sa palagay ko'y gaya ng alam ninyong lahat, pero ako . . . Ito lang ang nag-iisang grupo na konektado ako, nagdadala ng isang kard ng pakikisama, ay . . . Sila ay bukas sa lahat ng denominasyon, puro mga negosyante lang. Naging napakahalagang bagay sila sa akin at sa uri ng ministeryong ipinagkaloob sa akin ng Panginoong Ama natin. Ito'y . . . hindi naman sa talagang hindi ko gusto ang organisasyon; ito lang ay isang ministeryong ipinagkaloob sa akin, at kung hindi ako matapat sa pagkatawag na 'yan, kung ganoon magiging isa akong di-tapat na tao sa Dios.

<sup>8</sup> At, iniisip ko, bago lang ako umalis ng Tucson, marami siguro sa inyo ang naroon, isang araw ako ay, nagsasalita sa sangay sa Los Angeles. At mayroon doong . . . Katatapos ko lang punahin ang organisasyon marahil nang medyo—medyo matindi. Ako—hindi ko sinasadyang maging ganoon. Kung sinadya mo iyon para maging masama, kung ganoon magiging isa akong mapagpaimbabaw. Hindi mo dapat gawin iyan, hindi, iyan ay sadyang pagpapatama sa kung kanino man. Nguni't may naikuwento ako noon tungkol sa isang puno na nakita ko sa bakuran ni Kapatid na Sharrit. Mayroon itong mga limang iba't ibang uri ng bunga doon. At sinabi ko, "Hindi pa ako nakakita ng ganiyang puno sa tanang buhay ko." Isa itong . . . meron itong suha, meron itong mga limon, meron itong mga tangerine, mga tangelo, mga kahel, lumalaki lahat sa iisang puno. "Buweno," sabi ko, "ako—hindi ko talaga makuha 'yan. Ano bang uri ng puno ito?"

"Isa itong puno ng kahel."

At sabi ko, "Buweno, suha ba 'yan?"

Sabi, "Oo."

Ako—sabi ko, "Paano 'yun?"

Sabi, "Iniugpong 'yan."

At sabi ko, "Oh, ganoon pala."

<sup>9</sup> Sabi niya, "Mula silang lahat sa pamilya ng citrus, at kahit anong puno mula sa pamilya ng citrus ay . . . puwedeng iugpong."

<sup>10</sup> Sabi ko, "Naintindihan ko na." Tapos ay nagsimula akong sumigaw nang kaunti, alam n'yo na, dahil nerbiyoso ako at emosyonal.

11 Kaya, sabi niya, “Ano’ng nangyayari?”

12 At sabi ko, “Buweno, may naiisip lang akong bagay.” At sabi ko, “Ngayon may gusto lang akong itanong sa ‘yo.” Sabi ko, “Ngayon, sa susunod na taon ba pagdating ng pamumulaklak, wala na bang mga kahel, mga tangelo, mga suha, mga limon; magiging kahel na lahat dahil nasa puno ito ng kahel, hindi ba?”

13 Sabi niya, “Hindi, hindi. Hindi, mamumunga ang bawa’t sanga ng kauri nito.”

14 Sabi, “Ganoon pala.”

15 Kaya napakaganda pa ring pakinggan niyon, dahil ako’y . . . alam n’yo na ako’y . . . siyempre nakakuha ako ng digri mula sa Hartford at lahat ng iba pang mga unibersidad na ito, alam n’yo na. Kaya—kaya aking . . . pinagmamasdan ang *kalikasan*, ‘yan pa lang ang pinakamahusay na unibersidad na natagpuan ko, ang unibersidad ng Manlilikha. Kaya kung pinagmamasdan ko ‘yan, nakukuha ko ang mga ipinangangaral ko mula sa nakikita kong paraan ng pagkilos ng kalikasan.

16 At sabi ko, “Buweno, talaga namang pinabubuti n’yan ang pakiramdam ko.”

17 Sabi niya, “Ano’ng nangyayari?”

18 Sabi ko, “May naisip lang akong bagay.”

19 Kaya, nang araw na ‘yon, ipinangangaral ko noon ang ganoon. At sabi ko, “Ngayon, kita n’yo, nang unang magsimula ang iglesya, ito ay . . . sabi ni Jesus . . .” Ipinangangaral ko noon ang Juan 15. “Ako ang Puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang bawa’t sangang di namumunga ay puputulin, susunugin.”

20 At may isang nanggipit sa akin nang matindi tungkol d’yan, sabi, “Kita mo na, akala ko ba kung talagang minsan ka nang napuspos ng Banal na Espiritu at naligtas, sabi mo, hindi na sila makakaalis mula rito.”

21 “Tama ‘yan.”

22 Sabi niya, “Paano naman *iyang*?”

23 Sabi ko, “Ngayon ang sinasabi mo naman ay tungkol sa ibang paksa. Ang sinasabi Niya doon ay tungkol sa pamumunga, hindi ‘yung Puno; ang sinasabi Niya’y tungkol sa pamumunga, at hindi ‘yung Buhay. Sabi niya, ‘Buweno, putulin na lang ‘yung puno para lumaki ito, mamunga.’”

24 Sabi niya . . .

25 At sabi ko, “Ngayon, kita mo, ang punong ito, noong nagsimula ito, ay purong lahat, mga Cristianong maka-Biblia. Tapos ay dumating ang isang sangang tinawag na Lutheran, Methodist, Baptist, Presbyterian: mga limon at kung ano pa.” At sabi ko, “Kita mo, lumalago ito sa pangalan ng Cristianismo, nguni’t ito’y . . . Nabubuhay ito mula sa Punong iyon, pero namumunga ito ng sarili nitong makadenominasyong

kauri. Kita mo? Pero” sabi ko “kung ang puno ng kahel na ’yan ay mag-uusbong ng isa pang sanga nito mismo, mamumunga ito ng mga kahel gaya ng ginawa nito sa pasimula.”

<sup>26</sup> Nagkataon naman noon na, nakaupo doon, isang pinuno ng isang malaking...isa sa pinakamalaki nating mga organisasyong Pentecostal. Hindi ko alam kung paano ito gagawin para maunawaan ng lahat na hindi ko ito ideya na—na ako’y—ako’y laban sa mga kapatid na ’yon, mga kapatid na babae, mali ’yan. Labis akong di nauunawaan, at hindi ko alam kung bakit. Kita n’yo? Iniisip ng mga tao na ni hindi ako naniniwala sa pagpunta ng mga tao sa bahay-sambahan. Isang milyong milya ’yan mula sa Katotohanan. “Dapat tayong magkatipon nang sama-sama, at lalo na kung namamalas nating nalalapit na ang araw.” Kita n’yo? Dapat tayong magkatipon na may pagkakaisa. Maaaring hindi natin. . .

<sup>27</sup> Kung nakatira ako sa isang lungsod at wala sila kahit ano doon kundi isang. . . buweno, isang iglesya (ayokong bumanggit ng kahit anong pangalan), pero basta kahit anong iglesya, kung naniniwala lang sila sa isang bagay, na si Jesus ay Dios, lahat ng iba pa rito ay mali na, pupunta ako sa iglesyang ’yan. Kung hindi ako makakuha ng buong pan ng tinapay, ako—kukuha ako ng isang hiwa. Kita n’yo? Pupunta ako’t makikinig, sasamba sa Panginoon, at ipakikita ko sa Kaniya na ginagawa ko ang bahagi ko. Gusto kong malaman Niya na buhay ako. Ako’y—aking. . .nais na ipaalam sa lahat kung saan ako nakapanig. Nakikipagtipon akong kasama ng mga Cristiano, at doo’y sumasamba at—at naglilingkod sa Panginoon.

<sup>28</sup> Nguni’t napakahirap nito, ako. . .dati-rati’y bumabagabag sa akin nang matindi, at saka ko natuklasang kahit ang ating Panginoon ay hindi rin naunawaan sa napakaraming mga bagay. May bagay Siyang sasabihin, at sila’y. . .di mauunawaan. Sa palagay ko’y kailangan lamang talagang maging ganoon. Nguni’t silang mga may pang-unawa ay mangakauunawa. Kita n’yo? Sinabi mismo ng Biblia. Mauunawaan nila Ito.

<sup>29</sup> Kaya ngayong umaga habang sinasabi ito. . .At sabi ko, “Ngayon, sila—nabubuhay sila sa pangalan ng Cristianismo, nguni’t namumunga sila ng maling uri ng bunga. Mayroon itong makadenominasyong bunga. Nagtatakda sila ng isang bagay, at ipinamumuhay mismo nila ito, at nabubuhay mula sa mismong Buhay.”

<sup>30</sup> Ito ang sinisikap kong sabihin kagabi, maaaring mabautismuhan ang espiritung ’yan doon sa Espiritu at hindi pa rin maging isang Cristiano. Kita n’yo? Nabubuhay ka mula mismo sa siya ring Buhay, nguni’t ang mga bunga na ipinapamunga mo ang nagsasabi kung ano ka. Kita n’yo? Tama ’yan. Kita n’yo? Magagawa nila ang lahat ng mga tanda, at manalangin para sa mga maysakit, at magpagaling ng

mga maysakit, at magbukas ng mga mata, at magpalayas ng mga demonyo, at—at gawin ang lahat ng mga bagay na ito, nabubuhay mismo sa siya ring Buhay na naroroon, nguni't isa pa ring limon. Kita n'yo? Tama 'yan. “Sa mga bunga, ay makikilala ka,” sabi ni Jesus. At kaya nga nalaman nating . . .

<sup>31</sup> At nang bumaba ako sa entablado, tumayo ang kilalang pinunong ito, sabi niya, “Hindi Niya ibig sabihin ang ganoon.” Sabi niya, “Alam nating lahat na tayo'y iniugpong.” Buweno, totoo 'yan na iniugpong tayo, iniugpong sa sanga, tama 'yan; nguni't hindi sa Puno, idinugtong. Kaya sinabi niya pagkatapos . . . nagsimula nang medyo—medyo hinamak ako nang kaunti.

<sup>32</sup> At may isang kabataang lalaki doon, palagay ko'y isa ito sa kamag-anak ng isang artista sa pelikula. Danny Henry ang pangalan niya, at isa siyang kabataang Baptist. Buweno, lumapit siya sa entablado para iyakap sa akin ang kaniyang mga braso, at sinabi niya, “Kapatid na Branham, hindi sana kalapastanganan ang maging dating nito, pero” sabi, “palagay ko iyan na halos marahil ang ika-23 kabanata ng Apocalipsis.”

<sup>33</sup> At sabi ko, “Salamat sa 'yo.”

<sup>34</sup> At nagsimula siyang magsalita ng iba pa at nagsimula siyang magsalita sa ibang mga wika, isang lalaking Baptist. At nang gawin nga niya, may isang—isang babaeng mula dito sa Louisiana, isa itong Pranses, medyo malaking babaeng may katabaan, isinulat nito ang salin.

<sup>35</sup> Buweno, tapos ay may isa pang kabataang lalaki na nakaupo sa banda rito na isang Pranses, isinulat nito kung ano ang sinabi niya. Pinagkumpara nila ang mga sulat, at magkatulad sila kapuwa.

<sup>36</sup> At pagkatapos ay may isang malaking, lalaki na olandes ang buhok na nakatayo doon sa gawing likuran, sa Clifton's Cafeteria, na naglalakad palapit. Sabi niya, “Patingin nga po ako niyang mga sulat.”

<sup>37</sup> Gusto kong makita kung ano ang mga iyon, at lahat silang tatlo'y iisa sa salin. Siya ang interpreter para sa U.N., Pranses na interpreter. At ganito ang sabi nito:

*Sapagka't pinili mo itong tuwid at makipot na daan,  
ang mas mahirap na daan, ginawa mo ito ayon sa iyong  
sariling pagpili.*

*Nguni't anong kasiya-siyang pasya ang iyong ginawa,  
sapagka't ito'y ang AKING DAAN.*

Kita n'yo? At sabi . . . at nagpatuloy at saka sinabi:

*Ito sa sarili nito ay ang siyang gaganap, at gagawa at  
maghahatid, gaganap, sa napakalaking pagtatagumpay  
sa Pag-ibig na Banal.*

38 Nakita n'yo, sa tuwina, kahit sa Pranses, ang pandiwa bago ang pang-abay diyan sa—sa—sa salin. Kaya hindi ko masabi diyan. . . Si Moises, pumili siya, kinailangan niyang pumili. Lahat tayo'y kailangang pumili at gawin ang pinakamabuting magagawa natin. At ang Dios. . . Iginagalang ko ang mensahe ng kahit na sinong tao na ibinigay niya patungkol sa Dios. Ako. . . kahit ano pa ito, iginagalang ko 'yan nang buong puso ko.

39 Ngayon, nakita kong dumating ang isang medyo bata pang Kapatid kani-kanina lang, si Kapatid na Stringer, sa palagay ko'y galing sa Louisiana. . . o sa Mississippi, dinalhan tayo ng ilang larawan dito na nakita n'yong tinitingnan namin ito. Ito'y ang Anghel ng Panginoon, nung magpakita Ito. Ilan na ang nakarinig ng kuwento? Sa palagay ko'y narinig na ito ng bawa't isa sa inyong naririto. Nakuha n'yo na ito sa teyp, at iba pa.

40 Ngayon, sinabi sa akin iyon isang umaga ng alas-diyes, noong nakatayo ako sa kuwarto ko sa Indiana. Sinabi sa akin na paroroon ako sa Tucson, sa madaling araw, magtatanggal ako ng isang sigay-tinik (ang tawag namin doon, ay goat-header) mula sa binti ng pantalon ko. At pitong Anghel ang dumating at pinasambulat ito, at sumambulat ang lupa at lahat ng iba pa, sa. . . gumulong ang malalaking bato mula sa mga bundok, at tumayo doon ang pitong Anghel.

41 At sabi ko, "Buweno. . ." Sinabi ko sa aking asawa, at nandito siya sa kung saan man ngayong umaga, "Ihanda mo na ang lahat dahil walang paraan na ang isang tao ay mabuhay pa dahil diyan," sabi ko, "na makakalabas diyan. Pupunta ako sa Tucson, tapos na ang trabaho ko dito sa mundo. Ako'y Pauwi na upang makasama ang Panginoong Jesus."

42 "Buweno," sabi niya, "sigurado ka ba?"

43 Sabi ko, "Oo. Oo, walang sinuman na—na makaliligtas doon. Walang anumang paraan na magawa iyon."

44 Katatapos ko lang ipangaral ang *Ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya*. Doon ko tinawagan ang ating magiting, na munting Kapatid na Jack Moore para itanong sa kaniya ang tungkol dito, kay Jesus, sa Apocalipsis 1, na nakatayo roon na may puting buhok at lahat na.

45 Sabi ko, "Siya'y isang bata pang Lalaki." At doon dumating ang kapahayagan tungkol doon sa pagkakaroon ng nakasuot na peluka, at hindi Siya; nakapeluka Siya (at hindi ko iyon maunawaan noon), bilang ang Kataas-taasang Dios. At ang mga matatandang hukom dati sa Israel, ay kailangang maputi ang buhok. At ang puti ay nangangahulugan ng kadalisan. At ang mga hukom na Ingles hanggang sa ngayon, sa kataas-taasang mga hukuman ng Inglatera, ay nagsusuot ng puting peluka kapag lumalabas sila, sapagka't wala nang iba pang batas na mas mataas pa kaysa sa mga batas nila sa mundo. Kita n'yo? At sila'y kataas-taasang hukom.

46 At naaalala ko na pumunta ako doon sa Arizona at lahat na, sinikap ko sa abot ng makakaya ko. . . Halos mamatay na sa takot. Pumunta ako sa pagtitipon sa Phoenix. At naaalala n'yo ba, ipinangaral ko ang sermon na, *Mga Ginoo, Anong Panahon Na Ba Ito?* Naaalala n'yo ba iyon? Sinabi ko na nakita ko iyon, sabi ko, “Bago pa ito maganap, tandaan, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ‘May bagay na magaganap.’” Marahil ay mayroon na kayo ng mga teyp sa inyong lalagyanan ng teyp ngayon. At sinabi ko doon, “Tandaan ninyo ngayon ang mga pangitain ay hindi pa kailanman nangabibigo. ‘May bagay na magaganap.’ Tandaan!”

47 At ilang araw pagkatapos niyon, ako ay ninenerbiyos na, at naisip ko, “Ano kaya ito? Mamamatay na kaya ako? Kung. . . sana’y mabilis lang ito para malampasan ko na ito. Ayoko nang magtagal.”

48 At sinabi ng Panginooon isang umaga, “Pumunta ka sa tuktok ng Sabino Canyon.”

49 At naroon ako sa itaas na ang aking mga kamay ay nakataas, nananalangin. Naramdaman kong may tumama sa kamay ko. Ito’y isang tabak. Ngayon, para n’yo nang nakita kung paano ang mararamdaman n’yo, nakatayo kayong mag-isa roon at narito sa kamay n’yo ang isang patalim na *ganiyan* kahaba. Ibinaba ko ito at tiningnan ito. Isa lamang itong patalim, isa sa kanila. . . at takot ako sa patalim, kahit paano. At mayroon itong isang—mayroon itong isang—isang metal, bagay na gaya ng isa sa mga patalim na ito, gaya ng metal ng palayok o isang bagay, talagang matalim at makitid. May kaluban na nakapaikot *dito*, kung saan dating ginagamit noon ng mga nagduduwelo para, upang maiwasang mahiwa ang mga kamay ng isa’t isa, at—at may isa itong perlas sa hawakan dito. Sadyang lapat na lapat sa kamay ko. Buweno, kinuskos ko ang aking mukha at tumingin uli.

Sa lugar din mismong ’yon, noong isang araw, nakakita ako ng isang maliit, na puting kalapating bumaba. Sasabihin ko sa inyo ang tungkol diyan mamaya.

50 At hawak ko iyon sa kamay ko, naisip ko, “Iyan ay kakaiba. Ngayon, Panginooon, ako. . . nawawala na po ba ako sa katinuan ko? Walang sinuman ang naririto. Milya-milya ang layo ko mula sa kahit sino at heto ang isang tabak. Itinaas ko ang aking kamay, at saan ito nanggaling?” At naisip ko, “Iyan ang pinakakakaibang bagay. Ngayon tingnan dito, isa itong tabak; kita mo, inihampas ito, at ito’y isang tabak.” At sabi ko, “Walang kahit sinong naririto na nakatayo rito. Nasa itaas ako sa ibabaw nitong mga malalaking bato, nasa mismong tuktok ng bundok.” At ni hindi mo man lang nga makita ang Tucson mula roon, napakalayo nito sa ibaba.

51 Naisip ko, “Ngayon, isang kakaibang bagay ’yan. Ngayon, tiyak na naririto lamang ito sa kung saan sa paligid, Isa na

kayang lumikha at gumawa ng isang tabak at ilagay ito sa aking kamay.” Sabi ko, “Ang tanging makagagawa lamang nito’y ang mismong Dios na lumikha ng isang lalaking tupa para kay Abraham, ang makalilikha ng mga squirrel na iyon,” na narinig na ninyo. At sabi ko, “Narito ang sangkap, tatlong iba’t ibang uri ng sangkap ang nandito, at hinahawakan ko ito sa aking kamay na sadyang gaya ng anumang bagay na kaya kong hawakan sa aking kamay.”

<sup>52</sup> At narinig ko ang isang Tinig, sabi, “Iyan ang Tabak ng Hari!”

<sup>53</sup> At naisip ko, “Ngayon, saan kaya Iyon nanggaling? Naroon mismo sa mga malalaking batong iyon sa kung saan.” At itinaas ko ang aking kamay nang *ganiyan*, at sabi ko, “Tabak ng isang hari.” At tumingin ako sa paligid, at nawala na ang tabak. At sabi ko, “Tabak ng isang hari.” Iyon ay upang. . . naggagawad sila ng pagka-kabalyero sa pamamagitan—sa pamamagitan ng isang tabak, sa palagay ko’y tama ’yon, sa hukbo o sa ibang paraan, naggagawad sila ng pagka-kabalyero sa pamamagitan niyon, alam n’yo na. Sabi ko, “Buweno, para siguro doon ’yon. Ang ibig sabihin siguro nito ay magpapatong ako ng kamay sa mga ministro, o bagay na ganoon, na, upang gawin silang mga ministro.” At pagkatapos ako. . .

<sup>54</sup> Nagsalitang muli ang isang Tinig, sabi, “Ang Tabak *ng* Hari!” Hindi *isang* hari; ang Tabak *ng* Hari! Kita n’yo?

<sup>55</sup> Naisip ko, “Ngayon, alinman sa wala na ako sa sarili ko, ang katinuan ko ay wala na, o may bagay na nagaganap, may isang nakatayo dito sa paligid malapit sa akin.”

<sup>56</sup> At mga kapatid, totoo ang mga bagay na ito. Hindi ko—hindi ko alam kung paano ito sasabihin sa inyo, lagi-lagi n’yo itong nakikitang nagaganap sa tuwina sa ganiyang paraan. Totoo iyon. Kita n’yo? At ito’y. . . hindi ko ito maunawaan. Kaya. . . Ito ang pinaka-kakaibang pakiramdam.

<sup>57</sup> At tumayo ako roon. Naisip ko, “Ngayon, kung Sino man ’yon na kumakausap sa akin buong buhay ko, mula noong isang napakaliit pa, na batang lalaki, ay nakatayo mismo dito, at hindi ko Siya makita sa anumang paraan.” Sabi ko, “Ang Tabak *ng* Hari?” Iyon ay. . . ang Dios ay *ang* Hari. “At ano ang tabak na ito?”

<sup>58</sup> “Ang Salita, inilagay Ito sa iyong kamay.” Sabi, “Huwag kang matakot sa kamatayan, ito ang ministeryo mo.”

<sup>59</sup> Oh, naku! Bumaba ako mula doon sa bundok; umiiyak, sumisigaw, nang napakalakas, tumatalon sa malalaking mga bato. Bumaba ako, sinabi sa aking asawa, sabi ko, “Hindi pa ako mamamatay, alam mo, ito’y—ito’y—ito ang ministeryo ko.” (Sinabi ko noon sa kaniya na sumama kay Billy Paul dito, at dalhin ang mga bata. Sabi ko, “Ngayon, wala ako kahit na ano, pero titiyakin ng iglesya na hindi kayo magugutom



lahat at mga ganung bagay, at ako'y—sasalubungin ko kayo sa kabilang hangganan.") At—at siya. . .Sabi ko, "Hindi, hindi ako mamamatay, ito'y isang bagay tungkol sa ministeryo ko."

<sup>60</sup> Ilang araw pagkatapos niyon ay paalis na ako galing sa isang pagtitipon; nakatanggap ng tatlong pahina ng telegrama, na galing dito sa Houston, Texas. At 'yung tao na 'yon na bumatikos sa akin nang sobra noong gabing makuhanan ang Anghel ng Panginoon, ang larawan Nito na nakuhanan doon sa Houston, tinawagan niya ako, sabi niya. . . nagpadala ng isang telegrama, sabi ng maybahay, "Alam ko, Kapatid na Branham, na abala ka. Ang anak ko, ang anak na lalaki ng kapatid na babae ni Ted Kipperman, ay nakatakdang bitayin sa silya elektrika." Sabi. . . (paano kung si Billy Paul 'yon?). Sabi niya, "Siya at isang kabataang babae ay tiyak na mamamatay." At nabasa n'yong lahat ito sa pahayagan, siyempre. At sabi, "Ang tanging pag-asa na lang namin ay ang magpunta ka at magdaos ng isang pagtitipon at tipunin ang mga tao."

<sup>61</sup> At ilang beses na rin akong sinulatan ni Raymond Huckstra, pero alam n'yo na, nagplano na ako na pagkatapos ng pagtitipon na iyon na magtungo sa pangangasong biyahe kasama nina G. McAnally at sila. At naisip ko, "Buweno, kung hahayaan kong mamatay ang mga batang 'yon at wala man lang akong ginawang paraan, hindi na ako makakapangasong muli kahit na kailan."

<sup>62</sup> Kaya sabi ko, "Sige, pupunta ako." Pumunta ako sa Houston, nagdaos ng pagtitipon, at siyempre ang. . . hindi nila sila binitay, hinayaan na lang nila. . . hinayaan nila silang mabuhay. At iyon naman ang gusto nilang gawin nila, hayaan na lamang silang mabuhay. Kaya mga dalawampu't isang taon na 'yon, sa palagay ko, sa—sa Texas.

<sup>63</sup> Kaya nga, at pagbalik, umakyat ako sa bundok at nagtungo akong kasama si Kapatid na Fred Sothmann. Naririto siya sa kung saan man. Kapatid na Fred, nasaan ka ba? Banda rito. Si Kapatid na Fred Sothmann, si Kapatid na Gene Norman; isang araw, nung pangalawang araw na naroon, ang Anghel ng Panginoon ay bumaba doon mismo sa kampo kung saan kami naroroon, at nagsimulang magsabi ng tungkol sa kanilang mga anak at mga bagay na ginagawa nila.

<sup>64</sup> Umalis ako at bumalik sa burol. At nakuha ko na ang aking baboy-ramo, at sinisikap kong itaboy 'yung isa sa palibot papunta kay Kapatid na Fred. Kaya natagpuan ko kung saan sila nanginginain sa gilid ng burol, at sabi ko, "Buweno, ngayon, sasabihin ko sa 'yo kung ano ang gagawin ko, Kapatid na Fred." Sabi ko, "Ngayon, sa umaga ka pumunta doon sa lugar na 'yon." Aakyat kami doon pagsikat ng araw, aakyat sa tuktok ng bundok. "At magtungo roon pagsikat ng araw, iikot ako sa kabilang dako. Ngayon, hindi ako mamamaril ng isa, pero

kung tatakbo sila papunta rito, mamamaril ako sa harap nila at pabalik sila. Pumili ka ng isang malaki.”

<sup>65</sup> “Sige,” sabi niya.

<sup>66</sup> Kaya si Kapatid na Fred ay nagtungo doon. At si Kapatid na Gene Norman (Sa palagay ko’y hindi dumating si Kapatid na Gene, dumating ba?), siya ay—nandoon siya sa kabila. Marami sa inyo ang nakakakilala kay Gene Norman, isang malapit na kaibigan ng marami, mabuting kapatid. At bumaba pa siya nang kaunti. Kung saan, ’yung mga baboy, sadyang wala sila doon nang umagang ’yon. At nakikita ko si Kapatid na Fred, kumaway sa kaniya, mga isang milya ang layo niya sa akin. Buweno, naisip ko, “Saan kaya sila nagpunta?” Nagpunta ako pababa sa isang malaking bangin, at bumaba, naisip ko, “Titingnan ko kung mahahanap ko kung nasaan sila.” Nagsimulang umakyat pabalik. Ilang sandali pa lamang iyon makalipas ang bukung-liwayway, nagsisimula pa lamang tumaas ang araw.

<sup>67</sup> Umikot ako sa isang napakalaking bangin, oh, naku, daan-daang talampakan, naglalakihang mga bato lamang ang naroon sa malaking bangin na ’yon doon, ’yung malalaking pader. At noon ay tila ba nagiging. . . ang araw ay tumataas na, mag-aalas-siyete na, sa palagay ko, o parang ganiyan. At naupo ako at tumingin ako sa paligid, napatingin ako sa binti ng aking pantalon at naroon ’yung sigay-tinik, matinik na halaman. At sabi ko, “Alam mo, parang kakaiba ’yan. Alam mo, sinabi sa akin ng Anghel ng Panginoon na ako ay magiging mga nasa apatnapung milya ng hilagang-silangan ng Tucson, mag-aalis ako ng sigay-tinik sa binti ko.” Natatandaan n’yo pa ba iyon? Tanda n’yo pa? Siyanga, po. Kita n’yo? Sabi ko, “Kakaiba ’yan.” Hawak-hawak ko ito.

<sup>68</sup> At sa pagtingala ko, nakakita ako ng mga dalawampung baboy mga limang daang yarda mula sa akin, lumabas na nanginginain sa munting damuhang ito at nahiga. Sabi ko, “Ngayon, kung maidala ko lamang si Kapatid na Fred at mapapunta siya banda roon sa lugar na ’yon, mahuhuli niya ang baboy niya doon mismo. Pero alam kong siya ay mga nasa isang milya o dalawa mula sa akin ngayon. Kaya,” sabi ko, “kung makakatawid ako dito sa maliliit na tagaytay nang hindi nila ako nakikita, hanggang sa tabi nitong maliit na punong enebro doon,” sabi ko, “kung makaikot ako sa gawing ito, may daan ng usa pababa sa gawing ito, maaari akong tumakbo paakyat diyan at umalis sa daan. At magbitin ng maliit na pirasong papel dito kung saan malapaman ko kung alin sa mga daan ang lalabasan, sa bangin, mapapunta ko doon si Kapatid na Fred nang tama lang sa oras.”

<sup>69</sup> Inihagis ko itong munting sigay-tinik doon, na nakalimutan na ang tungkol Doon. At nagsimulang tawirin ang burol nang napakadali at tumingin pabalik, hindi nila ako nakita, at

tumakbo pababa at narating itong daang-usa. Mayroon akong suot na isang napakalaking itim na sombrero. Sinimulan kong takbuhin itong bangin nang napakatulin, at naganap ito.

<sup>70</sup> Nayanig ang buong lupa, lahat ng dako. Gumulong pababa ang mga batong *ganiyan* kalaki, nagliliparan ang alikabok nang *paganiyan*. At tumingin ako, at nakatindig sa harapan ko ay nakatayo ang pitong Anghel; eksaktong-eksakto kung paano iyon noon. Pakiramdam ko’y nakatayo akong nakalutang mula sa lupa. Una, akala ko’y may bumaril sa akin, alam n’yo na, kapag nakasuot ’yung itim na sombrero; parang isang baboy-ramo, kahit paano, alam n’yo nang maitim ang mga iyon. Akala ko ay may bumaril na sa akin, napaka . . . malapit na malapit. At ako—nakita ko na pagkatapos kung ano ito. Buweno, pagkatapos na pagkatapos na . . . matanggap ko ang aking tungkulin, at ang Kasulatan, “Ang Pitong Tatak na siyang pitong hiwaga.” Kita n’yo?

<sup>71</sup> May nagsabi sa akin, sabi, “Ngayon . . .” Oh, sabi niya, “Buweno, ngayon, siguro balang-araw ang Panginoon (ikaw na nakakakita ng mga pangitain, Kapatid na Branham) ay ipahahayag sa iyo kung ano ang mga bagay na ito, mas mapapalapit kaming lahat sa Dios at magkakaroon ng higit na kapangyarihan kaysa sa nakukuha namin sa pagsasalita sa iba’t ibang wika at ganung mga bagay.”

<sup>72</sup> Sabi ko, “Hindi ito maaaring maging *ganiyan*.”

<sup>73</sup> Dahil, kita n’yo, pinaniniwalaan kong ang Salita ay ang Katotohanan. At sinabi ng Biblia, “Kung sinoman ang magdagdag ng isang salita o mag-alis ng isang Salita mula Rito.” Kailangang ito’y narito sa Salitang ito. Kita n’yo? Ito ang mga hiwagang hindi nakita ng mga tao, pagka’t diyan mismo nagmula ang Mensahe kong *Binhi ng Serpiyente* at ang tunay na Paniniwala tungkol sa katiyakang kaligtasan ng mananampalataya.

<sup>74</sup> Hindi ko minamaliit ang mga kapatid kong Presbyterian diyan, at ang ilan sa inyo na mga kapatid na Baptist tungkol sa paraan ng pagkakaroon mo ng katiyakang kaligtasan. Hindi ko ito sinasabi para maging iba, nguni’t hindi n’yo ito nakuha nang sadyang tama. Kita n’yo? Tama ’yon. Kita n’yo? Pero, namali ako dito, din naman. Nguni’t kapag ang isang Anghel ay nakatayo mula sa Langit at sinasabi sa ’yo, at naririto mismo ito sa Kasulatan, totoo Iyon. Kita n’yo? Tama ’yan. Nakita ninyo, lagi Siyang nagsasalita nang tumpak sa Kasulatan.

<sup>75</sup> Minasdan ko ito doon hanggang sa pumaitaas ’yung bilog, nagsimulang pumailanlang, at sila’y naging tila isang mahiwagang liwanag, gaya ng isang ulap na hamog. Na katulad na katulad lamang kung paano . . . Ilan na ba ang nakakita sa larawan Nito na nakunan sa Houston? Natatandaan n’yo

ba 'yun? Kita n'yo? Buweno, ganoong-ganoon ito. Ito'y naging ganoon din, Ito'y nagpatuloy na tumaas nang tumaas.

<sup>76</sup> Tumakbo ako nang tumakbo, sinisikap na hanapin si Kapatid na Fred at sila. Makaraan ang ilang saglit, mga kalahating oras pagkatapos, nakikita ko siya doon sa ibaba, ikinakaway ang kaniyang mga kamay; at parating si Kapatid na Gene, na kumakaway. Alam nilang may kung anong naganap. At pagkatapos ay nagpunta ako sa kanila. Iyon si Kapatid na Fred na nakaupo *riyan*.

<sup>77</sup> Habang tumataas iyon, hindi ko alam na ang mga obserbatoryo at ang mga ganun, hanggang doon mismo sa Mexico, ay kinukunan iyon ng larawan. Inilathala ito ng *Life* na magasin habang Ito'y papataas. At marami sa inyo. . .Heto ang *Life* na magasin na inilathala ang larawan Nito. Isang mahiwagang bagay dito, at sabi nila'y hindi nila alam kung saan ito nagmula; napakataas nito. Lampas na ito sa lahat ng alapaap at lahat ng iba pa para maging. . .Napakataas Nito para maging ulap, sapagka't tatlumpung milya ang taas nito at dalawampu't pitong milya pahaba matapos na tumaas iyon nang ganoon kataas. Ni wala nga kahit hamog o anuman doon sa taas, nakita n'yo.

<sup>78</sup> At inakala nilang isang eroplano; kaya nagsiyasat sila sa lahat ng mga lugar, walang mga eroplano sa taas noong araw na 'yon. Kita n'yo, kinailangan nila, dahil sa pagyanig ng mga bintana at mga bagay. "Walang mga eroplano sa taas." Narito ito mismo dito sa magasin, sasabihin sa inyo ang ganoon ding bagay. At—at ito'y nagpatuloy nang nagpatuloy. At ngayon ay mismong nasa. . .

<sup>79</sup> Narito ito sa *Science* na magasin, kung saan, hindi nila maunawaan. Hindi nila alam kung ano Ito.

<sup>80</sup> Sa Tucson, sa unibersidad, isang kaibigan ko ang nagpunta noong isang araw at nakipag-usap sa kanila tungkol dito. Sabi, "Hindi namin maunawaan kung ano. . ."

<sup>81</sup> Sabi ko, "Huwag ka nang magsalita ng kahit ano, walang buting magagawa. 'Huwag ninyong ihagis ang inyong mga perlas sa harap ng mga baboy.'" Kita n'yo? Ito'y sa Iglesya, sa Mga Hinirang, ang mga tinawag palabas. Kita n'yo?

<sup>82</sup> At pagkatapos ay nagsidating ang bawa't isa, na nagsasabi, "Kapatid na Branham, nakikita ko ang larawan mo rito. Nakikita ko *ito*. Ako. . ." Alam n'yo naman kung paano ito. Pero iyan—ang kahabaan ng lawak gaya ng mayroon ang kapatid dito kung saan ito. . . Paumanhin po. [Kinukuha ni Kapatid na Branham ang larawan—Pat.] Ganito Ito nagsimulang tumaas, pumailanlang pataas. Sa aktuwal *ito* ay nasa gawing kanan. At naaalala n'yong lahat na sinabi ko, "Ang katangi-tanging Anghel ang siyang kumausap noon sa akin, ay nasa gawing kanan," kahit bago pa ito maganap. Naaalala n'yo? Ang mga

pakpak Niya’y nakapatulis sa likod gaya *niyan*. Ganiyan mismo ang mga pakpak ng Anghel na iyon habang ito’y papataas. Kita n’yo, habang ito . . . Kaya nagsimula silang kumuha ng mga larawan dahil napakahiwaga nito. Nguni’t nang ang huling larawan, nang nag-anyo Ito sa sarili Nito sa kalangitan at iba pa, heto na ito gaya ng pagkalathala ng *Look* dito. Nakikita n’yo kung paano ito tumaas habang nagsisimula silang makita ito, nakita n’yo. At narito na ang—ang pinakapangunahin at huling larawan, nang ito’y magkahugis.

<sup>83</sup> Hindi nila alam kung saan ito nagmula o kung saan ito nagtungo, hindi pa nila alam. Lubos na nagitla tungkol dito ang Agham, hindi alam kung ano ang naganap. Nguni’t alam natin; “magkakaroon ng mga tanda sa langit sa kaitaasan.” Alam natin ito. Kita n’yo? At ipinangako Niya ang mga bagay na ito. Kita n’yo? At ang tanging dahilan kaya’t pinahintulutan itong makunan . . .

<sup>84</sup> Ngayon, alam kong tayo lamang ay magkakasambahay dito ngayong umaga. Kung nabigyan ko man kayo mga kapatid o mga kapatid na babae ng impresyon na gaya ng isang akala-mo-alam-lahat, nawa patawarin n’yo ako. Hindi ko ibig maging ganiyan. Nakatayo akong . . . naririto ngayong umaga na nangungusap sa harap ng mga taong iskolar, matatalinong mga tao; ako—isa akong mangmang, ni hindi ko mabigkas nang tama ang aking Mga Kasulatan. May isang kabanata akong babasahin ngayong umaga, ako’y . . . hihilingin ko sana sa isa sa mga kapatid na narito na basahin ito para sa akin, pagka’t ni hindi ko nga magawang bigkasin ang mga pangalang narito, sa Unang Mga Cronica 13, (kung ibig mo, Kapatid na Jack, maaari mo na itong hanapin), para sa aking paksa. Ako—ni hindi ko nga mabigkas ang mga pangalang ’yon, hahayaan ko na siyang gumawa nito, pagka’t kaya niyang bigkasin ang mga iyon.

<sup>85</sup> At alam kong ang kausap ko ay matatalinong tao. Nguni’t, mga kapatid, ginawa ang mga bagay na ito upang hindi kayo tumingin sa aking kamangmangan, kundi maniwala na sinasabi ko sa inyo ang Katotohanan. Ito’y ang Dios na nagsasabi sa inyo ng Katotohanan. Iyan ang Katotohanan. Kita n’yo?

<sup>86</sup> Ngayon, at kapag nangungusap ako tungkol sa mga denominasyon, hindi ko sinasadyang maging marahas sa inyo at . . . Hindi, hindi ko ibig sabihin na huwag na kayong magsitungo sa inyong mga iglesya. Magtungo kayo sa inyong iglesya, ang nararapat ninyong gawin. Nguni’t huwag lamang kayong makikisali sa mga organisasyong iyon, sapagka’t sasabihin ko sa inyo isang araw at patutunayan ito sa pamamagitan ng Kasulatan, na iyon ay ang tatak ng hayop. At tandaan lamang ninyo, iyon ang tatak.

<sup>87</sup> Ako’y nangangaral . . . hindi ko ito ipangangaral sa iglesya ni Kapatid na Jack, sasabihin niya sa akin, “Sige na at gawin

mo ito”; nguni’t magtutungo ako sa tabernakulo, aabutin ito ng mga apat na oras sa haba. At ang paksa ko ay, “Ang hayop sa pasimula at ang hayop sa katapusan, sa pamamagitan ng bakas ng serpiyente.” Nakita n’yo? Aabot ng mga apat na oras. Ang Mga Kasulatan ko’y nakalatag nang lahat. Ang hayop mula sa pasimula, siya ang hayop na naroon sa Halamanan ng Eden, siya ang hayop sa katapusan, at nagpapakitang isa siyang relihiyosong tao at isang denominasyon (na gumawa ng denominasyon); at dumaan mismo sa bakas nito, at patunayan ito sa inyo sa pamamagitan ng Mga Kasulatan na ito nga. Hindi ko ’yan alam hanggang sa ibigay ito sa akin ng Espiritu Santo noong isang araw sa itaas doon.

<sup>88</sup> Ngayon, dito, pinagmamasdan ko ito isang araw, na nakatayo, at may nagsabi sa akin. . . nakatingin dito, at naisip ko. . . si Kapatid na Hickerson, isa sa mga katiwala ko. . . o mga diyakono sa iglesya sa Jeffersonville. . . Kung hindi ako naniniwala sa pagpunta sa iglesya, bakit mayroon akong iglesya? Mayroon tayo ng mga ’yan sa buong bansa, nakakonekta noong isang gabi, sa kada dalawang daang milya kuwadrado ay may isa sa aking mga iglesya.

<sup>89</sup> Ngayon, itong—itong larawan, nakatayo ako noon, nakatingin dito, at may isang. . . Nakatayo ako noon sa aking silid. May nagsabi, “Ipaling mo ito pakanan.” Nakinig ako.

<sup>90</sup> Alam kong ang dating niyan ay tila бага isang tao na may kaunting diperensiya sa pag-iisip, pero, nakita ninyo, gaya nga ng sinabi ko noong isang gabi, ang lahat ng mga dakilang bagay na ito ay lubos na sa intelektuwal. . . Ngayon, hindi ako laban diyani. Alalahanin, kailangan nating ipadala ang inyong mga anak sa paaralan at magka-edukasyon at iba pa, nguni’t ngayon din ay sasabihin ko sa inyo, wala itong buting idudulot sa kanila sa mundong darating, pagka’t ito’y magiging ibang sibilisasyon, napakalayo na ang kahigitan dito. Ang sibilisasyong ’yon ay ni wala man lang kahit anong. . . Iyon ay wala nang taglay na kahit anong paaralan, iyon ay wala nang taglay na kahit anong kamatayan, wala nang taglay na anumang kasalanan. Itong kamadito ay taglay ang lahat ng ’yan; kahit na gaano pa man tayo maging sibilisado, parami nang parami ang kamatayang dumaragdag sa lahat ng oras. Kita n’yo? Ang isang iyon ay magiging walang kamatayan. Nguni’t ngayon kailangan pa nating magkaroon ng paaralan, kailangan pa nating magsuot ng mga damit, tayo. . .

<sup>91</sup> Mangungusap sana ako ngayong umaga tungkol sa *Eden ni Satanas* (marami sa inyo ang mayroon na niyaong teyp nito), *Eden ni Satanas*. Gumawa siya ng ibang halamanan ng Eden, at anim na libong taon ang ginugol niya sa paggawa nito, gaya din ng ginawa ng Dios ang sa Kaniya noong pasimula. Ginawa ng Dios ang Kaniyang Eden, at sinira ito ni Satanas. Si Satanas

ngayon ay gumawa ng sarili nitong Eden, at wawasakin iyon ng Dios (tama 'yan) at ilalagay ang Sariling Kaniya.

May nagsabi sa akin, "Ipaling mo ito pakanan."

Naisip ko, "Sa palagay ko'y tinitingnan ko naman ito nang tama."

Sabi, "Ipaling mo ito *pakanan*." Kita n'yo?

<sup>92</sup> Naisip ko, "Siguro ang ibig sabihin ng Tinig na 'yan ay ipaling ito *sa kanan*." At nang gawin ko nga, makikita ninyo kung ano ito: ang gawa ni Hofmann na *Ulo ni Cristo*, sa edad na tatlumpu't tatlo. Narito, tumingin dito, tingnan n'yo ang Kaniyang itim na balbas, ang Kaniyang mukha, ang Kaniyang mga mata, ang Kaniyang ilong, at ang lahat ng iba pa. Tingnan ang bahagi sa Kaniyang buhok dito na pataas. At Siya'y nakapeluka ng puting Anghel na pelukang iyon upang ipakitang ang Mensahe tungkol sa Kaniya bilang Dios ay ang Katotohanan. Siya ang Kataas-taasang Hukom ng buong sansinukob, Kataas-taasang Hukom ng Langit at lupa. Siya ang Dios, at walang iba kundi ang Dios. Siya ang Dios na nahayag sa anyo ng tao na tinawag na Anak ng Dios, kung saan ang Anak ay ang maskara. At kung hindi niyan ginagawang tumpak na tumpak ang ating Mensahe: ipinakilala sa pamamagitan ng Kasulatan, ipinakilala sa gawain, ipinakilala sa pamamagitan ng Kaniyang Presensiya, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kung gayon yaong Pitong Tatak ay ang Katotohanan, mga kapatid. Maaaring hindi sumang-ayon sa mga ito, nguni't maupo lamang kayo at pag-aralan na may bukas na puso minsan, hayaan lamang na gabayan kayo ng Espiritu Santo mula sa . . .

<sup>93</sup> Dito, nang si Kapatid na Jack . . . Tinawagan ko siya bago ito ipangaral at kinausap siya minsan tungkol sa "Ano ba itong puting peluka?"

<sup>94</sup> Sabi niya, "Buweno, Kapatid na Branham, ipinahahayag kong ito'y sa nasa Kaniyang . . . matapos ang Kaniyang muling pagkabuhay na nasa Kaniyang niluwalhatang katawan na." Kausap ko noon si Kapatid na Jack. At mayroong . . . Wala na akong kilalang sinuman sa mundo na pagtitiwalaan ko nang higit sa kanilang mga aral sa teolohiya at mga bagay-bagay gaya ng pagtitiwala ko kina Kapatid na Jack Moore at Kapatid na Vayle, at ang mga lalaking gaya—gaya niyan, tunay na mga teologo na nakapagbasa na ng lahat ng uri ng mga aklat at iba't ibang mga anggulo mula sa lahat ng bagay. Buweno, subali't, nakita ninyo, maging sa ganiyan, at malapit ko pang kaibigan, ako—ako—talagang hindi ko ito matanggap, may kung ano doon na sadyang ayaw itong tanggapin.

<sup>95</sup> At pagkatapos nang dumating ito, ito, saka ko nakita kung ano ito. Heto ang Kaniyang itim na balbas. Nakikita ninyo Ito, sa palagay ko. Kita n'yo? Ang Kaniyang itim na balbas

at itim na buhok, ang Kaniyang mga mata, ilong, lahat na, sadyang napakatumpak, at maging ang bahagi ng Kaniyang buhok papunta sa gawing ito. Siya ang Dios! Kita n'yo? At Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At ito ang *Look* na magasin. . . o *Life* na magasin. Sa palagay ko ito ang. . . nakalimutan ko na kung anong isyu ito ngayon; oh, ikalabimpito ng Mayo, 1963. Iyan ay noong ilabas ito, kung may sinumang gusto ng naturang magasin. Ito rin 'yung larawan na naroon si Rockefeller at ang kaniyang—ang kaniyang maybahay sa likod nito. At ito ang bagong *Science* na magasin na “nananatili itong isang hiwaga.”

<sup>96</sup> Para sa ano't sinasabi ko ang mga bagay na ito? Upang mabigyan kayo nito ng kaunting sulyap tungkol sa mga bagay na sinisikap naming sabihin, na ipinakikilala ng Dios kapuwa sa kalangitan at sa lupa bilang siyang tama, itong mga pagkilala, mga pangitain. Napakarami nating mga panggagaya, tayo sa tuwina. Nguni't tandaan, bago muna magkaroon ng isang huwad na dolyar, kailangang mayroon munang isang tunay na dolyar; ang una dapat ay isang tunay na dolyar, at saka lang ginagawa ang mga iyon hango doon. Gaya ng nagkaroon tayo ng isang tunay na Moises at isang tunay na Aaron, tapos ay dumating sa atin sina Jambres at Jannes kasunod nila. Nakita ninyo kung paano ito lahat dumarating? Nakikita nila ito at pagkatapos ay sinusubukan nilang gayahin 'yon, kapag mayroong tunay na *isang* orihinal. Tama 'yan. Hindi sinasabi 'yan upang makasakit o upang manghamak, o iwala sa lugar ang anumang kundi para lamang sa Katotohanan; upang ipaalam na ako. . .

<sup>97</sup> Ako'y tumatanda na, at alam kong hindi na magtatagal ang oras ko. Kung si Jesus, ay magtatagal pa, maaaring ako'y. . . makapananatili pa ng kaunting panahon; nguni't alam kong balang araw ang pusong ito ay hahantong sa huli nitong tibok, at papasok na ako sa isang malaki't, madilim na silid doon na tinatawag na kamatayan. Nguni't kapag dumating na 'yan, ayaw kong may anumang bagay na kinakailangan ko pang lingunin, para pagsisihan pa. Nais ko, na kapag dumating na ako sa oras na iyan, na maging malinis at dalisay sa pamamagitan ng biyaya ng Dios. Nais kong balutin ang aking sarili sa mga balabal ng Kaniyang katuwiran, kapag ako'y pumasok doon, na taglay ang bagay na ito sa aking isipan: Kilala ko Siya sa kapangyarihan ng Kaniyang pagkabuhay na muli; at kapag Siya ay tumawag, lalabas ako mula sa mga patay at mabubuhay kasama Niya magpakailanman. At ito ang layunin ko dito ngayon na sikaping kunin ang bawa't tao. . . hindi upang baguhin ang inyong mga teolohiya o walang ano pa man, kundi upang palaguin ang inyong pananampalataya sa pangako ng Dios sa araw na ito.

Manalangin tayo ngayon:

<sup>98</sup> Minamahal na Dios, kami po ay isang bayang nagpapasalamat sa umagang ito, nguni't ganoon pa man,



Panginoon, nabubuhay kami sa isang mundong madilim na . . . Walang isa man sa aming naririto ngayong umaga, Ama, na hindi nakadarama na kami—nais naming lumakad nang mas malapit sa Iyo, nais namin yaong—yaong hipo Mo sa aming mga buhay na makapagpapalambot sa amin at magagawa kaming madaling mahubog nang sa gayon ay magawa Mo kaming baguhin anumang oras, hubugin kami na maging mga anak na lalaki at anak na babae ng Dios. Iyan—iyan po ang aming layunin dito, Ama, iyan—iyan ang tanging layunin na taglay ko ay ang sikapin na—na mabuhay sa harap Mo at kunin ang Iyong Salita at ipangusap Ito pabalik sa mga lalaki at babae na . . . hindi upang maging isang kakaibang tao kundi upang sikaping parangalan Siya na nagbigay sa akin ng Buhay. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

<sup>99</sup> Nawa'y wala ni isa mang tao na naririto ngayon. . . O—o kung . . . Kami ay nakakonekta ngayong umaga, sa buong bansa, muli. Nawa'y wala ni isa mang tao na nakaririnig sa aming tinig na kailangang magtungo kailanman sa malaking silid na iyan na hindi Ka nakikilala sa kapangyarihan ng Iyong muling pagkabuhay. Kung mayroong mga makasalanan saan mang dako sa buong bansa, na . . . o nasa gusaling ito, dito sa malaking bulwagan, na nakaupo rito ngayong umaga. Kung mayroon man pong mga hindi nakakikilala sa Iyo, nawa'y maging ito na ang araw na ang kanilang konsensiya ay mayayanig, magigising, at mapagtatanto nilang hindi nila nalalaman kung anong minuto kami maaaring tawagin o paharapin upang managot para sa aming mga buhay, sa Kaitaasan. At kung ang aming pangalan ay nakasulat pa rin po sa aklat na iyon ng tangkay, tiyak na mapapahamak kami; nguni't kung ito ay nasa Aklat ng Buhay ng Kordero, ang tunay na Buhay, kung ganoon ay ligtas po kami.

<sup>100</sup> At nawa, Panginoon, habang naglalakbay iyang Buhay mula sa isang dahon patungo sa bulo, tungo sa talukap, tapos ay sa butil, habang kami'y dumaraan ngayong umaga kung may Buhay man po na pumapasok sa butil na naroroon pa doon sa tangkay, ay ilabas Mo po ito ngayon, Panginoon, nawa'y sumunod ito sa pagkilos ng butil, pagka't hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>101</sup> Ipagpaumanhin ang pagkuha ng napakahabang oras. Nakalimutan ko na ang tungkol dito bilang nakaoras diyan sa radyo, ang oras sa telepono.

<sup>102</sup> Dumako tayo ngayon para sa ating pagbabasa. At Kapatid na Jack, dala mo ba 'yung Biblia mo riyang? Habang hinahanap ko ang aking Kasulatan, hihilingin kong basahin ni Kapatid na Jack itong Kasulatan sapagka't hindi ko kayang bigkasin itong mga pangalan. Sige. Ito'y nasa Unang Mga Cronica 13. [Sinasabi ni Kapatid na Jack Moore, "Ang buong kabanata ba?"—Pat.] Uh-huh. [Binabasa ni Kapatid na Jack Moore ang Unang Mga Cronica 13:1-14.]

*At sumangguni si David sa mga pinunong kawal ng mga lilibuhin at mga dadaanin, at sa bawa't tagapamatnugot.*

*At sinabi ni David sa buong kapisanan ng Israel, Kung inaakala ninyong mabuti, at kung sa PANGINOON nating Dios, ay pasuguan natin sa bawa't dako ang ating mga kapatid, na nangaiwan sa buong lupain ng Israel, na makasama nila ang mga saserdote at mga Levita sa kanilang mga bayan na may mga nayon, upang sila'y mapapisan sa atin:*

*At ating dalhin uli ang Kaban ng ating Dios sa atin: sapagka't hindi natin—natin hinanap ng mga kaarawan ni Saul.*

*At ang buong kapulungan ay nagsabi na kanilang gagawing gayon: sapagka't ang bagay ay matuwid sa harap ng mga mata ng buong bayan.*

*Sa gayo'y pinisan ni David ang buong Israel, mula sa Sihor na batis ng Egipto hanggang sa pasukan sa Hamath, upang dalhin ang kaban ng Dios mula sa Chiriath-jearim.*

*At si David ay umahon, at ang buong Israel, sa Baala, sa makatuwid baga'y, sa Chiriath-jearim, na nauukol sa Juda, upang iahon mula roon ang kaban ng Dios, ng PANGINOON na nauupo sa mga querubin, na tinatawag ayon sa pangalan.*

*At kanilang dinala ang kaban ng Dios na nakasakay sa isang bagong karo at inilabas sa bahay ni Abinadab: at pinalakad—pinalakad ni Uzza at ni Ahio ang karo.*

*At si David at ang buong Israel ay tumugtog sa harap ng Dios ng kanilang buong lakas, sa pamamagitan ng mga awit, at ng mga alpa, at ng mga salterio, at ng mga pandereta, at ng mga simbalo, at ng mga trumpeta.*

*At nang sila'y dumating sa giikan ng Chidon, ay iniunat ni Uzza ang kaniyang kamay upang hawakan ang kaban; sapagka't ang mga baka ay natisod.*

*At ang galit ng PANGINOON ay nagalab laban kay Uzza, at sinaktan niya siya, at sapagka't kaniyang iniunat ang kaniyang kamay sa kaban: at doo'y namatay siya sa harap ng Panginoon.*

*At sumama ang loob ni David, sapagka't nagalit ang PANGINOON kay Uzza: at kaniyang tinawag ang dakong yaon na Perez-uzza hanggang sa araw na ito.*

*At si David ay natakot sa Dios nang araw na yaon, na nagsasabi, Paanong aking iuuwi ang kaban ng Dios?*

*Sa gayo'y hindi inilipat ni David ang kaban sa kaniya sa bayan ni David, kundi nilihisan ang daan at dinala sa bahay ni Obed-edom na Getheo.*

*At ang kaban ng Dios ay naiwan sa sangbahayan ni Obed—Obed-edom sa kaniyang bahay na tatlong buwan. At pinagpala ng PANGINOON ang sangbahayan ni Obed-edom, at ang buo niyang tinatangkilik.*

<sup>103</sup> Salamat sa 'yo, Kapatid na Moore, sa pagbasa sa Kasulatan para sa akin. Ngayon, pasensiya na't ako mismo ay hindi kayang basahin 'yan, pero ako—hindi ko ito kaya.

<sup>104</sup> Ngayon nais kong samahan ninyo akong dumako sa Marcos 7:7, at babasahin natin ang unang pitong talata ni San Marcos sa ika-7 kabanata.

*At nakisama sa kanila ang mga Fariseo, at ilan sa mga eskriba, na nagsipanggaling sa Jerusalem.*

*At kaniyang nangakita ang ilan sa kaniyang mga alagad na nagsisikain ng kanilang tinapay ng mga kamay na marurumi, sa makatuwid baga'y, ng hindi hinugasang mga kamay, sila'y nangakakita ng pagkakamali.*

*Nguni't ang mga Fariseo, at ang lahat ng mga Judio, kundi muna mangaghugas na maingat ng mga kamay. . . ay hindi muna nagsisikain, na pinanghahawakan—pinanghahawakan ang mga sali't saling sabi ng mga matatanda.*

*At kung nanggagaling sila sa pamilihan, kung hindi muna mangaghugas, ay hindi sila nagsisikain. At may iba pang maraming bagay ay—ay kanilang. . . na kanilang minana sa mga. . . minana upang ganapin, . . . ang mga paghuhugas ng mga inuman, at ng mga saro, at ng mga inumang tanso, at ng mga higaan.*

*At siya'y tinanong ng mga Fariseo at ng mga eskriba, Bakit ang iyong mga alagad ay hindi nagsisilakad ng ayon sa sali't saling sabi ng matatanda, kundi nagsisikain sila ng kanilang tinapay ng kamay na karumal-dumal?*

*At sinabi niya sa kanila, Mabuti ang pagkahula ni Isaias tungkol sa inyong mga mapagpaimbabaw, ayon sa nasusulat, Ang bayang ito'y iginagalang ako ng kanilang mga labi, datapuwa't ang kanilang mga puso ay malayo sa akin.*

*Datapuwa't walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ng mga utos ng mga tao.*

Manalangin tayo.

105 Minamahal na Dios, kilalanin Mo po ang Iyong Salita ngayon, at maganap nawa Nito yaong itinakdang layunin para Dito. Gamitin Mo po kaming mga instrumento upang ipangusap Ito, at ang aming mga tainga upang pakinggan Ito mula sa Iyo, at ang aming mga puso upang tanggapin Ito. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus, para sa kaluwalhatian ng Dios. Amen.

106 Ngayon, ang paksa ko sa ilang sandali pa ay ito . . . Ako . . .

107 Nakakonekta tayo sa pambansang telepono sa umagang ito. At ang intindi ko ay ang aking mabuting kaibigang, si Roy Borders, ay nakikinig, na sobrang nabagabag tungkol sa kagabi. Nakalimutan ko na tayo ay nasa radyo . . . o sa koneksiyong ito kagabi. Roy, kung nasaan ka man, kung nariyan ka sa San Jose sa bahay-sambahan riyon, o nariyan sa iglesya ni Kapatid na McHughes, o kahit nasaan ka man, huwag kang matakot, kapatid ko, magiging maayos rin ang lahat. Manatili ka lamang, hayaan mo lang . . . ipababatid din Niya sa akin iyon, Roy; huwag nang mag-alala, anak, manampalataya ka sa Dios.

108 Ang paksa ko ngayong umaga ay: *Nagsisikap Na Gawan Ang Dios Ng Isang Paglilingkod Na Hindi Ayon Sa Kalooban Ng Dios*. Ngayon, 'yan ay isang kakaibang teksto, at umaasa akong ipahahayag ito ng Panginoon sa atin ngayon. Tandaan, "Nagsisikap na gawan ang Dios ng isang paglilingkod na hindi ayon sa kalooban ng Dios." Ngayon, wari bang lubhang kakaiba iyan. Nguni't, dito, marahil matutulungan tayo ng Dios.

109 Isa pang bagay na gusto kong sabihin ngayong umaga, na tayo'y nagagalak na makasama sa ating kalagitnaan ang isang kaibigan ko, isang talagang minamahal na kaibigan, isang bata pang lalaki. Marami sa inyo na mga taong nariyan sa radyo ngayon ang . . . o ang . . . nakakonekta sa telepono, ang nakakakilala kung sino ito. Kaarawan niya ngayon, siyamnapu't tatlong taong gulang, si Kapatid na Bill Dauch na nakaupo dito sa harapan ko, siyamnapu't tatlong taong gulang.

110 Ilang taon na ang nakararaan nang sabihin ng doktor na, "Hindi na siya mabubuhay pa." Napansin ko lang na nakaupo siya rito ngayon. Nasa loob ng oxygen tent noon, at ang kaniyang magandang asawa ay tumawag sa akin at sinabi, "Kapatid na Branham, kung inaasahan mo pang makita ang iyong matandang kaibigang, si Bill, na buhay pa, mabuti pa'y pumunta ka na agad."

111 At ako . . . Ang isa sa mga gulong ko ay nahiwa sa gilid, bumagsak ang sasakyan ko, at nasira ko ang isang gulong ng kotse ko sa pagsisikap na mapuntahan siya. Kagagaling ko lang noon mula sa isang—isang—isang istasyon, gasolinahan, at pagkagaling sa palikuran kung saan ako huminto sa Ohio sa pagsisikap na mapuntahan siya, at habang naglalakad palabas ay nakakita ako ng isang pangitain. At doo'y nakatayo si Kapatid na Dauch, nakatayo sa bahay-sambahan na iniaabot

ang kaniyang kamay; nagbago ito, at nakita kitang palabas sa lansangan at kinamayan ako. Sabi, “Magtungo’t sabihin mo sa kaniya, ‘GANITO ANG SABI NG PANGINOON.’”

<sup>112</sup> Siya’y mga nasa siyamnapung taong gulang noon. Inatake siya sa puso kung saan nagkaroon ng bara sa puso, at ganap na pagpalya ng puso. Napakahusay na doktor. Ang naturang lalaki ay hindi . . . hindi niya gusto . . . Hindi, hindi ko sasabihin ’yan. Siya ay tao lamang na kayang . . . kumuha ng sinumang doktor na ibig niya. Mayroon siyang isang napakahusay na Judiong doktor noon na kinatagpo ako sa pasilyo at sinabi, “Wala na siyang pag-asang mabuhay pa.”

<sup>113</sup> At pumasok ako at pinadausdos ang kamay ko sa loob ng oxygen tent, sabi ko, “Bill, naririnig mo ba ako?” Itinango niya ang kaniyang ulo. Sabi ko, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ‘Hindi ka mamamatay ngayon.’”

<sup>114</sup> Isang linggo mula noon, nang tumayo ako sa pulpito upang ipangaral ang aking Mensahe, heto na si Kapatid na Dauch na naglalakad papasok sa gusali. At nang magtungo ako sa Furr’s Restaurant, sa bandang . . . ang ibig kong sabihin ay sa Blue Boar, sa bandang Louisville, heto siyang palabas sa kaniyang kotse, naglalakad sa kalye, iniabot ang kaniyang kamay; eksaktong-eksaktong ayon sa Salita ng Panginoon. At iyan ay tatlo o apat na taon na ang nakararaan; at narito siyang nakaupo’t nakarating hanggang dito, sa Shreveport (tinatawid ang bansa, hindi sa pamamagitan ng eroplano ha, na gamit ang kotse) uh-huh, nakaupo rito ngayong umaga. “Maligayang kaarawan, Kapatid na Dauch.” Mula ’yan sa buong bansa, sa lahat ng dako. “Pagpalain ka ng Dios!”

<sup>115</sup> Binautismuhan ko siya, mula sa pagiging isang trinitarian noon, binautismuhan ko siya noong siya . . . isa noon sa mga nauna kong pagtitipon, nang si Kapatid na Banks Wood ay kinailangang ipasuot sa kaniya ang mga damit nito (siya’y may kalakihang lalaki, gaya ng nakikita n’yo), at lumusong siya sa danaw at binautismuhan ko siya sa edad na walumpu’t lima o siyamnapu, sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Sinabi niyang hindi siya kailanman makararamdam ng tama hanggang sa matagpuan niya ang kasiguraduhang iyon sa isang bagay. Pagkatapos ay nakatanggap siya ng isang araw ng kapanganakan kung saan hindi na siya tatanda pa. Tama ’yan, sa dakilang Lupaing ’yon. Inaasahan pa nga niyang mabuhay pa upang makita ang Pagparito ng Panginoon; maaari itong mangyari. Nguni’t kung siya ay matulog man, siya . . . at tayo ay gising pa sa oras na ’yon, ay mauuna siya. Tama. Kaya, Kapatid na Dauch, wala nang anumang dahilan ngayon upang mapalampas pa iyon. Ika’y tumpak na nakalinya. Manatili ka riyan, kapatid ko, at pagpalain ka ng Dios. At pinasasalamatan ko ang Panginoon para sa isang mabuting lalaking gaya niyan, at sa pagbibigay sa kaniya ng lahat ng mga taong ito.

116 Sa Aklat ng Mga Cronica, “Nagsisikap na gawan ang Dios ng isang paglilingkod na hindi ayon sa kalooban Niya.” Pinakamakapangyarihan ang Dios, una, nais nating maunawaan ’yan. Nagtataka ang mga tao ngayon kung bakit hindi na tayo maaaring magka-rebaybal. Naniniwala ba kayong pinakamakapangyarihan ang Dios? Kita n’yo, nangungusap ang Biblia sa ganitong paraan.

117 At sinisikap natin. . . Gaya nga ng tinatalakay ko sa isang grupo ng mabubuting kapatid kong kalalakihan, mga kapatid na Baptist, hindi pa katagalan, at sabi nila, “Kapatid na Branham, magkakaroon lang tayo ng isang rebaybal kung kukunin natin ang Salita, nang salita sa salita, pahina sa pahina, titik sa titik.”

118 At sabi ko, “Naniniwala rin ako, nang pahina sa pahina.” Sabi niya. . . Sabi ko, “Matagal na nilang sinisikap gawin ’yan.”

119 Sabi niya, “Pero kailangan nating makita ang Griyegong kahulugan ng Salita, ang kung ano ang sinasabi sa Griyego.”

120 Sabi ko, “Hindi pa ako gaanong nakapagbasa, nguni’t sa pagbasa sa kasaysayan ng iglesia, at ng Konsehong Nicaea, at ng Konsehong Pre-Nicaea, at mga ama ng Nicaea, iba pa, nagtatalu-talo sila noon *doon* tungkol sa Griyego. Dalawang libong taon na ’yang nakararaan. Sabi ng isa, ‘*Ganito* ang ibig sabihin nito,’ at sabi ng isa, ‘*Ganiyan* ang ibig sabihin nito. *Ganito* ang ibig sabihin ng naturang salitang Griyego.”

121 Kagaya lang ng wika natin; ang salitang *see*. Gamitin ang salitang *see*, maaaring ang ibig mong sabihin ay “isang anyong tubig, nauunawaan ko,” o maraming mga bagay. Ang *bored*, “mainip, isang butas, maglakad,” o—o “binagot mo ako,” o “binayaran mo ang upa ko,” o maaaring mangahulugan ito ng kahit ano. . . maraming mga bagay. At ang mga maiiksing patinig na ’yan, at iba pa, ay sadyang binabago ang buong kahulugan. Kaya hinding-hindi ninyo ito magagawang ganiyan. Isinulat Ito ng Dios nang paganiyan, sapagka’t. . .

122 At ang buong Salita ay kinasihan, at sinabi Niya na, “Ako’y nagpapasalamat sa Iyo, Ama, na Iyong inilihim ang mga bagay na ito mula sa mga mata ng mga pantas at matatalino, at ipahahayag” (amen) “sa mga sanggol na mangatututo.” Ito’y isang kapahayagan Niya, kagaya ng sinabi ko nang nagdaang gabi, “Ipahahayag Ito sa mga sanggol.”

123 Sabi ko, “Hindi ito gagana, ginoo.” Sabi ko, “Hindi darating ang isang rebaybal hanggang sa ang Dios, ang makapangyarihang Dios, ay ipadala muna ito; at pagkatapos ay maaari Siyang kumuha ng isang hamak na mangmang na ni hindi man lang marunong magsulat ng kaniyang pangalan, at gawin iyon sa pamamagitan nito, na ni hindi man lang nga marunong ng maayos na Ingles ano pa kaya kung Griyego.”

124 Iyan ang ginawa Niya noong panahon na nangaral si Pedro sa Pentecostes, alam n’yo na, hindi man lang niya maisulat ang

kaniyang pangalan, mangmang at walang pinag-aralan. Nguni't gumagawa ang Dios ng mga bagay sa paraan na labis na kakatwa sa intelektuwal nating pag-iisip. Iyan ang nagpapaging sa Dios nito. Kung kumuha Siya ng isang pulutong ng mga teologo at mga kilalang tao, at iba pa, sinabi sana nila, "Iyang matalinong si Caifas, nakita n'yo, sadyang tama ang pagkaunawa niya rito." Nguni't bumaba ang Dios at kumuha ng mga mangingisda na ni hindi man lang magawang isulat ang kanilang pangalan, at iyon ang kinuha Niya. Iyan ang Dios, kumukuha Siya ng isang bagay na walang halaga at gumagawa ng isang bagay mula rito para sa Kaniyang Sariling karangalan. Kumuha Siya ng isang kawalang-kaayusan at gumawa ng isang Eden. Uh-huh, ang Dios iyon.

<sup>125</sup> Ngayon, kung may sinuman na mayroong mekanika para sa isang rebaybal, ay ang magiting nating kapatid, na si Billy Graham. Bagama't makabubuti ang mekanika, nguni't hindi ito kayang pakilusin ng mekanika, nangangailangan ito ng dinamika para pakilusin ito. Maaari kang gumawa ng isang sasakyan, maglagay ng magagandang upuan dito, gumawa ng mahuhusay na mga piston at—at patunayan sa pamamagitan ng agham kung ano ang kaya nitong gawin; nguni't malibang naroon ang dinamika, siya'y isang patay na piraso ng mga bagay lamang.

<sup>126</sup> Kaya, sa Welsh na rebaybal, na isa sa mga huli nating rebaybal bago ang ating Pentecostal, ay walang nakakaalam kung ano ang nagpasimula ng rebaybal, isang grupo lang ng mga tao.

<sup>127</sup> Ngayon, kapag nadala nating lahat . . . ang kaibigan nating, si Billy Graham, ay dadalhin ang lahat ng mga Presbyterian, at mga Lutheran, at mga Pentecostal, at pagsasamahin lahat, magtutungo sa siyudad, at magkakaroon sila room ng isang malaking pagtitipon ng mga libo-libo, at tatlumpung libo ang pupunta (sa loob ng dalawang linggo) at ibibigay ang kanilang mga puso kay Cristo; magbabalik sa isa pang dalawang linggo at wala kayo kahit isa man lang. Kita n'yo, iyan ang mekanika. Nguni't hayaan ang Dios sa Kaniyang makapangyarihang biyaya na mangusap lamang sa isang hamak na mangmang, kagaya nga ng sinasabi, isang munting taong walang-kuwenta; hayaang bumuhos ang Kaniyang Espiritu sa lungsod at hindi makapagtatrabaho ang mga kalalakihan, hindi makapaghuhugas ng kasangkapan ang mga kababaihan, hindi maiiaayos ng katulong ang higaan, mga humihiyaw at umiiyak na na ang kanilang mga kamay ay nakataas sa ere. 'Yan ang rebaybal, na nasa kalooban ng Dios.

<sup>128</sup> Sinasabi na ilang pinagpipitaganang tao mula sa iglesya ang nagtungo sa Wales upang unawain, o alamin kung ano lahat 'yung mekanika na mayroon doon sa rebaybal, noong panahon ng Welsh na rebaybal. At nang makababa na sila sa barko na suot

ang kanilang matataas na sombrero, at ang kanilang pabilog na kuwelyo; nakita siyang nagdaraan sa kalye, isang munting pulis, paikut-ikot na iwinawasiwas ang kaniyang batuta nang *paganiyan*, na sumisipol; sabi nila, “Mabuting ginoo, maaari mo bang sabihin sa akin kung saan naroon ang Welsh na rebaybal?”

<sup>129</sup> Sabi niya, “Oo, mga kapatid ko, nakatayo na kayo sa gitna nito!” Uh-huh, uh-huh, uh-huh. Sabi niya, “Naiintindihan mo ba, *ako* ang Welsh na rebaybal,” sabi, “sapagka’t ang Welsh na rebaybal ay nasa akin.”

<sup>130</sup> Ganiyan ang pagiging nakapangyayari sa lahat! Ganiyan ang ginagawa ng Dios, at Siya lang ang nag-iisang may karapatan na magpadala ng isang rebaybal. Hindi ang pagsama-samahin ang mekanika, iyon ay ang pagdalangin sa Dios na isugo ang dinamika—dinamika.

<sup>131</sup> Ipinahayag lang Niya ang Kaniyang Salita sa mga itinalaga. Ngayon, kapag ginagamit ko ang salitang *italaga*. . . Ngayon, isang salita ito na hindi magandang gamitin sa publiko, lalo na kung mayroon tayong magkakahalang grupo sa pagitan ng mga Arminian at mga Calvinista. At hindi isang. . . Hiniling ko na sa inyong huwag ninyong isiping alam ko Ito lahat, nguni’t pareho silang mali ayon sa Kasulatan. Ang biyaya ay ang ginawa ng Dios para sa akin, ang mga gawa naman ang ginagawa ko para sa Kaniya. Kita n’yo? Kung ganoon ay mayroon ka na Nito. Kung umakyat ka sa alinman sa mga sanga, siguradong masumpungan mo ang iyong sarili na nasa dulo ng sanga at hindi na makabalik pa. Maayos na pinagsasama ito parehas sa Aklat ng Mga Taga Efeso, sa palagay ko.

<sup>132</sup> Ngayon, nguni’t ang naturang salita, kapag ginamit ko iyon, *itinalaga*, huwag n’yong isipin na ako. . . iyon lang ang nag-iisang salitang alam ko kung paano—gagawin. . . Ito’y sa paunang kaalaman ng Dios, kita n’yo, kaya Niya nalaman. Siya—hindi Niya maaaring sabihin. . . Siya—namatay Siya upang ang lahat ay maligtas, ginawa nga Niya, nguni’t sa pamamagitan ng Kaniyang paunang kaalaman ay nalaman Niya kung sino ang maliligtas at kung sino ang hindi. Kita n’yo? Iyon ang alam Niya, hindi ko alam iyon at hindi n’yo alam iyon, kaya nilulubos natin ang gawain ng ating sariling pagkaligtas nang may takot at panginiging.

<sup>133</sup> Ngayon, nguni’t itinalaga na ng Dios ang Kaniyang Salita, at itinakda iyon sa lahat ng mga kapanahunan. Ang Kaniyang paunang kaalaman ang dahilan na naitakda Niya sa iglesya, at sa mga tao, ang tiyak na mga bagay na ginawa na Niya mula pa sa pasimula. At pagkatapos ang Ebanghelyo na ipinangangaral sa kapanahunang *iyon* ay ipinahayag lamang sa ilang mga taong iyon, hindi Ito nakikita ng iba pa sa kanila. Kita n’yo? “Salamat sa Iyo, Ama na inilihim Mo ang mga bagay na ito sa mga mata ng mga pantas at matatalino, at inihayag Ito sa mga sanggol na



mangatututo.” Kita n’yo, iyan ang pagtatalaga. Hindi sa ginawa Niya ito sa pamamagitan ng, sasabihin mo, “Pipiliin Kita, at hindi Kita pipiliin.” Sa Kaniyang paunang kaalaman, alam na Niya kung ano ang gagawin mo.

<sup>134</sup> Sa pamamagitan ng pagiging walang-hanggan Niya . . . Naniniwala ba kayong Siya’y walang-hanggan? Kung Siya’y hindi, hindi Siya maaaring maging Dios. Kung gayon, isipin ninyo, sa pagiging walang-hanggan; alam Niya ang bawa’t pulgas na magkakaroon dito sa mundo, kung ilang beses ikukurap ng mga pulgas na iyon ang kanilang mga mata, kung ilang sebo mayroon sa bawa’t pulgas, kung ilang dahon ng damo ang dadapuan nito; ganiyan ang walang-hanggan. At tayo’y may hangganan, natitisorod tayo sa kadiliman. Inihalintulad tayo ng Dios sa tupa, at kailangang magkaroon tayo ng isang tagapanguna. At ang tagapangunang ’yon ay hindi tao, ang tagapangunang iyon ay ang Banal na Espiritu, ang Espiritu ni Cristo sa gitna natin. “Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan.” Ang Kaniyang pisikal na pagkatao ay dinala na sa Trono ng Dios, kung saan ang Espiritu *ay* nasa Trono; nasa Trono na ngayon si Cristo, si Jesus. “Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, nguni’t inyong makikita Ako, sapagka’t sasamahan Ko kayo hanggang sa wakas ng sanlibutan, sumasa-inyo.” Ang Trono ng Dios, ni Cristo, ay itinayo sa inyong puso; at Siya’y nakaupo sa Trono ng Dios, nguni’t sa Milenyum ay mauupo Siya sa Kaniyang Sariling Trono; kung saan, isinumpa Niyang Kaniyang babangunin ang Taong ito, ang Kaniyang Anak, ang Anak ni David, upang maupo sa Kaniyang Trono.

<sup>135</sup> Ngayon, inihahayag Niya ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng Kaniyang paunang kaalaman doon sa mga itinalaga Niya sa mga bagay na ito, kung hindi ay di nila Ito makikita. Nakatayo diyan mismo, na nakatingin na mismo Rito, at hindi Ito makita.

<sup>136</sup> Ilan na ang nakakita sa larawan na iyon ng isang baka sa damuhan, na kailangan n’yo pang pakatingnan-tingnan mabuti? Nakita na ba ninyo ’yon? O, nakita ang larawan ni Cristo sa isang damuhan, o sa langit, o mga ulap? Kita n’yo, nagawa iyon nung pintor nang napakaayos hanggang sa kailangan n’yo pa itong tingnan sa isa lamang kaparaanan. Buweno, kung gayon, kapag minsan ninyo itong matingnan, wala na kayong ibang makikita kundi ’yan. Sa tuwing titingin kayo, hayan ito. Ilan na sa inyo ang nakakita ng mga larawang iyon? Buweno, siguradong nakita n’yo na.

<sup>137</sup> Buweno, ganiyan din si Cristo, Siya Mismo, ang Ebanghelyo, ang Mensahe. Kapag minsan ninyong makita ang Mensahe ng oras na ito, wala na kayong iba pang makikita kundi Iyon. Iyon lang. Naparam na ang lahat ng iba pa, pampuno na lang ang

iba pa, kita n'yo, kita n'yo, kapag minsan ninyong makita ang Mensahe!

<sup>138</sup> Iya'y—noong panahon ni Noe. Nang si Noe at ang kaniyang grupo...nakita n'yo kung paano...Nang makita nila ang Mensahe, wala nang iba pang mahalaga. Nang makita Ito ng grupo ni Moises, wala nang iba pang mahalaga. Nang makita Ito ng grupo ni Juan, wala nang iba pang mahalaga. Nang makita Ito ng grupo ni Jesus, wala nang iba pang mahalaga. Nang makita Ito ng grupo ng mga apostol, wala nang iba pang mahalaga. Nang makita Ito ng grupo ni Luther, nang makita Ito ng grupo ni Wesley, nang makita Ito ng grupo ng Pentecostal, wala nang iba pang mahalaga, humiwalay sila mula sa lahat ng bagay. Bakit? Sa pamamagitan ng Kaniyang paunang kaalaman ay itinalaga na Niyang maganap ang mga bagay na ito.

<sup>139</sup> Pinipili Niya ang Kaniyang Sariling tao sa pamamagitan ng Kaniyang paunang kaalaman. Gaya ng sinabi Niya dito sa Mga Taga Roma 8, na si Esau. . . upang ang—upang ang pagpili ng Dios ay tiyak na mamalagi. Na sina Esau at Jacob na parehas na isinilang sa banal na mga magulang, magkakambal, upang ang Kaniyang pagpili ay tiyak na mamalagi at totoo, ay sinabi Niya, “Kinapopootan Ko si Esau, at iniibig Ko si Jacob,” bago pa man isilang ang alin man sa mga bata. Kita n'yo? Alam Niya kung ano ang nasa tao, alam na Niya mula pa sa simula kung ano ito, kaya nga kaya Niyang paganahin ang lahat ng bagay nang eksakto sa oras ng orasan. Kinakabahan tayong lahat at naguguluhan; hindi ninyo Siya nakitang naguguluhan, sila'y hindi. Kita n'yo? Maayos na gumagana ang lahat, nang tumpak na tumpak, sa pagtiktak ng orasan.

<sup>140</sup> Ang mga bagay na ito na inaasahang maganap, ang lahat ng mga kababaihang ito na maiikli ang buhok, at itong mga kalalakihang nagsusuot ng kanilang. . . tulad ng ang kanilang mga buhok na gaya ng sa maybahay nila. Nakikita ko sila, talaga namang, mayroon nitong pinaikot na pangkulot sa kanilang buhok, kinukulot iyon dito sa harapan. Anong kabaluktutan! 'Yan ang bunga ng Eden ni Satanas. At tingnan, ang babae, pinipilit niyang putulan ang kaniyang buhok na kagaya ng sa kaniyang asawang lalaki. Pinahahaba naman ng kaniyang asawa ang buhok nito na gaya ng sa maybahay nito. At isinusuot ng babae ang damit ng lalaki, at isinusuot ng lalaki ang panloob na mga damit ng babae. Kita n'yo, hayan nga. Ang babae ay nagiging tila lalaki, at ang lalaki ay nagiging tila babae. Kita n'yo, ito'y Eden ni Satanas, kabaliktaran ng kung ano ito ginawa ng Dios sa simula. Iyan ang Katotohanan.

<sup>141</sup> Kung hindi pa ako magsisimula, hindi na tayo makapupunta dito. Nguni't ang mga bagay na ito, at ang paraan Niya ng paggawa rito, at kung sino ang gagawa nito, iyan ang Kaniyang Sariling piniling pamamaraan, Siya ang namimili. Sa ganiyang paraan Niya ito nais gawin.

<sup>142</sup> Gaya nga ng narinig ko si Kapatid na Pearry Green, ang pastor natin sa Tucson, na ipinangangaral noong isang gabi ang tungkol sa kung paano ginawa ng Dios ang mga bagay sa isang paraan (nakalimutan ko na kung ano ang teksto niya), pero sabi niya, “Sa ganiyang paraan ito nais ng Dios, sa ganiyang paraan ito ginagawa ng Dios.” Buweno, tama ’yon.

<sup>143</sup> Ngayon, sino sa atin ang magsasabi sa Kaniya na, “Mali Siya”? Sino ang mangangahas tumayo sa harapan ng Dios, at sasabihin, “Mali Ka, Panginoon, gawin Mo dapat ito sa paraang gusto ko itong maisagawa, sa paraang sinabi ni Dr. *Ganito-at-ganiyan* na dapat itong isagawa”? Sino ang ganun na kalala ang sira sa kanilang pag-iisip, para sabihin ang isang bagay na gaya niyan? Hindi, hindi ka lalabas at sasabihin iyon, pero iniisip mo ’yon!

<sup>144</sup> Tulad ng sa Mensahe ko tungkol sa *Anticristo*, “May magsisilitaw na bulaang mga cristo.” Ngayon, hindi Niya sinabi na bulaang *mga Jesus*. Kita n’yo, walang sinumang hahayaang matawag na “Jesus,” ayon sa pagka-Panginoon na pagtukoy. Nguni’t ang bulaan na *mga cristo* ay nangangahulugang “ang pinahiran.”

<sup>145</sup> Oh, sila, bawa’t isa’y nag-iisip na mayroon silang pahid, “Purihin ang Dios, kaya niyang gumawa *nito* at gumawa *niyan!*” Nguni’t ilagay siya sa pagsusulit sa Salita at makikita kung ano ang kalalabasan niya, kita n’yo, ang Mensahe sa oras na ito.

<sup>146</sup> Mayroon silang pahid sa panahon ni Jesus, nguni’t hindi sa Kaniya.

<sup>147</sup> Mayroon silang pahid sa panahon . . . Maging si Dathan ay may pahid din sa panahon ni Moises. Sabi niya, “Ngayon, huwag mong isipin na ikaw lang ang nag-iisang banal sa atin, mayroong marami ang Dios. Magsisimula na lang kami ng organisasyon dito, isang grupo ng mga kalalakihan.”

<sup>148</sup> Sinabi ng Dios kay Moises, “Bumukod ka sa kaniya,” at pinabuka Niya ang lupa at nilamon sila. Ibinigay Niya ang Kaniyang orihinal na Salita kay Moises, ang Kaniyang propeta; iyon lamang ang tanging paraan Niya ng paggawa rito, at iyon lamang ang tanging paraan na gagawin Niya ito. Hindi Niya binabago ang Kaniyang plano, kita n’yo.

<sup>149</sup> Kaya ang ating mga ideya ay mali, ang Kaniyang mga ideya ay tama, sa tuwina. At huwag subukang sabihin sa Kaniya na Siya’y “mali.” Kahit na sino pa man sa palagay natin ang pinakakarapat-dapat, hindi tayo ang magsasabi kung sino ang pinakakarapat-dapat. Ngayon, diyan kung saan kayo napapasok sa organisasyon.

<sup>150</sup> Isang munting kapatid na puspos ng Espiritu ang magtutungo sa isang siyudad at magtatayo ng isang organi- . . . bubuo ng isang—isang mainam na grupo ng mga tao, at magkikita sila sa pagpupulong, at magsasama-sama ang lahat

ng mga banal na kapatid, alam n'yo na, at sasabihin, "Alam n'yo kung ano? Naniniwala ako kay munting *Jones* dito," (isa lamang siya sa munting pamimilian sa kanila) "sa tingin ko'y dapat na magkaroon siya nung mainam na malaking tabernakulo, sa tingin ko. Hindi ba't sa tingin n'yo rin tama 'yon?" Hindi, naku. Hayan na siya. At pagkatapos ay magkakawatak-watak na ang kongregasyon. Kita n'yo? Humiwalay sa mga ito! Ang Dios ang gumagawa ng paghihiwalay, Siya Yaong Isang gumagawa nito. Nguni't silang lahat, bawa't isa, ay gustong kunin ang isang munting *ito*, ilagay siya sa banda rito, at *itong* isa sa gawing ito. Iyan ang ideya ng tao.

<sup>151</sup> Nasa tao ang mga susi, nguni't sa totoo lang ay ang Dios ang humahawak ng mga susi. Ibinigay nila sa mga alagad, ang banal na iglesya, ang mga susi; at masdan ang unang pagkakataon na ginamit nila iyon, nang mahulog si Judas sa pagsalangsang. Nagsama-sama sila at nagpalabunutan; at ang mga banal na kapatid. Sino ang makapagsasabi na hindi sila mga banal na kapatid? Sino'ng magsasabi na hindi sila banal? Nguni't nagpalabunutan sila, at si Matias ang pinalad. At nang siya . . . Ano ang kailanma'y ginawa niya? Wala. Nguni't si Pablo yaong hinirang! Amen. Iyon ang pagpili ng Dios: isang hamak na Judiong, baluktot ang ilong, at mapanuya't, mainitin ang ulo. Hindi ang Matias, ang D.D., alam n'yo na, siya—siya ay . . . Si Pablo 'yon. Pinili ng Dios si Pablo; pinili ng iglesya, pinili si Matias. Kita n'yo? Wala kang karapatang sabihin sa Dios na "mali" Siya. Alam Niya kung ano ang gagawin, alam Niya kung ano ang bumubuo sa naturang tao.

<sup>152</sup> Sino kaya . . . Na pipiliin ng iglesyang iyon si Pablo? Oh, hindi, hindi talaga. Sabi, "Iyan 'yung lalaking nagpapabilanggo sa ating lahat."

<sup>153</sup> Nguni't sabi ng Dios, "Ipakikita Ko sa kaniya kung ano ang daranasin niya para sa Akin." Alam Niya kung ano.

<sup>154</sup> Buweno, kahit na sino pa ang iniisip nating nababagay, alam ng Dios kung sino ang pinakakarapat-dapat dahil alam Niya ang puso ng tao, alam Niya.

<sup>155</sup> Ni ang rebaybal, o ang mga bagay na ito, ay nagaganap sa oras na iniisip natin na dapat silang maganap. Iniisip natin, "Ito na ang oras ngayon mismo, purihin ang Dios!" Napapansin ko sa ating mga sangay at iba pa ng Business Men, "May paparating na kaagad, aleluya, na isang dakilang rebaybal!"

<sup>156</sup> Huwag magpalinlang, "Dumating na Siya, at ginawa nila sa Kaniya kung ano ang kanilang inibig." Kita n'yo? Nguni't iniisip nilang may isang rebaybal. Nangyayari na ba iyon? Hindi! Naganap na iyon, at patay na, tapos na iyon. Uh-huh. Pansinin, ito na ang panahon ng pagpapaigi ng ilawan, ang paglabas at pagpasok. "Sila na nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas."

<sup>157</sup> Pansinin dito sa ating teksto, pansinin si David, na hari ng Israel, siya ang nakakuha ng kapahayagan tungkol sa pagdadala sa kaban ng Dios pabalik sa kaniyang lugar; na, hindi sila sumangguni rito noong panahon ni Saul pagka't tumalikod na si Saul. Kaya hindi man lang nila sinangguni ang kaban, ang tipan, noong panahon ni Saul, pagka't siya ay tumalikod at lumayo na mula sa Dios. Kaya si David, kaagad, na may inspirasyon. . . Pansinin ito ngayon, lubhang nakapanlilinlang na teksto ito kung hindi ninyo ito makukuha nang tama. At nadarama ko na dumarating na ang panahon kung saan dapat na tayong maging husto sa gulang sa halip na mga bata. Uh-huh. Dapat na tayong kumain ng matigas na karne sa halip na gatas.

<sup>158</sup> Pansinin si David, na hari ng Israel, ang hari ay kapapahid lang na hari; o hinirang na hari, si Saul. . . pinahiran siya ni Samuel sa pamamagitan ng kalooban ng Dios; at ganap na siya ang pinili ng Dios na hari, walang pag-aalinlangan dito. At heto siya, at tumama sa kaniya ang inspirasyon. Ipinahayag iyon kay David. Nakuha niya ang kapahayagan, walang sinabi ang sinuman patungkol dito. "Tayo nang magtungo at kunin ang kaban, pagka't iyan ang kalooban ng Dios na mapasa-atin dito ang kaban, upang sumangguni tayo sa Dios sa pamamagitan nitong kaban." Talagang, talagang magiting na bagay. Hindi ba sa palagay n'yo? Buweno.

<sup>159</sup> Tandaan, nguni't, siya bilang hari, at mayroong kapahayagan, lumampas siya sa kaniyang lugar. May isang propeta sa lupaing iyon na ang pangalan ay Nathan, siya ang itinalagang makakuha ng kapahayagan. Mayroon mang bagay na sasabihin, sinabi Niya, "Walang anumang gagawin ang Panginoon hanggang sa maihayag muna Niya iyon sa Kaniyang mga lingkod na propeta." Nguni't, nakita ninyo, si David bilang hari, na ang pahid ay nasa kaniya. . . Ngayon, iyan ba ang Kasulatan? Nasa kaniya ang pahid, at may tunay na kapahayagan; nguni't iyon ay mali. Dahil si Nathan ang propeta ng kapanahunang 'yon, at hindi dumating kay Nathan ang naturang kapahayagan, at nang dumating kay David ang kapahayagan ay hindi man lang niya isinangguni kay Nathan ang tungkol dito. Basta itutuloy niya at gagawin ang gusto niyang gawin. Uh-huh.

<sup>160</sup> Nguni't pansinin kung kanino sumangguni si David dito sa ika-13 kabanata, "Kundi sumangguni siya sa mga pinunong kawal ng lilibuhin at mga dadaanin," doon sa kaniyang kapisanan. Kita n'yo? "Ngayon, sa palagay n'yo ba ay dapat nating gawin. . .?" Hindi ito ganun. Ngayon, sinisikap niyang gawan ang Dios ng isang paglilingkod, nguni't hindi siya itinalaga na gawin iyon; kita n'yo, dahil may paraan ang Dios.

<sup>161</sup> Sadyang ganoon din kung paano marahil nakipag-usap ang Dios sa—sa hari tungkol sa kaniyang sugat at paggaling, nguni't hindi Niya ginawa, may itinalaga Siyang isang paraan

ng paggawa nito, iyon ang Kaniyang propeta. Kaya nakipag-usap Siya sa propeta, na si Isaias, sinabi sa kaniyang bumalik at sabihin kay Hezekias kung ano ang mangyayari.

<sup>162</sup> Ngayon, si Hezekias ay nakikipag-usap nang harapan sa Dios, at maaaring makipag-usap ang Dios kay Hezekias, siyempre, nguni't gumawa Siya ng tiyak na mga daluyan! Nauunawaan n'yo ba 'yon? Mayroong Kaniyang Sariling nakasaayos na kaparaanan ang Dios sa paggawa ng mga bagay: ang pagpapadala ng mga rebaybal, pakikipag-usap, pagsasalita, anuman ito. Mayroon Siyang paraan Niya ng paggawa nito, at sino ba tayo para sabihin sa Kaniya kung paano ito gagawin. Ginagawa Niya ito sa paraang kinaluluguran Niya na ito ay gawin.

<sup>163</sup> Kaya, nakita ninyo, si David, bilang kinasihan. . . Ngayon, naaalala n'yo ba na sinabi kong ang, pagpapahid, ang huwad na pagpapahid? Tandaan na maaaring dumating ang Espiritu Santo at pahiran ang isang tao, at gayunma'y hindi iyon ayon sa kalooban ng Dios. Heto, ito'y pinatutunayan Nito mismo dito. Kita n'yo? Kailangan nating dumaan sa paraan ng Dios ng paggawa nito, hindi ang mga paraan natin, ang paraan ng Dios sa paggawa nito. Dahil, si David, bilang isang hari, na pinahiran, pinahiran na ang Espiritu ng Dios ay nasa kaniya (isang tipo ni Jesus Cristo), nguni't hindi iyan ang daluyan ng Dios.

<sup>164</sup> Nang ang buong kapisanan, “kinalugdan nila ito,” ang sabi ng Biblia. Pansinin, ang mga pinunong kawal ng lilibuhin at mga dadaanin, pati na ang mga saserdote at mga teologo ay inisip na iyon ay “kahanga-hanga.” Hayan nga ang inyong mga paaralan sa Biblia at lahat ng iba pa, inisip nilang iyon ay “kahanga-hanga.” Maging ang lahat ng mga tao'y sumang-ayon, at ang mga saserdote, at—at lahat sila'y sumang-ayon na tama ang pagkapahid sa hari. Pansinin! Nguni't hindi ipinangako ng Dios na ipahahayag ang Kaniyang Salita sa kapanahunan Nito sa *kanila*. May paraan ang Dios ng paghahayag Niya sa Kaniyang Salita, pero hindi sa *kanila*. Tandaan, iyon ay taliwas sa Dios.

<sup>165</sup> Bagay na gaya nang mga kaarawan ni Micaya na anak ni Imla. Naaalala n'yo pa ba ang kwentong 'yon? Nagkahiwalay ang Juda at Israel, at nagkaroon sila ng dalawang magkaibang kaharian, at si Ahab ang hari doon sa isang kaharian. At si Josaphat ang hari sa kahari—kaharian ng Juda, sa palagay ko'y ganun nga; at si Ahab ang hari sa Israel, sa Jerusalem.

<sup>166</sup> Pansinin, at pagkatapos ay narito't pumasok ang isang lupon ng mga dayo at kinamkam ang bahagi ng lupang kaloob ng Dios na ibinigay ng Dios sa Israel, at itong mga Filisteo roon, o mga taga-Siria, ay hawak ang lupang 'yon at pinapakain ang mga anak ng mga ito mula sa lupang pag-aari ng Israel. At kaya nga kailangan nila ang lupang 'yon upang pakainin ang kanilang sariling mga anak at ang kanilang sariling mga pamilya. Ibinigay

sa kanila ng Dios . . . Iyan ang karapatang ibinigay sa kanila ng Dios.

167 At kaya nga ipinatawag ni Ahab si Josaphat, at sinabi, “Pumarito ka.” Sabi niya, “Tingnan mo kung ano ang ginagawa doon ng ating kaaway. Tama ba ’yon na tayo, na bayan ng Dios, na may karapatang bigay ng Dios na mapasa atin ang lupaing ito, pag-aari natin ito, ang Dios sa pamamagitan ng Kaniyang propetang, si Josue, ay pinagbaha-bahagi itong lupain, sa atin dapat ito; pag-aari natin ito, sa ating mga anak, at heto ang mga komunista ay kinamkam na ito, at mayroon tayong . . . Gutom na gutom tayo, at nakuha na nila ang karapatang ibinigay sa atin ng Dios. Sa palagay mo hindi ba dapat tayong magtungo roon at bawiin ang ating lupain? Kung isasama mo ang iyong hukbo: kung kayong mga Metodista, at mga Presbyterian, at lahat, at mga Presbyterian, at mga Lutheran, at iba pa, ay tatanggapin ninyong lahat itong konsehong ekumenikal ngayon dito, tayo’y magkakasama at kukunin natin ang naturang bagay.” (Nagsasalita ako’t nangungusap sa isang parabula ngayon.) “Lulusob tayo’t kukunin iyon.”

168 “Aba,” sabi niya, “tiyak, na nagkakaisa tayong lahat.” Uh-huh.

169 Ngayon, sinabi ng Biblia, “Paano ngang makalalakad ang dalawa nang magkasama libang sila’y magkasundo?” Kita n’yo?

170 Doon ay kung saan iyang dakilang lalaki, iyang dakilang lalaking Pentecostal, na si Josaphat, ay nasama sa maling grupo. At iyan ang nangyari sa ating mga Pentecostal sa araw na ito. Mayroong ilang totoong kalalakhian diyan, nguni’t nasama na sila diyan sa grupong makadenominasyon. Lumabas kayo sa bagay na iyan! Sinumpa na ito ng Panginoon!

171 Pansinin ngayon! Hayan siya, at sinabi niya, “Oo, makatuwiran nga ang dating niyan.” Sabi, “Ang mga karwahe namin ay sa ’yo; ang bayan namin. Kung sabagay, Judio naman tayong lahat. Tiyak nga, na sasama kami sa ’yo.” Nguni’t may sapat pang pananampalatayang natitira kay Josaphat para sabihin na, “Sa palagay mo hindi ba tayo—dapat muna tayong sumangguni sa Panginoon?” Kita n’yo? “Sa palagay ko magiging mabuting ideya ito.”

172 Aba, si Ahab, “Siyempre.” Sabi, “Aba, oh, siyempre naman, dapat nga’y naisip ko ’yan.”

173 “Buweno, may isang lingkod ba ng Dios sa kung saan man? May propeta ka ba?”

174 “Ah, mayroon akong apat na raan ng mga iyon. Mayroon akong isang buong konseho dito, ang buong denominasyon. Sila’y mga propetang Hebreo.”

175 Ngayon tandaan, sinabi ng Biblia na sila’y “*mga propeta*, mga propetang Hebreo,” hindi mga propetang pagano, mga

propetang Hebreo; isang buong eskwelahan ng mga ito, isang seminaryong teolohikal.

176 “Buweno, dalhin sila rito!”

177 At binihisan ng mga hari ang kanilang mga sarili at naupo sa kaniyang harapan upang pahangain ang propeta. At heto’t parating, sa paniwala ko’y si Zedekias itong dumating, ang dakilang puno ng kapulungang pandistrito, o kung ano man siya, nagtungo doon sa gitna nila. Iginawa niya ang kaniyang sarili ng dalawang malalaking sungay, sabi niya, “Ako’y nakarinig mula sa Dios. GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ‘Sa pamamagitan ng mga sungay na ito ay itutulak mo ang mga taga-Siria nang tuluy-tuloy palabas ng lupain.’”

178 “O luwalhati!” inakala ng lahat na ’yun ay kahanga-hanga, mainam.

179 Masdan kung gaano na ’yan kalapit diyari sa gilid ng talim ngayon, sa pagitan ng tama at mali. At tandaang mahuhulog ito sa isa o doon sa kabilang mga gilid, hanggang sa dumating ito minsan na gaya ng isang hinasang talim sa pagitan ng kaibhan ng tama at mali. Dapat ay bawata Salita ito ng Dios; hindi lang basta halos bawata Salita, kundi bawata Salita! At umabot na ito ngayon, hindi sa mga Lutheran, hindi sa mga Metodista, hindi sa mga Pentecostal, kundi diyari sa hinasang kapanahunan, sa kapanahunang ito kung saan ang pagkapahid sa anticristo ay lubos nang ganap, na ililigaw nito pati na ang mismong Mga Hinirang, mahuhulog sila sa maling panig kung hindi nila ito babantayan, gaya ng isang butas. Magbantay! Maging maingat! Hindi na tayo nabubuhay sa panahon ng Pentecostal ngayon. Lagpas na tayo sa panahong ’yan, gaya rin na tayo’y lagpas na sa Lutheran, at lagpas . . . Kita n’yo?

180 Pansinin. Ngayon ang mga propeta’y nagsipagpropesiyang lahat, ang apat na raan sa kanila, nakakakaing mainam, naaayusang mainam, Hebreong mga propeta na sumaksi sa kanila, na nangagkakaisa, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ‘Umahon ka, ang Panginoon ay sumasaiyo.’”

181 Sabi ni Josaphat, “Buweno, iyan—tila mainam nga ’yan. Pero,” sabi, “mayroon ka pa bang isa?”

182 “Isa pa? Narito na sa atin ang buong denominasyon, tinipon na natin dito ang buong konseho. Bakit pa natin kakailanganin ng isa?”

183 Sabi niya, “Ah,” sabi, “naisip ko lang kasi na baka mayroon pang isa.”

184 Sabi nito, “Oh, oo, mayroon pang isa, pero ni hindi nga siya kabilang dito sa konseho.” Uh-huh. “Isa siyang itinakwil. Ito’y si Micaya, na anak ni Imla, at kinapopootan ko siya.” Kita n’yo? Sabi, “Ayaw nila siyang tanggapin sa pagtitipon, at isa lamang siyang pangkaraniwang itinakwil sa simula pa lang. At siya’y



palagi-lagi, lahat ng kaniyang mga iprinopropesiya, hindi man lang niya magawang palakasin ang loob ng seminaryo ko kahit kaunti.” Uh-huh. “At ginagawa niya ang lahat ng mga bagay na ito na masama, lagi siyang nagpropopropesiya ng masama laban sa akin, para lang maiba.”

185 “Oh,” sabi ni Josaphat, “huwag hayaang sabihin ng hari ang bagay na gaya niyan. Nguni’t nais kong marinig kung ano ang sasabihin ng lalaking ito.”

186 Sabi, “Sige, hahanapin natin siya.” Kaya nagpasugo sila sa isang dako sa ilang, at nagsugo sila ng isang lalaki.

187 Sabi, sinabi sa kaniya, sabi, “Ngayon, sa daan mo pabalik ngayon, may gusto lang akong sabihin sa ’yo. Gusto mo bang makabalik uli sa denominasyon?” Kita n’yo? “Gusto mo bang magkaroon muli ng pakikisama sa kanilang lahat? Kung ganun nga, sabihin mo ang gaya ng sinasabi ng pandistributong presbiteryo, sabihin mo ang siya ring bagay na sinasabi ng obispo, at ibabalik ka nila kaagad-agad. Ngayon na ang oras para gawin ito.”

188 Pero maiisip n’yo ba ang isang pinahiran, na tunay na propeta ng Dios na ikinokompromiso ang isang Salita ng Dios? Tiyak ngang hindi!

189 Sabi niya, “Buhay ang Panginoon, sasabihin ko lang kung ano ang sasabihin ng Dios!” Kailangan natin ng isang anak ni Imla. “Buhay ang Panginoon, sasabihin ko lamang kung ano ang sasabihin Niya.” Tama ’yan, “Kung ano ang sabihin *Niya*.”

190 Kaya nang makarating na sila doon sa harap ng bayan, ang lahat ng mga propeta, sabi nila, “Ngayon, sabihin mong sila . . .”

191 Sabi niya, “Sandali, ibigay n’yo sa ’kin ang gabing ito, titingnan ko kung ano ang sasabihin ng Panginoon.” Kaya, nang gabing ’yon, nagpakita sa kaniya ang Panginoon sa isang pangitain at sinabi sa kaniya kung ano ang sasabihin.

192 Sinabi niya kinaumagahan, “Ano’ng sasabihin mo, Imla?” nang nangakatayo na silang lahat . . . Ibig kong sabihin si “Micaya, na anak ni Imla,” sabi, “ano na’ng sasabihin mo ngayon? Magkakasama na tayong lahat dito, lahat ng mga saserdote, at lahat ng mga propeta, at lahat ng mga hari, at magkakasamang nakaupo rito ang lahat. Ano na ang sasabihin mo ngayon sa dakilang konsehong ito?”

193 Sabi, “Umahon nga kayo,” sabi, “nguni’t nakita ko ang Israel na nangangalat na gaya ng mga tupa na walang pastol.”

194 At sinabi ni Ahab, “Anong sabi ko sa ’yo! Ang kaya lamang ipropesiya ng taksil na ’yan ay kasamaan laban sa ’kin!”

195 Paano niya magagawang magsalita ng anumang iba pa kung sinabi ng Dios ang gayun ding bagay? Ang propeta dapat ang bibig ng Dios na nagsasalita, hindi ng sarili niyang kaisipan. Siya . . . Nakita ninyo, siya’y lub- . . . lubos na nakapasakop sa

Dios, wala siyang gustong saktan, pero kailangan niyang sabihin kung ano ang sinasabi ng Dios, pagka't siya mismo'y walang kontrol Dito. Kita n'yo?

196 Sabi niya, “Ngayon, hindi ba't sinabi ko na sa 'yo?”

197 At saka lumapit ang-ang malaking lalaking may hawak na sungay, at sinampal siya sa bibig, sabi nito, “Saan nagdaan ang Espiritu ng Dios nang Ito'y lumabas sa akin?” Sa ibang salita, hayaang subukan kong pasimplehin 'yan, “Tumingin dito sa . . . Tumingin dito, may gusto akong sabihin sa iyo, Micaya. Naiisip mo bang isa akong dalubhasa sa Kasulatan? Naiisip mo bang may pahid ako?” O, “ang Bautismo,” kung sasabihin natin sa araw na ito. “Naiisip mo bang mayroon ako n'yan?”

198 Sabi ni Imla, “Hindi ko pinagdududahan 'yan.”

199 Sabi nito, “Nguni't makinig! Ang Espiritu ng Dios ang nagsabi sa akin, at sumaksing kasama ng aking apat na raan dito, na ating 'itutulak ang mga taga-Siria palabas ng lupain.' At sino ka para pumarito at sabihin na ang ating dakilang hari ay mapapatay?” Sabi nito, “Ang Espiritu ng Dios ang nagsabi sa akin niyan.”

200 Hayaang himayin ko lang ito para maunawaan n'yo ito. At marahil ay matagpuan nating sinabi ni Micaya, “Kagabi sa pangitain, ginoo, nakita ko ang Dios na nakaupo sa isang Luklukan. At nakita ko ang buong hukbo ng Langit na nangagkakatiyon sa palibot Niya, uh-huh, at nagpupulong sila sa Langit. Sabi nila, ‘Sino ang pabababain natin at dadaya kay Ahab? Sapagka't sa ilalim ng Luklukan dito ay may isang propeta, isang tunay na propeta, ang pangalan niya ay Elias. At nagpropesiya siya sa pamamagitan ng Aking Salita at sinabi na “Iyang masamang si Ahab, sapagka't pinatay niya si Naboth, hihimuran ng mga aso ang dugo ng masamang taong 'yan,” at dapat nating isakatuparan Iyan sapagka't Ito'y naipahayag na, Ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Dapat Itong maganap, dapat maparoon. At paano natin ito gagawin?”

201 “Pagkatapos mula doon sa kakila-kilabot na lugar ng mga ligaw, sa kailaliman doon ay may isang espiritung umaahon, sabi niya, ‘Isa akong mandaraya, at kung makapaglilingkod ako sa Iyo, bababa ako at papasok sa kaniyang propeta.’” Sapagka't napakaorganisado nila, isang bagay lang ang mauunawaan nila, 'yun ay ang kung anong mga emosyon. “‘At itutulak ko silang magpropesiya ng isang kasinungalingan. At gagawin ko si Ahab na makinig sa mga matataas na pinunong iyon sa halip na sa tunay Mong propeta; pagka't susuriin niya ang lahat ng kaniyang sinasabi sa pamamagitan ng iyong Salita, susuriin niya ang kaniyang mga pangitain sa pamamagitan ng Salita, susuriin niya ang lahat ng kaniyang ginagawa sa pamamagitan ng Salita, at kung hindi ito ayon sa Salita ay hindi niya ito pakikinggan. Nguni't kung ito . . . madaya ko itong iba pa, at ako'y . . . sila . . .

Napakalaki ng tiwala ni Ahab diyan sa dakilang pinagkaisang samahan para sa kanilang kaligtasan, kaya magkakasama silang nagtutungo at magkakatipun-tipon sila. At itutulak ko si Ahab na makinig sa kanila, na magtungo roon. At sa ganiyan natin gagawin iyon.”

<sup>202</sup> “Sabi ng Dios, ‘Kaya mong gawin ito, isa kang tunay na mandaraya; bumaba ka na.’”

<sup>203</sup> At pagkatapos ay sinampal siya ni Zedekias sa bibig, sabi, “Saan ka . . .?”

<sup>204</sup> Sabi niya, “Malalaman mo kapag ikaw ay nasa pinakaloob na silid na.” Uh-huh.

<sup>205</sup> Sabi niya, “Umahon ka!” sabi ni Zedekias sa hari. Sabi, “Umahon ka’t bumalik nang payapa!”

<sup>206</sup> Sabi ni Ahab, “Damputin ang taong ’yan at ipasok siya sa bilangguan. Ikadena siya, pakanin siya ng tinapay ng kadalambahatian at ng tubig ng kadalambahatian. At sa pagbabalik kong taglay ang aking pagtatagumpay mula rito, na sinabi ng aking mga propeta sa akin na ‘siguradong magaganap ang rebaybal na ito,’” sabi, “ako na ang bahala sa taong ’yan!”

<sup>207</sup> Pakinggan ang huling mga salita ni Micaya sa taong ’yon: “Kung makakabalik ka pa, kung ganoon ay hindi kailanman sinabi sa akin ng Dios.” Oh!

<sup>208</sup> Kita n’yo, may sariling paraan ang Dios sa pagsasagawa ng mga bagay. Inakala ng mga taong ito na ginagawan nila ang Dios ng isang paglilingkod. Maging maingat! Hindi pakiramdam, hindi kasigasigan, hindi mga imahinasyon, kundi ito dapat ay “GANITO ANG SABI NG PANGINOON,” tiyak na tama. Siyanga, kahit ano pa . . . Nasusumpungan natin ang mga bagay na ito na ganoon.

<sup>209</sup> Pansinin ngayon noong gawin ni David itong dakilang pahayag, at tila ba mabuti ito, isang bagay na mabuting gawin. Nang magkagayo’y natuklasan natin na . . . (Pinapagod ko na ba kayo? Huli na ba ako para magkaroon pa ng isa?) Ginawa nila itong dakilang pahayag, hindi niya sinangguni ang propeta.

<sup>210</sup> Ngayon, alam ng sinuman na sinabi sa Amos 3:7 na ipinangako ng Dios na wala Siyang gagawing anumang hanggang sa maihayag muna Niya ito sa Kaniyang propeta. Sa bawat kapanahunan ng iglesya ay nagkaroon tayo ng mga repormista; nguni’t ipinangako sa Malakias 4 na magkakaroon ng isang propeta sa lupain sa mga huling araw (sapagka’t kailangan nitong lumapat diyan sa huwaran na iyan, kita n’yo) bago dumating ang wakas ng panahon.

<sup>211</sup> Bago ang unang pagparito ni Jesus, dumating si Elias, si Elias ng Malakias 3. Gayun din ang sinasabi sa Mateo 11, “Kung mauunawaan n’yo ito, ito ang siyang ipinangusap sa, ‘Narito Aking isinusugo ang Aking—Aking sugo sa harap Ko.’” Ngayon,

Kaniyang iprinopesiya, pinaniniwalaan iyan ng lahat ng mga teologo; na, sa huling araw, ang Espiritu ni Elias ay darating, din. Kailangan nitong pumarito nang limang beses, ginagamit ng Dios ang Espiritung 'yan: Eliseo, Elias, Juan Bautista, at para sa iglesyang Gentil, at pagkatapos ay para naman sa mga Judio sa ika-11 kabanata ng Apocalipsis. Iya'y, ang g-r-a-c-e ng Dios, f-a-i-t-h, J-e-s-u-s, Jesus, ang—ang limang titik. Hindi maaaring huminto sa apat, kailangan itong humantong sa lima. Kita n'yo? Pansinin!

<sup>212</sup> Ngayon, ipinangako Niya iyan, kaya inilagay niyan ang Biblia nang tumpak sa araw na ito, at sa Sodoma at Gomorra. At si Elias ay wala. . . Hindi si Elias 'yon; Iyan ay ang Espiritu ng Dios na na kay Elias; si Elias ay tao lamang. Ngayon, nagkaroon na tayo ng mga Elias, at mga balabal ni Elias, at mga kapa ni Elias, at lahat ng mga bagay ni Elias. Nguni't ang Elias sa araw na ito ay ang Panginoong Jesus Cristo. Paparito Siya ayon sa Mateo disisiyete- . . . Sa Lucas 17:30, sinasabi na ihahayag ng Anak ng tao ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang bayan. Hindi isang tao, Dios! Nguni't darating ito sa pamamagitan ng isang propeta. Ngayon, hindi Siya nagkaroon ng dalawang pangunahing propeta sa iisang panahon, hindi kailanman, sa mundo. Kita n'yo? Kahit na gaano pa magkaroon ng . . . dalawa—hindi kaya ng dalawang ulo. . . Kailangang isang ulo lang ito. Kailangang kumuha ang Dios ng isang tao na nakapasailalim sa Kaniyang pagkuntrol. Kita n'yo? May iisang Dios; may Ama, Anak, at Espiritu Santo, nguni't iisang Dios sa lahat ng ito, pansinin, at ginamit lamang ang mga katungkulang ito. Ganoon din naman Siya kay Elias, ang Espiritu ni Elias; ginamit niya ang Espiritung 'yan, nguni't ang siya ring Dios na kumokontrol Dito sa tuwina upang ganapin ang Kaniyang Salita.

<sup>213</sup> Ngayon, pansinin dito ngayon, inakala ni David na nailagay na niya ang lahat sa kaayusan. At kinasihan siya. Kita n'yo kung paano maaaring mapahiran ng Banal na Espiritu ang isang tao? Nguni't kailangang ito'y nasa pagsasaayos ng pahid. Ang panlabas na espiritu ay maaaring mapahiran ng Banal na Espiritu, at ang kaluluwa ay kasing itim naman ng aspalto. Tumutubo ang sigay-tinik sa iisang tubig na nagtatayo. . . naglalagay ng buhay sa trigo, naglalagay ng buhay sa sigay-tinik; nguni't sa kailaliman ng sigay-tinik, ito'y buhay ng isang sigay-tinik. Nagsasaya ito, at namumukadkad, at mayroong buhay, at ginagawa ang lahat ng bagay na ginagawa ng trigo, nguni't ang *kaluluwa* nito ay *sigay-tinik*. Kita n'yo? Maaaring magsilitaw ang mga bulaang guro, na nagtuturo ng lahat ng uri ng trinitarianismo at lahat ng iba pang bagay, at magtaglay ng pahid ng Espiritu Santo, at gumawa ng maraming mga himala na gaya ng kayang gawin ng tunay na Ebanghelyo. Nguni't sa pamamagitan ng Salita dito, 'yan ang gumawa nito. Nakita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ngayon, ayos lang na ituro ito, sa

palagay ko, ako'y—ako'y nasa isang tabernakulong bukas sa lahat ng denominasyon ngayong umaga, sa—dito sa hotel na ito.

<sup>214</sup> Pansinin, masdan kung ano ang sinasabi natin. Ngayon, buweno, makinig. Nagkaroon si David ng lahat ng emosyon na mayroon noon ang tunay na rebaybal. Pansinin! Sumigaw sila, tumili sila, nagsipagsayaw sila, tunay na mayroon silang bagay na nakuha mula sa pahid na iyon. Tiyak nga! Lahat ay gaya ng isang tunay na rebaybal, nguni't, pansinin n'yo, wala doon ang Dios. Wala doon ang Dios. Mayroon siyang isang propetang naninirahan doon mismo sa lupain. Dapat alam na nila. Kita n'yo? Alam na dapat iyan ni David.

<sup>215</sup> Ganoon din sa araw na ito, taglay natin ang lahat ng mekanika, gaya ng mga malalaking denominasyon, mga krusada sa ating panahon, nguni't lumalabas na ang mga bunga ay kagaya rin ng sa dati; ang ating mga bunga ng malalaking krusada natin, at ang lahat ng ating maiinam na paliwanag, ang ating naglalalaking mga gusali, at ang ating malaking . . . nagtatayo ng libu-libo, at nagdadagdag ng mga kasapi at mga bagay, sa gayun ding bagay nauwi, kabiguan lahat. Hindi ko sinasabi 'yan para maiba, sinasabi ko 'yan para maging tapat sa harap ng Dios Na Ang Kaniyang Aklat ay nasa tabi ng kinatatayuan ko sa umagang ito. Kita n'yo? Nauwi lahat sa kabiguan, sa gayun ding mga bunga.

<sup>216</sup> Tingnan natin ngayon kung ano ang nangyayari kapag ang Dios (sa Kaniyang oras at panahon) at ang Kaniyang mga propeta ay hindi isinasaalang-alang, basta nakadepende na lamang sa teolohiya, mga pari, denominasyonalismo gaya ng ginagawa natin sa araw na ito. Ngayon, makinig nang mabuti. Nagugulo lahat ito. Kung ang tunay na Espiritu ng Dios ay nariyan, papatnubayan Nito ito patungo sa Salita; hindi lamang sa isang bahagi ng Salita, kundi sa buong Salita para sa buong kapanahunan. Kita n'yo?

<sup>217</sup> Sa Araw ng Pentecostes, pinatnubayan ito ng Espiritu patungo Doon mismo, sa Joel 2:38. Kita n'yo? Sa panahon ni Luther, pinatnubayan Nito ito patungo Doon mismo; si Wesley; dito sa huling pang-pentecostes na pagkilos; subali't ibang panahon na ito, ito na ang pagtawag sa Nobya. Hindi sa nakalipas na dalawang libong taon sa Pentecostes, o ang pag-uulit, o ang pagbabalik. Ang Pentecostes . . .

<sup>218</sup> Na kay Luther noon ang Espiritu Santo, na kay Wesley noon ang Espiritu Santo; Salita ng Dios iyon na pinahiran. At nagbalik ang Espiritu Santo sa mga tao sa kapanahunan at nagsimula silang magkaroon ng pagpapanumbalik ng mga kaloob. Natuklasan nila, na sa pamamagitan ng pagpapasakop ng kanilang sarili sa Dios, ay nagsalita ang Banal na Espiritu sa iba't ibang wika sa pamamagitan nila. Kanilang ipinatong ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at nagsigaling

ang mga ito. Nagsipagsayaw sila sa Espiritu. Kita n'yo? Iyan ang kapanahunan ng repormasyon na ipinanunumbalik ang iglesya sa kaayusan. At ang huling kaayusan sa iglesya ay ang paglalagay ng mga kaloob sa iglesya; gaya ng inilagay ni Luther ang pag-aaring-ganap, inilagay ni Wesley ang pagpapabanal, inilagay ng Pentecostes ang mga kaloob. Nguni't ano ang ginawa nila? Ang gayun ding pagkakamali, gaya ng inihalimbawa ng kalikasan sa tangkay ng trigo, naging denominasyon sila (na laban sa Dios, salungat sa Dios).

<sup>219</sup> Ngayon, nalaman natin na kapag...Pagkatapos kapag nagsama-sama ang mga tangkay na ito, ay bumubuo sila ng kanilang sariling ideya. At kahit gaano pa...Nang ang "bagong usapin," gaya ng tawag nila dito, ay lumabas mula sa Assemblies of God, ano ang ginawa nila? Hindi nila Ito matanggap. Kahit na gaano pa ang Katotohanan nito, ang bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, sila na ang Pangkalahatang Konseho. Pinalitan na ito ng tao, iniwan na sila ng Espiritu. Siyanga! At pagkatapos ito ay dumating...Nakausap ko na ang ilan sa inyong pinakamahuhusay na mga pinuno; sabi nila, "Buweno, ano na ang gagawin namin ngayon?" Ipapahiya nila ang sarili nila. Gayong, alam nila na ito'y ang Katotohanan; kung hindi, sila'y bulag sa espirituwal at mangmang sa Biblia. Hindi sinasabi 'yan na makasakit, ngayon, sinasabi 'yan na may pagpipitagan. Pagka't, wala ni isa mang dako sa Biblia kung saan binautismuhan ang sinuman na gamit yaong mga titulong, "Ama, Anak, at Espiritu Santo." At hindi ginamit kailanman hanggang sa pagkatapos ng konsehong ekumenikal, ang iglesyang Romano Katoliko. Sinasaksihan ng kanilang sariling katekismo ang gayun ding bagay. Isa itong Katolikong aral. Hindi isang doktrina ng Biblia, kundi isang Katolikong aral. At dinala ninyong mga Metodista ang inyong mga katekismo at lahat na gaya ng ginawa nila, sadyang unti-unting lumalago buhat dito. Nguni't ngayon nang marating ninyo ang Pentecostes, at ikinalat ang ilan sa mga aral na 'yan, nanghawakan pa rin kayo sa mga iyon.

<sup>220</sup> Nguni't ngayon na ang pagtawag sa Nobya, ngayon ay kung kailan nabuksan na ang Pitong Tatak, ngayon kung kailan ang mga kumpletong bagay na naiwan ng mga repormista ay kailangan nang buksan; at ang Malakias 4 lamang ang makagagawa niyan, sapagka't nangangailangan ito ng direktang kapahayagan mula sa Dios tungo sa isang indibidwal para magawa ito. Tama 'yan! Hindi ito maaaring dumating sa isang grupo, hindi kailanman. Isang tao! Iyan ang ipinangako ng Dios sa mga anino ng pagparito para sa Kaniyang Nobya, isang Eliezer. Kita n'yo?

<sup>221</sup> Pansinin nang ang mga saserdote, ang mga ministro, at iba pa, ay magkaroon ng sarili nilang inspirasyon, at tunay na pinahiran. Pinahiran si David. Gayon nga ang sabi ng Biblia.

Nguni't, nakita ninyo, napunta siya sa maling pagkukunan, napunta siya sa maling daluyan. Pinadaloy niya ang kaniyang pagkapahid sa maling panig, sa mga tao at sa kung ano ang iniisip nila, sa mga kapitan, kung ano ang iniisip nila, sa halip na sa banal na daluyan ng Dios upang malaman kung ano ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, "Ito ba ang oras para dito? Ito ba ang kapanahunan para dito? Ito ba ang kalooban ng Dios?"

<sup>222</sup> At kung isa nga siyang tunay na propeta ng Dios, lalapit muna siya sa Dios, magsasabi, "Ama, ano po ito?" gaya ng ginawa ni Nathan noong kalaunan kay David.

Sabi ni David, "Nararapat ba para sa akin na tumahan sa isang bahay na sedro, at ang kaban ng aking Dios ay nasa loob ng mga tolda dito sa labas?"

<sup>223</sup> At tingnan n'yo si Natanael, ang sabi, "David, gawin mo ang lahat ng nasa iyong puso, sapagka't sumasaiyo ang Dios. Isa kang pinahirang sisidlan ng Dios."

<sup>224</sup> Nguni't iyan bilang isang propeta, at ang kaniyang pagkakamali, at ang Dios ay may tungkulin sa Kaniyang propeta. Nagpakita Siya nang gabing iyon sa kaniya, sabi, "Humayo't sabihin mo sa Aking lingkod na si David, na humahanga Ako sa kaniyang katapangan, dahil dito'y iniibig Ko siya, sapagka't siya'y isang lalaking malapit sa Aking Sariling puso, at alam Kong panahon na para sa Aking kaban na maging gayon, ang ilagay sa loob ng isang bagay, nguni't Ako ay sadyang. . . Hindi pa ito ang panahon para maganap iyan. Hahayaan Kong ang kaniyang anak ang gumawa nito, nguni't hindi Ko siya papayagang gawin ito."

<sup>225</sup> Nang magkagayon ay heto si Nathan na may, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, David, ang dakilang kapahayagang nasa iyo ay mali gaya nang iyong dalhin ang kaban." (Uh-huh! Uh-huh! Kita n'yo?) "Huwag mong gawin ito. Huwag mong subukan ito! Datapuwa't sinabi ng Dios na Kaniyang 'ipagagawa ito sa iyong anak.'" Hayan! Kita n'yo? Hayan na!

<sup>226</sup> Pinahiran si David na sabihin iyon dahil sa mula't mula pa'y nakikita na niya ito, kung paanong hinanap ni Abraham ang isang Lungsod sa lupa. Alam ninyo, hinahanap niya Ito sapagka't tatahan siya rito balang araw, si Abraham, sa Lungsod na 'yon. At nagtungo siya sa palibot sa paghahanap Dito. At doon sa siya ring lupa kung saan siya naghanap, nasa taas lamang niya ito noon, at magbabalik sa Milenyum at siya'y mananahan sa Lungsod na 'yon. Nguni't bilang isang propeta, siya ay itinalaga at kinasihan, alam niyang may isang Lungsod sa kung saan, at hinahanap niya Ito. Nguni't nakita ninyo, ang buong kapahayagan nito ay itinago sa kaniya. Hindi ito para sa kaniyang panahon. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . .

hanggang doon kay Juan, kung saan nakita niya Itong bumababa mula sa Dios buhat sa Langit. Iyon yaong Lungsod.

<sup>227</sup> Nakita ninyo, ang lahat ng bagay ay kailangang nasa kapanahunan nito. Itinanim ninyo ang inyong trigo sa tagsibol at . . . o sa taglagas at pinuputol ito sa susunod na tag-init. Kita n'yo? Kailangan nitong dumaan pataas sa tangkay, pagkatapos ay dumaan pataas sa uhay, at sa talukap, at tuluy-tuloy hanggang sa . . . Kailangang nasa kapanahunan ito. Ang buong kalikasan ay tuluy-tuloy na kumikilos nang walang pagbabago. Ginawa ng Espiritu ng Dios ang kalikasan, at ang Dios at kalikasan lahat ay tuluy-tuloy na walang pagbabago. Ang lahat ng bagay na inilagay sa templo ay katulad ng kung ano ang nakita Niya sa Langit.

<sup>228</sup> Nakikita n'yo ang isang puno na nagsusumikap sa pagpupumilit na mabuhay, nangangahulugan 'yan na may isang puno roon na hindi namamatay. Nakikita n'yo ang isang lalaki na nagsusumikap para mabuhay, nagpapakita ito na may isang tabernakulo na naghihintay sa kung saan na hindi namamatay. "Kung masira ang tabernakulong ito na ukol sa lupa ay mayroon na tayong isang naghihintay." Pinahintulutan ako ng mabuting Makalangit na Ama na maglakad sa likod ng tabing na iyon isang araw at makita ito. Ilan na ba ang nakarinig ng . . . ? . . . Kita n'yo? Pagtanaw sa likod ng tabing ng panahon. Naroon iyon gaya lamang ng ako'y nangangaral sa inyong lahat, nakatayo sila roon. Mga kaluluwang nasa ilalim ng altar, umiiyak, "Gaano pa katagal?" Hindi isang kathang-isip lamang, isang taong may karunungan: "Gaano pa katagal, Panginoon?" Kita n'yo? Habang nadarama natin 'yan ngayon, habang ang edad natin, gaya ni Kapatid na Bill Dauch na nakaupo rito na siyamnapu't tatlo. May isang naghahangad para doon sa muling kabataan. May bagay . . . Ibigay n'yo kahit ano. Gaano ko kagusto. Si Kapatid na Jack, at ang lahat ng iba pa sa atin. Bumabalik, Kapatid na Gerholtzer, dito, sa pagiging kabataang lalaking iyon. Para saan na gusto natin itong gawin? Upang maging bata at muling magliwaliw? Hindi, po! Dahil nadarama natin na magkakaroon tayo ng maraming panahon na purihin itong Dios na ating iniibig.

<sup>229</sup> At minamahal kong mga kapatid, mayroon ako nitong Mensahe ngayong umaga, mayroong isang Lupain sa kabila ng ilog na tinatawag nilang matimyas na walang-hanggan. Doo'y luluwalhatiin natin Siya sa habang panahon, at sa lahat ng panahon, at Walang-hanggan. Bakit nadarama natin 'yan? Sapagka't ang kalaliman ay tumatawag sa kalaliman. At hangga't tumatawag ang kalaliman, kailangang may isang kalaliman na tutugon sa tawag na iyan, kung hindi ay wala sanang pagtawag. Bago pa man magkaroon ng isang nilikha, dapat mayroon munang Manlilikha na lilikha sa nilikha, kung



hindi ay walang. . . Ipinakikita niyan ang pinaka katunayan na mayroon nga.

<sup>230</sup> Pansinin itong mga saserdote, ang lahat ay wala sa kaayusan. Pansinin ang pagkapahid, ayos lang, walang mali sa pagkapahid. Gayun din sa inyong mga Pentecostal, nguni't tingnan kung anong daluyan ang pinapasukan ninyo ngayon. Nagbago na ang panahon mula noong Pentecostes, ibang bagay na para sa atin. Kung wala sanang propeta sa lupain, marahil ay naging tama sana si David. Tama 'yan. Nguni't nakatayo roon si Nathan, na pinagtibay, itinalaga, sinaksihan ng Dios bilang isang propeta.

<sup>231</sup> Masdan! Ang kaban sa Biblia ay laging tumitipo sa Salita sa atin, sapagka't ito ay ang Salita ng Dios na nasa kaban. At ito. . . Pansinin ang kaban na dinala nila, tingnan kung paano nila iyon ginawa. Hindi iyon inilagay sa itinalaga ng Dios na orihinal nitong posisyon. Ngayon, sinabi ng Dios dito sa Kautusan na iyon ay dapat na. . . kung paano iyon dapat isagawa, kung paano dapat ilipat ang naturang kaban, at kung sino dapat ang maglipat niyon. Nguni't si David, sa ilalim ng kaniyang pagkapahid. . .

<sup>232</sup> Kapatid ko, huwag mong palampasin ito. At mga kapatid kong babae, kayo na nagnanais maging mga mangangaral na babae at iba pa, huwag ninyong palampasin ito. Kahit na gaano pa ang pagkapahid sa inyo, kailangan pa rin ninyong magtungo sa inilaan ng Dios na posisyon. Ayos lang ang pagkapahid ni David, nguni't sa pagsasagawa nito ay naging labis ang kasiglahan niya at tumuntong nang lampas na sa hangganan. Ano ang ginawa niya? Tumuntong siya nang lampas sa hangganan. Sa halip na ilagay ang kaban sa orihinal nitong posisyon, dinala niya ito sa isang bagong karo at hindi sa taas ng puso ng mga Levita. Dapat sana'y pasanin ito sa balikang ng mga Levita, na iyon ay sa itaas ng puso. Ang Salita ay wala sa isip, Ito ay nasa puso! "Hindi sa isang bagong karo." Ano iyon? Ilang. . . Kumakatawan sa isang bagong bagay, ang ginawa ni David doon, na tumutukoy sa bawa't denominasyon na kailanma'y lilitaw. Ang Salita ng Dios ay hindi dapat sa pamamagitan ng. . . dinadala ng isang pang-estadong presbiteryo o mga obispo, at iba pa, ng mga denominasyon. Ito ay ang Bautismo ng Espiritu Santo sa puso ng tao, at hindi sa kung anong kilusang pansimbahan. Ang Espiritu Santo ay isang kayamanan ng pag-ibig ng Dios na nasa puso ng mga kalalakihan at kababaihan upang sundin. Kita n'yo?

<sup>233</sup> Nasa mga balikang ng Kaniyang mga ministro, ang Kaniyang mga ministro ay ang mga Levita. Ipinapasan ito sa kanilang kaliwang balikang at dinadala ang kaban nang ganiyan, sapagka't nasa taas ito ng kanilang puso. Nasa kanila ang dalahin ng Salita sa kanilang puso. Amen! Ngayon ay nasa inyo ang dalahin ng inyong denominasyon sa inyong puso, ang dalahin sa inyong kongregasyon: kung itatayo ba ninyo *ito*, o gagawin *iyang*, o

gagawa ng iba pa. Ang dalahin kung gaano pa karami ang madadala ninyo sa inyong denominasyon; sa halip na dalahin sa Salita ng Panginoon, hanggang sa ang makita na lamang ng mga tao ay ang Salita ng Dios at wala nang iba pa. Subali't dinala ninyo Ito ngayon sa isang bagong karo. Kita n'yo? Dinadala na nila Ito maging dito sa konsehong ekumenikal, pinapasan. Ayokong maging mapamula, at tulungan nawa ako ng Dios ngayon na sabihin lamang Ito, ang Katotohanan.

<sup>234</sup> Ngayon, naimpluwensiyahan ng mga kredo at konsehong ekumenikal, ang Salita, ang tunay na Salita na napapanahon sa kapanahunang iyan ay binale-wala, sapagka't napakarami nilang emosyon. Nguni't si David, ang pinahirang hari. . . Siya ay hari, subali't siya ang pinahirang *hari*. Sasabihin mo, "Isa akong ministro, pinahiran." Kung ganoon ay manatiling isang ministro, huwag subuking maging isang propeta. Kita n'yo? Kung ebanghelista ka, manatiling ebanghelista.

<sup>235</sup> Alalahanin si Uzias, sa mga kaarawan ni Isaias, ang batang hari. . . ang batang propeta. Isang dakilang lalaki si Uzias, taong pinahiran, pinagpala siya ng Dios; siya mismo ay pinagpala. Oo, ipinangaral ko na 'yan dito noon nang isang beses. At isang araw ay nagmataas siya nang labis hanggang sa maisipan na niya na maaari niyang basta na lang gampanan ang tungkulin ng isang saserdote, at kinuha niya ang apoy at nagtungo sa harap ng Panginoon. At ang. . . Silang mga saserdote ay sinabi sa kaniya, "Huwag mong gawin 'yan, Uzias!" Nguni't nagmataas siya. Walang masabi sa kaniya ang propeta. Alam ng mga saserdote ang kani-kanilang tungkulin, ginaganap nila ang kani-kanilang tungkulin, sabi niya, "Hindi 'yan ang iyong tungkulin, Uzias. Huwag mong gawin, 'yan!"

<sup>236</sup> Buweno, ginawa niya silang "Tumahimik!" At nagtungo siyang dala ang—dala ang apoy, sa loob upang maghandog, kinuha ang tungkulin ng isang saserdote; isa siyang haring pinahiran, hindi isang saserdote. At sinisikap sabihin sa kaniya ng mga saserdoteng iyon, "Isa kang kahanga-hangang hari, ika'y pinahiran, pinagpala kaming mainam ng Dios; nguni't isa kang hari, hindi saserdote."

<sup>237</sup> At kayong mga pastor ay hindi kailanman dapat sabihin sa isang propeta kung ano ang gagawin, o kayong mga ebanghelista ay magsabi sa isang pastor. Kita n'yo, ang bawa't isa ay may kani-kaniyang gampanin kung ito ay ganap na napagkilala.

<sup>238</sup> Kaya pumasok siyang dala ang apoy, at dinapuan ng ketong at namatay.

<sup>239</sup> Ngayon heto si David, na isang hari. Sinusubukang gawin ni David ang gayun ding bagay dito. Basta na lang niyang pinagpasyahan iyon nang mag-isa. "Buweno, mainam 'yan, kailangan nang magtungo. Tingnan n'yo sa paligid ang mga tao. Ano ang masasabi mo, kapitan? Mayroon kang sampung libo."

240 “Purihin ang Dios, David, nadarama ko ang Espiritu.” Oh, nadama nga niya! Nadama nga niya Ito. “Ano sa palagay mo, David? Nadarama mo ba Ito?”

241 “Purihin ang Dios, nasa kabuuan ko Ito! Siyasatin natin ito at tingnan kung tama ito, tingnan natin. Saan ba dapat nakalagay ang kaban?”

242 “Sa atin! Pag-aari natin.”

243 “Kanino natin dapat isangguni? Tiyak nga, sa kaban. Kung paanong ang lupain ay pag-aari ng—ng Israel sa halip na mga Filisteo. Tama ’yan. Pag-aari natin ang mga ’yon. At habang nadarama ko ang pahid, din.”

244 Ang pinunong kawal ng mga dadaanin, ang buong kongregasyon, “Luwalhati sa Dios!” Pumalampak sila, at sumigaw sila, at sumayaw sila, at lumundag-lundag.

245 Nasa kanila ang Espiritu, nguni’t ano sa palagay ninyo ang iniisip ng Ama? “Gaanong isinugo Ko si Nathan, ang propetang iyon doon! Alam nila kung ano ang gagawin, at gayon din si David, subali’t ngayo’y sadyang labis na ang kanyang kasiglahan at tumapak nang lampas mismo sa kaniyang hangganan at humayo upang gawin *ito*.”

246 Buweno, pansinin, “pasanin Ito sa mga balikat” ay ang orihinal na plano ng Dios. Mayroong limang *dapat*. Nais kong isulat ninyo ang mga ito, kung kayo’y . . . Nakikita kong nagsusulat kayo.

At dalawampung minuto na, mga dalawampung minuto na makalipas ang ikasampu, kaya sisikapin kong makatapos nang alas-onse, kung posible. Bibilisan ko sa pinakamabilis na makakaya ko.

Kahit na gaano pa katapat ang isang tao sa paggawa sa Dios ng isang paglilingkod, kahit na gaano pa katapat, gaano man pinahiran, gaano man maging isang Presbyterian, Baptist, Pentecostal; kahit pa kung kayo ay isang obispo, diyakono, maging ano pa man kayo, pastor, ebanghelista, propeta, maging ano pa man iyon; may limang dapat na kailangan munang isaalang-alang. Kahit na gaano pa ang pahid, gaano pa man iyon magmistulang mabuti, gaano pa man naghihiyawan ang mga tao, ang lahat ng ginagawa ng Espiritu, mayroong isang *dapat*.

247 Ngayon, mga kapatid ko, habang inihahanda ninyo ang inyong mga papel, naiintindihan na ba ninyo ngayon kung bakit? Ngayon tandaan, inisip ninyong lahat, at itinuro sa gitna ninyo, hindi . . . (kita n’yo, nangungusap ako sa buong bansa) . . . sa hindi ako naniniwala sa pagsasalita sa iba’t ibang wika. Naniniwala akong talaga sa pagsasalita sa iba’t ibang wika, pero makapagsasalita pa rin kayo sa iba’t ibang wika at hindi taglay ang Espiritu Santo. Sa Unang Mga Taga Corinto 13, ay sinasabi, “Kung ako’y magsalita ng wika ng mga tao at mga

anghel, wala pa rin akong kabuluhan.” Kita n’yo? Iyan ang pagkakahid ng Banal na Espiritu, walang anumang kinalaman iyan sa kaluluwang nasa loob mo. Makapagsasalita kayo sa iba’t ibang wika at itatuwa pa rin ang Salita. Nakita ko na itong naganap, at nakikita n’yo rin ito. Kita n’yo? Maaaring ipangaral ng isang babae ang Ebanghelyo at . . . Kita n’yo? Kaya nilang gawin lahat. . . Ipinapuputol nila ang kanilang mga buhok, at gayun ma’y sumisigaw pa rin at nagsasalita sa iba’t ibang wika at lahat na ng iba pa. Uh-huh, tumpak nga ’yan. Kailangan ninyong luminya sa Katotohanan ng Salita.

248 Pansinin! Kahit na gaano pa katapat marahil ang isang tao, kahit na gaano pa kadakila ang pagkagamit sa kaniya ng Dios, kahit ano pa siya, kailangan niyang maging ganito: kailangang maging . . . Ang bagay na ipinangungusap niya ay kailangang napapanahon sa Biblia. May magsasabi, “Buweno, si Moises noon.” Alam ko kung ano ang ginawa ni Moises, nguni’t hindi ’yan ang ginagawa ng Dios ngayon. “Buweno, noong mga nakaraan, tatlung taon na ang nakalipas, ay sinabi ni Luther . . .” Marahil ay mabuti nga ’yan, subali’t hindi na ’yan ang ginagawa Niya ngayon. “Buweno, apatnapung taon na ang nakararaan, bumaba ang Pentecostes.” Nguni’t hindi na ’yan ang ginagawa Niya ngayon. Kita n’yo? Dapat napapanahon ito.

249 Nakaayon dapat ito sa Kasulatan. Ito dapat ay napapanahon, ikalawa. Ikatlo, at nakaayon dapat ito sa paraan na sinabi ng Salita ng Dios na magaganap ito.

250 At sasabihin n’yo, “Purihin ang Dios! Bumaba sa akin ang Banal na Espiritu, aleluya, gaya ng ginawa Nito noon sa Araw ng Pentecostes.” Subali’t maaaring iba na ’yan ngayon. Bumaba Ito kay David, rin, hindi ba? Tiyak, bumaba nga Ito. Bumaba kay Uzias, subali’t mali iyon! Kita n’yo, kailangan ninyo ngayong magtungo nang mas malalim pa ryan. Kita n’yo? Kailangan ninyong magtungo nang mas malalim pa ryan. Ngayon, huwag masaktan, maging—maging mapitagan lamang.

251 At pansinin, at kailangan din itong dumating sa taong pinili ng Dios. Hindi pagpiling denominasyonal, hindi pagpili ng mga tao, kundi ayon sa pagpili ng Dios. At kung ito ay isang mensahe mula sa Dios, tungkol sa isang dakilang kapahayagan mula sa Dios, dapat itong dumating sa Kaniyang propeta. Ngayon, kung nais ninyo ’yung Kasulatan tungkol diyan, ito’y sa Amos 3:7. Kita n’yo? Ngayon, dapat ito.

252 May limang bagay na dapat mangyari: Ito dapat ay napapanahon. Ito dapat ay nasa panahon na sinabi ng Dios na magiging gayon. Ito dapat ay nakasulat sa Salita ng Dios. Ito dapat ay napapanahon sa oras ng Dios, kita n’yo. At ito dapat ay ayon sa pagpili ng Dios.

253 At hindi kailangan ng Dios ang kahit na sino sa atin upang ipaliwanag ang Kaniyang Salita, ang Dios ang Kaniyang

Sariling tagapagpaliwanag. Hindi Niya kailangan ang ating mga seminaryo. Hindi Niya kailangan ang ating karunungan, wala itong kabuluhan. Kita n'yo? Nakakuha niyan si Eba, uh-huh, at hindi naunawaan ang Kapaliwanagan dahil sa kaniyang karunungan.

<sup>254</sup> Sabi, “Oh, naku, isang matalinong tao ang lalaking 'yan.” Buweno, walang anumang kabuluhan 'yan. Tiyak nga. Matalinong tao si Ahab. Matalinong tao si Belteshasar. Si Satanas ang pinakatuso at magaspang, madaya, wala ni isa man sa inyo ang makakalaban sa kaniya, wala talaga.

<sup>255</sup> Hindi ako nakasandig sa . . . wala . . . ano mang karunungan, nakasandig lamang sa Dios. Kita n'yo? Paanong ang Dios? Siya ang Salita. At pagkatapos paano ipinaliliwanag ng Dios ang Kaniyang Sariling Salita? Makinig nang mabuti ngayon, huwag n'yong palampasin ang mga bagay na ito. Paano ipinaliliwanag ng Dios ang Kaniyang Sariling Salita? Sa pamamagitan ng pagsasakatuparan Nito, hindi lamang *isa* rito, kundi *lahat* ng ito para sa panahong iyan.

<sup>256</sup> Hindi sinasabi, “Lumabas ka Noe at mangaral,” ang kinasihan, kundi, “Gumawa ka ng isang daong, maglagay ng mga pinto rito, ayusin ito sa *ganitong* paraan, at sa *ganiyang* paraan.” Ano kaya kung inilagay niya ang pinto sa itaas sa halip na sa ibaba? Ano kaya kung inilagay niya ang bintana sa ibaba, ang pinto sa itaas? Kita n'yo? Kailangan itong ituro ayon sa panahon, sapagka't iyan ang tumpak na paggamitan ng Dios para dito. Kailangan sa ganiyan itong paraan, at kailangan itong dumating sa pamamagitan ng inspirasyon.

<sup>257</sup> Narinig ko ang isang lalaking nagsabi minsan, sabi, “Naniniwala ako na nananalangin 'yung taong 'yon para sa maysakit, naniniwala ako na ayos lang 'yon. Subali't tungkol sa pagiging isang propeta,” sabi, “naniniwala akong propeta siya ng Dios; nguni't sa pagiging isang guro, aba, isa siyang 'Jesus only.’” Anong . . . Anong uri ng tao ang itatawag ninyo diyan? Isang tao na di alam ang sinasabi niya.

<sup>258</sup> Ang salita mismong *propeta* ay nangangahulugan na “siya ay isang tagapaghayag ng Salita ng Dios,” ang Kapaliwanagan ay dumarating lamang diyan. At 'yan ang dahilan ngayon na lubos tayong nangangailangan ng dakilang taong ito na inaasahang isusugo sa atin sa katauhan ng propeta Elias, sapagka't ito'y magiging ang kapahayagan ng Dios na ipababatid sa atin sa pamamagitan ng pagpapatunay, na nagpapakita na ito na ang araw at ang oras at ang panahon na ipinangako ng Dios na paparito. At, tandaan, may mangungusap laban sa kaniya; dati nang laging ganoon at magiging ganoon palagi. Tinanggihan, gaya ng talukap na hihiwalay. . . Sa una ay tatanggapin siya, sapagka't binabalot lamang ng talukap ang trigo hanggang sa makaya na nitong mabilad sa araw. Sisilungan

lamang ng Pentecostal ang Mensahe, pagbubuksan Ito ng pinto hanggang sa Ito ay kumalat, at pagkatapos ay hihiwalay na ang talukap, at ang trigo ay mabibilad na sa Presensiya ng Anak, kita n'yo, upang mahinog.

<sup>259</sup> Hindi na magkakaroon pa ng anumang denominasyon, tandaan lamang. Si Kapatid na Jack dito ay isang mananalaysay, marami sa inyo rito ang ganiyan. Hindi pa kailanman nagkaroon ng rebaybal malibang mangyari na mga tatlong taon pagkatapos ng rebaybal ay nagsisimula na sila ng isang denominasyon mula rito. Tama ba 'yan? At itong huling dakilang pagkilos ng himala ng Dios sa huling mga araw na ito, nagpatuloy ito nang dalawampung taon; at ito'y isang milyong milya ang layo sa denominasyon, palayo nang palayo sa tuwina; humihiwalay na ang talukap, walang pakikipagtulungan, wala nang kinalaman Dito. Kita n'yo? Laging humihiwalay ito mula Rito. Wala nang susunod pa, isa na itong trigo ngayon. Nguni't tayo ay napakamura pa. Uh-huh. Tama 'yan. Kailangang mabild sa Presensiya ng Anak upang mahinog, na siyang lahat ng ito. Napakamura pa; wala pa sa atin ang katapatan, ang kataimtiman, ang bagay na dapat sanang nasa ating kalagitnaan, upang makilala ang Espiritu ng buhay na Dios, na kumikilos sa Kaniyang Salita at ipinakikita pa sa atin ang mga bagay na darating.

<sup>260</sup> May mga huwad tayong manggagaya na nagsisilitaw. Ano ang gagawin niyan? Upang mandaya. Sinabi ng Biblia na gagawin nga nila. "Kung paanong nagsilaban si Jambres at si Jannes kay Moises, ay gayundin naman ang mga ito sa huling mga araw na ito." Kita n'yo? Ginagawa nila ang gayun ding bagay, dumarating na ginagaya Ito, nang sadyang tumpak. Kita n'yo? Maging maingat! Bantayan ang Aral ng Biblia. Bantayan ang mensaheng sumusunod sa mga tanda na 'yan! Ang dati pa rin bang paaralan ng mensahe? Kalimutan n'yo na 'yon!

<sup>261</sup> Nagsugo ang Dios ng mga himala at ng mga tanda upang tawagin ang pansin ng Kaniyang bayan. Nang dumating si Jesus na sadyang nagpapagaling ng mga maysakit at iba pa, gayon din ang mga propeta. Inisip nila, "Oh, luwalhati, parating na Siya, magiging isang Fariseo Siya. Magiging isang Saduceo Siya."

<sup>262</sup> Nguni't sinabi Niya, "Kayong lahi ng mga ahas at mga ulupong." Sabi, "Kayo'y sa inyong amang Diablo, ang mga gawa niya'y inyong gagawin." Sabi, "Maliban na inyong kanin ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kaniyang Dugo, ay wala ngang Buhay sa inyo." Hindi Niya ipinaliwanag Ito. Hindi Niya Ito kailangang ipaliwanag. Aleluya. Iyan ay para sa ibang panahon. Uh-huh. Sinabi lamang Niya kung ano ang dapat Niyang sabihin, "Ginagawa Ko sa tuwina kung ano ang nakalulugod sa Ama, at iyan ang pagtupad sa Kaniyang Salita. Kung hindi Ko ginagawa, ang buhay Ko at ang Aking mga gawa ay hindi umaayon sa Kaniyang Salita na nararapat Kong gawin,

kung gayon ay huwag ninyo Akong paniwalaan, hindi Ako Siya; nguni't kung ito nga, kung gayo'y paniwalaan ninyo ang mga gawa kung ayaw ninyong maniwala sa Akin," sabi Niya.

<sup>263</sup> Pansinin ngayon itong mga *dapat* na dapat maganap.

<sup>264</sup> Ngayon, kita n'yo, hindi inihayag ng Dios ang naturang bagay sa kanila sa pamamagitan ng inilaan Niyang paraan, inihayag Niya ito sa pamamagitan ng inspirasyon, nguni't ito ay sa maling daluyan. Kita n'yo, mabuti ang inspirasyon, nguni't kung ito'y sa maling daluyan, mali ang magiging pagdaloy nito. Gaya ng kumuha kayo ng isang bala at ibaril ito nang direkta sa isang target, papunta na ito mismo doon sa target, nguni't maaari itong mailihis ng ihip ng hangin. Ngayon, sa inyong sasakyan, magpatakbo kayo sa daan nang animnapu, pitumpung milya kada oras at hihipan kayo ng ihip ng hangin, maaari ninyong ituwid pabalik ang inyong sasakyan, ibalik muli ito sa kalsada. Nguni't hindi ninyo magagawa sa isang bala; walang anuman dito upang ituwid ang gulong nito, sasablay ito sa target. Kita n'yo, kailangan nitong maglakbay sa orihinal nitong daluyan.

<sup>265</sup> Ganoon din ang Salita ng Dios na kailangang dumaan sa orihinal Nitong daluyan. Walang bahagyang ihip ng hangin na makapagpapalihis Dito, walang kung anong denominasyon o anumang bagay na makapagpapalihis Dito, walang munting pag-uusig ang makapagpapalihis Dito, Ito ay nakatutok sa tudlaan! Ito ay tatama roon, din. At pagkatapos ang Dios . . . kapag tinamaan Nito 'yung tudlaang iyan, pagtitibayin Ito ng Dios, "Sapol!" Uh-huh, hustong-husto sa kung ano ang sinabi Niyang gagawin Niya. Narito ito sa Mga Kasulatan, ito ang, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, 'Ito ay magaganap!'" Heto na ito. Kita n'yo? Hayan na.

<sup>266</sup> Ngayon, hindi nga ito inihayag ng Dios sa Kaniyang inilaang paraan. Kaya nagpatuloy sila sa paggawa nito na hiwalay sa Kaniyang Salita, at wala sa panahon, na gaya lamang ng mayroon sila ngayon. Kapag ang mga lalaki, gaano man katapat, ay nagsikap na gawan Siya ng isang paglilingkod na labas sa Kaniyang inilaang paraan, lagi nila itong nagugulo. Kagaya ni Balaam, inakala ni Balaam na ginagawan niya ang Dios ng isang paglilingkod.

<sup>267</sup> Sa palagay ba ninyo ay nagsisinungaling ang Dios? Nagbabago ba ang Dios ng Kaniyang isip? Buweno, kumikilos ang mga tao sa araw na ito na tila ba nagbago nga Siya. Nang sabihin Niya sa mga kababaihan na huwag putulan ang kanilang buhok; sinasabi nila, "Maaari namin itong putulan, sinabi ni Dr. *Ganito-at-ganiyan* na maaari naming gawin. Sinabi ni Kapatid na *Ganito-at-ganiyan* na napakakitid lamang ng iyong pag-iisip." Uh-huh, uh-huh. Kita n'yo?

<sup>268</sup> "Buweno, maaari bang mangyari *ito*? Mangyari *ito*?"

269 “Oo, uh-huh, sinabi ni *Ganito-at-ganiyan* na ganoon nga.”

270 Hindi nagbabago ang Dios ng Kaniyang isip.

271 Naniniwala ba kayo na isang propeta si Balaam? Sinabi ng Biblia na siya nga. Naniniwala ba kayo na isa siyang propeta? Ngayon, alalahanin, nagpunta sa kaniya si Balac at sinabi, “Magtungo ka at sumpain ang bayang ito, sapagka’t laganap na sila sa ibabaw ng lupa. Ni hindi nga sila isang denominasyon, hindi isang bansa, sila lamang ay isang nagsipangalat na grupo; at tayo ang mga matataas na pinuno sa lupain. Ngayon magtungo ka roon at sumpain ang bayang iyon, at babayaran kita para dito.”

272 At talagang ginawa ni Balaam kung ano ang dapat na gawin ng isang propeta, sabi niya, “Hindi ako paroroon. Maghintay lamang kayo dito, nang magdamag, hayaang tingnan ko ang sasabihin ng Dios na gawin.”

273 Kaya pumasok siya, sinabi niya, “Panginoon, may ilang tao po rito na kasama kong dumating, nais akong magtungo at isumpa ang ibang bayan doon.” Sabi, “Ano po ba ang nais Mong gawin ko tungkol dito?”

274 Sinabi ng Dios, “Huwag kang pumunta, sapagka’t sila ay Aking bayan!”

275 Lumabas si Balaam, sinabi, “Magbalik na kayo sa inyong bahay. Di ako maaaring sumama sa inyo, sinabi sa akin ng Dios na huwag itong gawin.” Ngayon, hayan ang orihinal na Salita ng Dios: “Huwag kang pumaroon!”

276 Buweno, pagkatapos ay nagbalik sila, sabi, “Alam mo, ayaw makinig ng iyong obispo.”

277 “Buweno,” sinabi ng hari, “sasabihin ko sa inyo kung ano ang gagawin natin. Kailangan niya ng kaunting salapi, sa palagay ko ay mahihikayat siya niyan. O kaya siguro ay gagawin ko siyang pang-estadong presbitero, marahil ay bibigyan ko siya ng isang kung anong malaking bagay para gawin. Maaaring gawin ko siyang obispo, hindi mo masasabi kung ano ang maaari kong gawin. Heto, sasabihin ko sa inyo ang gagawin ko. Kayong mga tao ay wala namang sapat na edukasyon upang mahikayat siya kahit papaano; ang inyong *his* at *hain’ts*, at *tote* at *fetch* at *carry*, ay hindi tama. Hindi siya makikinig sa inyo, magpapadala tayo doon ng isang tunay na grupo na may pinag-aralan, mas matataas na pinuno.”

278 Nagtungo sila roon, sabi, “Doktor Balaam, *Doktor* Balaam, pagbati sa iyo. Isang pagbati sa ’yo mula sa hari.”

279 “Magandang umaga, mga kapatid.” Kita n’yo?

280 “Ngayon, Doktor Balaam. . .” At, oh, ang bokabularyo, kung paano ito talagang ibinuho. At sinabi, “Ngayon, sinabi ng hari na itataas ka niya, at bibigyan ka rin niya ng malaking karangalan. At, alam mo, inaalok ka lang nila ng *ganito* kalaking



salapi upang tanggapin ang utos na ito, nguni't sinabi ng hari na tritriplihin niya ito, apat na beses niya itong tritriplihin, kung pupunta ka lang upang tanggapin ito." Pagkatapos, ay nangati na ang mga kamay ni Balaam, gayunman. Nagkaroon siya ng hangal na mga ideya at nangarap siya.

<sup>281</sup> Ngayon, tandaan tinawag niya ang Dios sa pamamagitan nito, pinahiran, nguni't pinilit niyang ilihis agad ang Dios palayo mula sa orihinal na plano. At ganiyang-ganiyan nga ang ginawa ng Pentecostal! Para maging sikat, kayong Oneness, kayong Trinity, para sa kasikatan ay nagbuo kayo ng denominasyon ninyo upang maiba, nag-organisa kayo at kayo'y patay na! Di na kayo babangon pang muli. Nguni't, nakita ninyo, dapat sana kayong nanatili sa Dios sa orihi- . . . Hinatak Niya kayo palabas diyan sa Assembly upang gawin kayong isang bayan, nguni't nag-organisa kayo at bumalik sa mismong pinagsukahan kung saan (ipagpaumanhin ninyo) kayo nanggaling, sa siya ring bagay na pinanggalingan ninyo, "Tulad ng aso na bumabalik sa kaniyang suka at ng isang baboy sa kaniyang lubluban." Pasensiya na't nasabi ko 'yan, patawarin n'yo ako, hindi tama 'yan para dito sa entablado. Kita n'yo? Sinabi ko lamang 'yan sa laman. Pansinin ngayon na iyan ang ibig kong sabihin, ang sumuka. Dapat sana'y ganoon ko ito sinabi. Ayos lang ang salita, nguni't mali lang ang pagkakagamit. Kita n'yo? Ayos lang ang pagkakagamit nito, nguni't hindi magandang pakinggan, alam n'yo na. Suka, "Tulad ng aso na bumabalik sa suka nito."

<sup>282</sup> Kung ang Assemblies of God, ang Pangkalahatang Konseho, ay inorganisa ang Pentecostes sa simula pa lang at napasok sila diyan kung kaya hindi nila matanggap ang kapahayagan, hindi ba n'yo alam, Oneness, ginawa n'yo ang ganoon ding bagay. Paano n'yo matatanggap ang isang Mensahe tungkol sa "binhi ng serpiyente, Walang-hanggang kaligtasan," at ang iba pang mga bagay na ito na dumating? Kayo'y lubos na organisado na hanggang sa ni hindi n'yo na Ito patuluyin sa inyong pintuan, uh-huh, uh-huh, gaya ng ginawa rin ni Balaam. Nguni't hindi binago ng Dios ang Kaniyang isip.

<sup>283</sup> Kaya nagtungo si Balaam at nagsabi, "Panginoon, ngayon tingnan N'yo, may pagkakataon na talaga ako ngayon upang makilala. Alam Mong isa akong walang sinabi, nguni't may pagkakataon na ako para makilala. Anong masasabi Mo ngayon tungkol dito, Panginoon?" Ngayon, hindi niya dapat sinabi 'yan! Alam na alam na niya ang sinabi ng Dios na gawin!

<sup>284</sup> Ganoon din naman ang bawa't isa sa inyo na nabautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo," dito sa ibang mga usapin sa Biblia na nararapat sana sa araw na ito, alam na ninyo kung ano ang dapat gawin tungkol Dito, ay ang tanggapin Ito! Kapag nakikita n'yo ang Panginoon na malinaw na pinatutunayan na "Ito ang Katotohanan," 'yon ang Dios na ipinaliliwanag ang Kaniyang Sariling Salita. Nguni't

gagawin n'yo ba ito? Hindi, hindi kayo pahihintulutan ng inyong organisasyon na gawin ito!

<sup>285</sup> Marami sa mga ministrong nariyan sa Tucson na nakikinig ngayong umaga. Kapatid na Gilmore, wala akong anumang laban sa 'yo; Kapatid na Brock, sa First Assembly, at sa iglesyang Friendly. Kayong mga kalalakihan, naririyang ako noon sa buong kahabaan ng oras na iyon, ni ayaw ninyo akong patuluyin. Ako. . . Siya nga, hindi ninyo magawa, hindi ninyo magawa at manatili sa kung ano kayo. Hindi ninyo matanggap ang kapahayagan, dahil kayo'y naging denominasyon na. At makinig, kung paanong pinatay si Uzias dahil nasa ilalim siya noon ng huwad na inspirasyong 'yan, ay gayundin ang maraming tunay na mga Cristiano na iniwawala ang kanilang karanasan doon sa mga patay na lumang mga denominasyon, sapagka't inilalagay nila ang kanilang kamay sa Kaban gayong hindi naman sila itinalagang gawin 'yon. Maaari ninyo Itong paniwalaan ngayon, o hindi ninyo Ito paniwalaan, nasa sa inyo na 'yan. Ang Dios ang inyong Tagahatol. Hindi binawi ng Dios kailanman ang Kaniyang Salita. Kung ano ang sinabi Niya noong una, sinasabi Niya sa tuwina.

<sup>286</sup> Sinabi Niya kay Balaam, "Huwag kang tumuloy!"

<sup>287</sup> At muling bumalik pagkatapos si Balaam, sabi, "Nguni't Panginoon, maaari ba akong tumuloy?"

<sup>288</sup> Ngayon tingnan! Sinabi ng Dios, "Tumuloy ka!" Ngayon, pinahintulutan na Niya siyang tumuloy. May ipinahintulot na kalooban ang Dios, at hindi pa rin ang orihinal na kalooban ng Dios. Nakita ninyo kung anong gulo ang pinasok niya?

<sup>289</sup> At sinumang tao na nagtatayo ng anuman, anumang organisasyon, o anumang bagay na wala sa Salita ng Dios, ito'y mga buhanging nayayanig at guguhu! Mamamatay itong kasing tiyak ng alin mang bagay, sapagka't ang Salita ng Dios ay isang lumalaking Katawan ng Nobya. Hindi ninyo ito maaaring gawing paa lahat, braso lahat, hita lahat. Ang mga bagay na ito'y dumarating ayon sa kanilang kapanahunan.

<sup>290</sup> At Pentecostal, ginawa ninyo ito lahat na iisang bagay, kaya nga hindi ninyo matanggap ang bagong kapahayagan. Iyan ang dahilan kung bakit nananatili kayo kung nasaan kayo at namamatay. Nagpapatuloy Ito. (Napakarami na; ayoko nang pagurin kayo.) Nguni't hindi nagbabago ng Kaniyang isip ang Dios, ang unang pasiya Niya ay ganap na tama. Kaya hindi nagbabago ng Kaniyang isip ang Dios, hinahayaan ka lamang Niyang magpatuloy sa iyong ipinahintulot na kalooban. "Ang Dios ay isang mabuting Dios," gaya nga ng sabi ni Oral Roberts. Siya rin ay isang nakakatakot na Dios!

<sup>291</sup> Tingnan, gaya nga ng sasabihin ninyo, "Luwalhati sa Dios, nais kong mangusap sa iba't ibang wika!" Hahayaan ka Niyang gawin ito, nguni't hindi 'yan tanda na may Espiritu Santo ka na.

<sup>292</sup> Naaalala n'yo pa ba kung ano ang sinabi ni Tomas, ang matandang mapag-alinlangan? “Liban na magkaroon ako ng ilang katibayan, kailangang maisuot ko ang mga daliri ko sa Kaniyang mga napako, sa Kaniyang mga kamay, at sa Kaniyang tagiliran, ako—ako—ako—ni hindi ko nga Ito paniniwalaan.” Ngayon, hayan kayo, ganiyan ding bagay.

<sup>293</sup> Sinabi ni Jesus, “O heto, Tomas, ikapa mo ang iyong mga kamay dito kung iyan nga ang nais mong malaman.” Kita n'yo? Kita n'yo? Ngayon, kung nais n'yo ang landas ni Tomas, sige. Nguni't ano ang sinabi Niya? “Gaanong higit na dakila ang kanilang gantimpala ng mga hindi pa nakakita at gayunma'y sumasampalataya.”

<sup>294</sup> Pansinin, pansinin, sa paggawa nito, nagdulot siya ng kamatayan ng tapat na tao; inilagay ang kaniyang kamay sa kaban gayong hindi naman niya dapat ginawa iyon. Isang dakila't tapat na tao, inaakalang ang pahid at lahat na ay tama lamang, nguni't kumikilos ang kaban sa mali nitong paraan. “Ang mga baka,” sinabi ng Biblia, “ay natisod,” hindi ang mga Levita. Natisod ang mga baka at natutumba na noon ang karo; at isang tapat na lalaki, na puno ng pag-ibig sa kaniyang puso, ay inihawak ang kaniyang kamay sa kaban upang pigilan ito, at namatay sapagka't walang sinuman ang maaaring humawak sa kabang iyon kundi isang Levita. Kita n'yo kung paano iniingatan ng Dios ang Kaniyang Salita, iniingatan ang Kaniyang daluyan, iniingatan ang Kaniyang utos? Dinapuan si Uzias ng ketong. Heto si David, lubos na nagdulot ng kamatayan ng isang tao, at isang malaking sakuna; bilang pinahiran ng Espiritu, parehas sila, nguni't wala sa daluyan ng Dios. Tama ba? Namatay ito. Oh, halos patayin nito sa takot si David, tinawag nito ang—ang pangalan ng lugar, gaya ng pagkabasa rito ni Kapatid na Jack. Kita n'yo? Kaniyang tinatakan siya doon.

<sup>295</sup> Ilang beses nang ginawa ng mga denominasyon ang gayun ding bagay sa mga tapat na mananampalataya. Ang iglesyang Katoliko, ang Methodist, ang Baptist, church of Christ, maging ang mga Pentecostal, ay nagdulot ng maraming kamatayang espirituwal sa ganiyan ding bagay. Nang dumating Ito, na may ganitong mga bagay, nasumpungan nila . . . at hindi na sila makalayo pa, pagka't iyan ang pinaniniwalaan ng kanilang denominasyon.

<sup>296</sup> Tingnan n'yo ngayon, ang naglalakihang mga krusada, gayun ding bagay. Walang ginawa ang mga ito kundi gawin silang higit na isang “dalawang beses na anak ng impiyerno, na mas malala pa sa kung ano sila noong una.” Nagiging lalong mahirap sa kanila, talaga, na lumapit sa Katotohanan. Magdaos nitong isa sa mga naglalakihang rebaybal, at pupunta silang lahat, magpapatuloy ng kaunti pang panahon, at babalik sa labas at sisimulan na naman ang lahat ng kasalanang ito.

Makarinig ng isa pang rebaybal, sasabihin, “Ah, nagkaroon na ako ng ilan sa mga bagay na ’yan, nasubukan ko na. Wala namang anuman dito.” Kita n’yo? Hindi nila alam ang daluyan. Hindi makita.

<sup>297</sup> Narinig ko ang ating dakilang ebanghelistang si Billy Graham, na nakaupo noon isang umaga sa isang agahang gaya nito, at sinabi niya, “Ako...” Heto, itinaas niya ang Biblia, sa Louisville, Kentucky, sabi, “*Hayan* ang halimbawa ng Dios.” At totoo iyan, sinabi niyaong tao ang katotohanan. Sabi niya, “Pumunta ka... Nagtungo si Pablo sa isang siyudad at nagkaroon ng isang napagbalik-loob, bumalik isang taon mula roon at nagkaroon ng tatlungung napagbalik-loob mula sa napagbalik-loob na ’yon.” Sabi, “Nguni’t magpupunta ako sa isang siyudad at magkakaroon ng tatlungung libong napagbalik-loob, at babalik sa loob ng anim na buwan at walang masusumpungang tatlungpu.” Sabi niya, “Alam n’yo kung ano ang problema?” Sabi, “Kayong mga tamad na mangangaral,” sabi, “paupo-upo lang kayo na nakapatong ang inyong paa sa ibabaw ng lamesa at—at tinatawagan ang mga taong ito sa telepono sa halip na bisitahin sila pagkatapos ng hapunan at kausapin sila.”

<sup>298</sup> Oh, nag-aalab noon ang puso ko. Naisip ko, “O dakilang lingkod ng Dios, hindi ko ibig sumalungat sa ’yo dito, nguni’t sino ang mga tamad na mangangaral sa isang napagbalik-loob ni Pablo? Ano ang ginawa niya, dinala niya ito sa Salita, dinala niya ito sa Mensahe, dinala niya ito sa kung saan niya natagpuan ang Dios; nagniningas ang kaniyang puso, pinagningas niya ang buong bansa! At ang tanging bagay na ginagawa n’yo lang ay ang dalhin sila sa isang iglesyang Metodista o Baptist, o anuman, hindi nakapagtata kang walang anumang pagliliyabin.” Uh-huh. Siyanga, po!

<sup>299</sup> Saka tingnan kung ano ang ipinangako ng Salita para sa araw na ito. Alamin natin kung ito ba ay Metodista, Baptist, mga Pentecostal, o kung ano, para sa araw na ito. Ngayon maaari n’yo nang basahin ang inyong Mga Kasulatan. Kunin n’yo itong Mga Kasulatan na binabanggit ko sa inyo. Gayun din sa Apocalipsis...

<sup>300</sup> Kung may oras ako, babasahin ko ito, pero sadyang wala na. Mayroon na lang akong labindalawa o labing-apat pa na minuto. Kailangang matapos ako sa oras, ng alas-onse, kung lalabas ako nang tama.

<sup>301</sup> Pansinin sa Malakias 4, sa Apocalipsis 10, ang Pitong Tatak. Hindi ba’t sinabi ng Biblia... Masdan ngayon! Mayroong isang Anghel, isang Mensaherong nagbuhat sa itaas; at isang panlupang mensahero. At ang bawa’t mensahero ay para sa kapanahunan ng iglesya. Sabi Niya, “Sa mga araw...” nangungusap ngayon, “may dumating na isang

anghel, mensahero” (salitang *anghel*, salitang Ingles na nangangahulugang “mensahero”). “. . .nanaog na mula sa Langit, at itinungtong Niya ang Kaniyang paa sa lupa at sa dagat, at ipinanumpa Yaong nabubuhay magpakailanman na hindi na magluluwat ang panahon.” Tama ba ’yan? Isang bahaghari sa palibot ng Kaniyang ulo, at lahat ng mga bagay na ito ay sadyang nagaganap na. Ang Anghel na iyon ay si Cristo! Tiyak nga! Nguni’t ano ang sinabi Niya? “Kundi sa mga araw ng ikapitong anghel, ang ikapitong kapanahunan ng iglesya.”

<sup>302</sup> Laging nasa dulo ito ng kapanahunan ng iglesya kung saan kanilang ginawa ang mga bagay na napaka . . . ang mga mangangaral na napakagulo na hanggang sa magsugo ang Dios ng isang mensahero, at iyon ang Mensahe sa kapanahunan ng iglesyang ’yon. Pagkatapos kukunin nila ang kaniyang mensahe, pagka’t sandaling panahon lang siya mabubuhay, at ang Dios . . . pagkatapos ay kukunin nila ang mensahe niya sa halip na ipagpatuloy ito na kasama Nitong iba pa, gagawa sila ng isang— isang denominasyon. At pagkatapos ay darating sila’t gagawa ng iba pang denominasyon; ibang mensahero, kukuha ng iba na naman.

<sup>303</sup> Nakita na ninyong lahat sa aklat ko, ilalahad itong lahat sa *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*, na sinabi Niya sa akin; na tumatayo akong saksi sa Dios na hahatulan sa araw ng Paghuhukom para Dito. Nagbuhat Ito sa Dios, hindi sa aking kaisipan. Pansinin, dito. Iniisip ko—iba ang iniisip ko rian, kung magkakaroon ako ng sariling kaisipan ko. Gaya nga ng sinabi sa akin ni Kapatid na Jack tungkol sa Anghel na iyon doon, kung paano na “Na si Cristo ay niluwalhating katawan.” Nguni’t hindi ito, ipinakikita nitong tama ang Mensahe, ang Dios na Makapangyarihan sa lahat, Siya ang Dios. Kita n’yo? Ang siya mismong bagay na ipinangangaral ko mula sa Salita. Pinapatotohanan sa tuwina ng Salita ang Salita.

<sup>304</sup> Ngayon, mabilisan na ngayon, dahil malapit na tayong magtapos sa ilang sandali.

<sup>305</sup> Ngayon, sinabi Niya, “Sa mga araw ng Mensahe ng ikapitong anghel, ang panlupang anghel, ang ikapitong kapanahunan ng iglesya, kung gayon ang lahat ng mga hiwagang ito na nawala sa mga nakalipas na anim na kapanahunang ito ng iglesya ay maihahayag na doon mismo.” Buweno, iyan mismo ang sinabi niyaong Mga Anghel. Heto ang Pitong Tatak, o ang pagbubukas nitong mga hiwaga. At subukan ninyong ipasok Ito sa harapan ng mga denominasyong iyan. Taliwas sa kanilang . . . Kapatid, magsasara silang gaya ng kabibe, nguni’t non pa’y lagi na nila itong ginagawa. Nguni’t napapanahon na ito!

<sup>306</sup> Ilan ang nakakaalam na ito na ang ikapitong kapanahunan ng iglesya? Magsabi ng, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen!”—Pat.] Ang Kapanahunan ng Laodicea, isang

malahininga na isinusuka ng Dios mula sa Kaniyang bibig. At isinusuka nila ang Dios mula sa kanilang bibig; wala nang iba pang kapanahunan sa Biblia kung saan nasumpungan si Jesus na nasa labas na nagsusumikap na kumatok, na muling makapasok. Pinalabas nila Siya, walang pakikipagtulungan. Sino si Jesus? Ang Salita! Inilagay sa labas ang Salita. Itinapon ng mga talukap ang trigo! Sabi Niya, “Ako’y nakatayo sa may pintuan at kumatok, at sinuman sa kanilang naririyang nakagapos ay diringgin ang Aking Tinig.” O Dios, mahabag Ka!

<sup>307</sup> Noon lang mismo, nang mamatay ang taong iyon, na si David na taglay’yung pahid ay nakita kung ano ang ginawa niyang mali. O David, ikaw na pastor, hindi mo ba nakikita ang iyong mga patay na kredo at mga denominasyon na pinanghahawakan mo? Hindi mo ba nakikita kung ano ang ginagawa nito? Pinapatay nito ang isang Uzias. Patay sa espirituwal, at nagtataka ka kung bakit wala nang rebaybal; hinahayaan ang inyong mga kababaihan na putulan ang kanilang buhok, pintahan ang kanilang mukha, magsuot ng shorts; ipinadadala ang inyong mga batang lalaki sa mga paaralang *ricky*, at iba pang tulad niyan, kung saan kalahati sa kanila ay umuuwing mga homoseksuwal, at lahat na.

<sup>308</sup> Pansinin ang layunin ni David: kaniyang dinadala noon ang kaban sa *sarili* niyang bahay. Hindi iyon ang kapitolyo, hindi iyon ang lugar, sa Jerusalem ang dapat na dako nito. Nguni’t dinadala ito noon ni David sa sarili niyang bahay, nais niyang mapunta ang rebaybal sa kaniyang sariling denominasyon. “Oh, kung Assembly ka, ayos lang. Kung Oneness ka, ayos lang. Kung Pentecostal ka, sige.”

<sup>309</sup> Tulad ng sinabi ng isang tao, sabi, “Kapatid na Branham, paano mo nagagawang may makinig sa ’yo?” Sabi, “Nakikita ko si Billy Graham, nakuha niya ang lahat ng denominasyon sa bansa kasama niya. Nakikita ko si Oral Roberts, lahat ng Pentecostal ay nakikisama sa kaniya. Pero,” sabi “laban ka sa buong bagay.” Uh-huh. Sabi, “Paano mo ba talaga nagagawang makahikayat ng kahit na sino?”

<sup>310</sup> Sabi ko, “Ito’y ang Dios!”

<sup>311</sup> “Akong Panginoon ang nagtanim nito bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Didiligan Ko ito sa araw at gabi’t baka may ilan sa kanila na umagaw nito mula sa Aking kamay,” Isaias. “Aking didiligan, Aking itinanim ito. Inilagay Ko ang kanilang mga pangalan sa Aklat bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan, sa pamamagitan ng pagtatalaga. Didiligan Ko ito, patuloy lamang na kumilos. Ako ang magkakaloob ng tubig, basta iwisik n’yo lamang Ito.” Tama. Kita n’yo? “Didiligan Ko ito araw at gabi’t baka ang isa sa kanila ay maagaw mula sa Aking kamay.” Hayan na.

<sup>312</sup> Nais dalhin Ito sa bayan ni David, sa bayan ng Jerusalem. Walang dakong nakahanda para dito noong panahong 'yon, at gayun din sa araw na ito. Itong mga dakilang hiwagang nabuksan sa pamamagitan ng Pitong Tatak, wala ni isang dako sa alinmang denominasyon. . . kailangang tumigil sa pagiging isang denominasyon para tanggapin Ito. Magmula noon kay Luther hanggang sa Pentecostal Oneness, wala ni isang dako na kayang tumanggap Nito. Ni hindi rin magagawa ng isang tao na tanggapin Ito at manatili pa rin sa kaniyang denominasyon. Kailangan niyang sumunod sa trigo o sumama sa talukap, alinman sa dalawa ang gusto niya.

<sup>313</sup> Si Cristo ang ating Kaban, ang Salita. 'Yung kanilang denominasyon ang gusto nila. Hindi Siya maaari, pansinin, hindi maaaring dalhin sa mga bagong karo ng mga denominasyon, hindi maaaring ilagay ang Kaniyang Mensahe sa karo ng isang bagong denominasyon gayong dapat Itong dalhin at mapunta sa puso ng isang propeta. Hindi Ito maaari. Ipinangako Niya ito, Ito'y magiging ganiyan, at sa ganiyang paraan Ito dapat.

<sup>314</sup> Kaya hindi Ito tatanggapin kailanman ng denominasyon, ni magagawa man nila Itong tanggapin. At sila'y talagang nabubulagan na Dito na gaya ng mga Judio nang ibitin nila si Jesus sa krus, nang sabihin ni Jesus, "Ama, patawarin Mo sila, ni hindi nila alam ang kanilang ginagawa." Huwag silang kamuhian, kundi isipin lang, ano kaya kung ikaw ang nasa ganoong kalagayan na ang mga mata mo ay labis na ang pagkabulag hanggang sa hindi mo na kayang dumilat at makita kung ano ang nangyayari?

<sup>315</sup> Ni hindi rin nila makita na Iyan mismo ang kanilang Dios. Noong nakabitin Siya doon sa krus, at inaawit nila sa templo ang ika-22 Awit, dalawang daang yarda ang layo, "Dios Ko, Dios Ko, bakit Mo Ako pinabayaan? Binutasan nila ang Aking mga paa at Aking mga kamay." Kita n'yo? "Ang lahat ng Aking mga buto, kanilang pinapansin Ako. Bakit Mo Ako pinabayaan?" At doon, ang mismong Dios na pinatutungkulan ng kanilang inaawit, sapat na ang pagkabulag upang maipako nila Siya sa Krus, at hindi iyon nalalaman.

<sup>316</sup> Ngayon, hindi ba't sinasabi ng Biblia na ang iglesia ng Laodicea, na nag-aakalang napakadakila niya dahil sa kaniyang mga kasaping denominasyonal, siya'y magiging "hubad, maralita, dukha, bulag, at hindi iyon nalalaman"? Ano ang kahulugan ng *bulag*? Ang kahulugan ng *bulag* dito sa iglesyang Laodicea ay gaya ng ginawa nito sa pagwawakas ng iglesyang Judio, na bulag sa mismong Cristo na kanilang pinalabas, kumakatok, sinusubukang makapasok; "hubad, maralita, dukha, aba, bulag, at hindi iyon nalalaman." O Dios na mahabagin!

317 Bakit hindi magawang mabilad ng trigo sa Presensiya niyaong Anak doon, at makita ang oras na kinabubuhayan natin? Oo, si Cristo ang ating Kaban, nguni't ang orihinal na paraan Niya ng paggawa nito. Kung gayon ay heto Siya... Tama ang Kaniyang Espiritu na nasa kanila, alam natin 'yan. Naghihintay sila noon sa Panginoon, na makita ang Kaniyang plano sa Kaniyang orihinal na Salita sa kapanahunan Nito na napatunayan, iyan ang dapat nating ginagawa ngayon mismo. At Kaniyang—ipinahahayag Niya ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, nakikitang pinatutunayan Niya ang bawa't planong ipinangako Niya, hindi ang mga pakanang makadenominasyon ng tao, hindi ang gumawa ng mga miyembro para sa sarili nating kaban.

318 Mayroon na silang isang kaban ng Metodista, isang kaban ng Baptist, isang kaban ng Presbyterian, nagtutungo na ang lahat sa kabang ito para sa malaking kapighatiang darating; “Luwalhati sa Dios! Nabautismuhan ako sa kaban ng Metodista, ng sa Presbyterian, sa kabang Pentecostal.” Mayroon lamang iisang Kaban, iya'y si Jesus Cristo, at Siya ang Salita!

319 Pansinin, sinabi ng Dios sa propeta, sabi, “Kanin mo ang balumbon,” sa Lumang Tipan. Ang propeta sa Bagong Tipan, sinabi Niya, “Kanin mo ang maliit na aklat.” Bakit? Upang ang propeta at ang Salita ay maging isa! Kita n'yo? Iyan ang Kaban, ang Salita ng Dios.

320 Ipinangako ng Dios ang Kaniyang Salita, kung paano Ito matutupad at kung paano ito magaganap kapag pinili Niya ang Kaniyang Nobya, kung paano ito mangyayari. Nagaganap na ito sa inyong harapan mismo, sa Pangalan ng Panginoon, at iyan ay sa pamamagitan ng orihinal na Salita! Ang panggabing Mensahe ay narito na.

321 Ilan ang nakakaalala kay Haywood nang isulat niya:

Magliliwanag pagsapit ng gabi,  
Ang landas sa Kaluwalhatia'y tiyak mong  
masusumpungan.

322 Oo, ang panggabing pangako ng Pitong Tatak, ng Apocalipsis 10, Malakias 4, Lucas 30 at 10. Basahin ang Deuteronomio 4, 4:1 at 4, pagkatapos ay ang ika-25 at ika-26 na talata, at tingnan kung ano ang sinabi Niya para sa huling araw na ito. Ito'y si Moises na nagsasabi sa Israel na “Tuparin ang bawa't Salita, huwag kayong magdaragdag ni isang bagay!” Si Moises, ang propetang iyon na naparoon na sa itaas at nakita ang Salita ng Dios. At Ito ay isinulat sa kaniya at pinatunayan sa pagsulat Mismo Nito ng Dios. Sabi niya, “Tuparin ninyo ang bawa't Salita, huwag kayong magdaragdag ng isang bagay Dito o magbawas man ng isang bagay mula Rito.” Maaari ninyong basahin 'yan sa ika-25 at ika-26 na talata ng Deuteronomio 4.



323 Pansinin! Huwag kayong magdaragdag Dito, huwag kayong mag-aalis Dito; pagka't kung gawin ninyo, aalisin ng Dios ang bahagi ninyo mula sa Aklat ng Buhay. At nagpapakita ito na hindi Niya kayo binhi.

324 Alalahanin! Ang lahat ng bagay na ipinangako sa atin ng Dios, ang lahat ng bagay na sinabi sa atin ng Dios, lahat ng bagay na sinabi sa inyo sa Pangalan ng Panginoon, naganap na iyon! Ang Dios ay hindi kailanman gumawa ng isang pangako na walang bisa, kundi tinupad Niya ang bawa't pangakong sinabi Niya, na sinabi sa atin, na siyang Katotohanan sa loob nitong dalawampung taon, Shreveport. Nangaral ako sa inyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios, at sa pagpapaunlak ng inyong pastor, at pinapatotohanan ko sa inyo ngayon. Kahit na ang mga kababaihan na lagpas na sa edad ng panganganak; mga lalaki, mga bata, mga karamdaman, kagalingan, nagpropesiya, mga bagay na magaganap, wala ni isa man sa mga ito ang nabigo! Ngayon, magsilayo mula sa mga denominasyong iyan, inaakay nila kayo sa kamatayan.

325 Tumayo si Samuel isang araw, at sinabi nila, "Nais namin ng isang hari, nais naming maging gaya ng lahat ng iba pa sa mundo."

326 Buweno, sabi ni Samuel, "Huwag ninyong kunin ang haring 'yan. Kukuhanin niya ang inyong mga anak na lalaki at babae, at kaniyang gagawin *ito* at gagawin *iyon*."

327 Sabi niya, "Oo, alam kong tama ka."

328 Nguni't sinabi ni Samuel, "Makinig kayo sa akin. Kumuha na ba ako kailanman ng alin man sa inyong salapi? Nangingi na ba ako sa inyo ng limos para mabuhay? Nagsabi na ba ako sa inyo na kailangan ninyo akong bigyan ng napakalaking sahod para magdaos ng isang pagtitipon para sa inyo?" Ngayon hatulan n'yo ang inyong mga sarili, ngayon din! Kita ninyo? Sabi niya, "May sinabi na ba ako sa inyo sa Pangalan ng Panginoon liban sa kung ano ang natupad?" Wala ni isa man.

329 "Oh, siyanga, Samuel, hindi ka nga sa amin namalimos ng salapi, hindi ka nga naghangad ng mga malalaking bagay. Samuel, totoo iyan, at lahat ng sinabi mo sa amin sa Pangalan ng Panginoon ay naganap. Nguni't, Samuel, nais pa rin namin ng aming denominasyon!"

330 "Kung ganoon ay kunin n'yo iyon. Nasa sa inyo na 'yon." Tama 'yan.

331 Maaari ninyong isiping ginagawan ninyo ang Dios ng isang paglilingkod, at kung kayo'y lumilihis sa landas ng Dios sa paggawa nito, patuloy lamang n'yo itong guguluhin, nang tuluy-tuloy. O iglesia ng buhay na Dios! Patawarin n'yo sana ang aking Irlandes na pamamaraan at ang aking ugaling mapagpatawa, nguni't sa katapatan at sa kabanalan ng aking puso, kayong mga Assemblies of God, kayong mga Oneness, Presbyterian,

Methodist, anuman kayo, tumakas para sa ikaliligtas ninyo. Tandaan, magsilabas kayo mula riyon.

Mga bansa'y naghahidwaan, ang Israel  
gumigising, (naghahanda na para sa  
nalalabing iyon)

Mga tandang iprinopesiya ng mga propeta;  
Mga araw ng denominasyon ay bilang na na  
may hilakbot na pasanin,  
Magbalik, O nangalat, sa inyong sariling  
lupain.

Malapit na ang araw ng katubusan,  
Ang puso ng tao'y nanlulupaypay sa sindak,  
Mangapuspos ng Kaniyang Espiritu,  
Pag-igihin at linisin ang inyong ilawan,  
Tumingala, malapit na ang inyong katubusan.

<sup>332</sup> Pinaniniwalaan n'yo ba 'yan? Nasa huling panahon na tayo, narito na tayo. Ang sulat-kamay ay nasa pader na, nalalapit na ang ikalawang Pagparito, pinipili na ang Nobya, nadiligan, nailabas na.

<sup>333</sup> Ngayon, hindi ibig sabihin niyan na inilabas mula sa iglesya, ibig sabihin niyan ay inilabas mula sa denominasyonismo. Dapat kayong magtungo sa bahay-sambahan, nguni't huwag umanib sa anumang organisasyon. Nakisama si Jesus sa lahat ng mga organisasyon, nguni't kailanma'y hindi Siya umanib sa isa man sa kanila. Ni hindi rin Siya pumanig sa alin man sa kanila, talagang hindi, gayunman Siya'y sumang-kalagitnaan nila. Doon ay kung saan dapat na maikalat ang Liwanag. At manatili lamang kayo kung nasaan kayo, na ikinakalat ang Liwanag. Kita n'yo? Ginagamit kayo ng Dios para riyon. Isang bayang may pusong nagugutom, ipaalam sa kanilang si Jesus ay tunay, nananatili pa rin kung paanong Siya kahapon, ay Siya pa rin ngayon; at magiging gayon magpakailan pa man.

<sup>334</sup> Posible iyon, na ang isang lalaki o babae na may buong katapatan, na nagsisikap sa abot ng kanilang kakayahan na gawan ang Dios ng isang paglilingkod, at pinakilos ito sa maling paraan. Na may tunay na pahid ng Espiritu Santo sa kanila, nguni't pinakilos ito nang taliwas sa plano ng Dios para sa panahong ito, at ginulo ang buong bagay. Ngayon, kung nananampalataya kayo na ito ay Katotohanan, sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Kababasa lamang natin Nito. Guluhin ang buong bagay dahil sa hindi pagdaan sa daang inilaan ng Dios sa paggawa dito.

Manalangin tayo.

<sup>335</sup> O iglesya, dito at sa buong bansa, dinggin ang inyong abang lingkod ngayong umaga. Maaari ba? Tingnan kung nasaan kayo noon sa ilang taong nagdaan nang ito ay unang magsimula; tingnan ngayon kung anong pagsasamantalang ginawa ng mga

panggagaya Dito, at napakalalaking mga milyon at bilyun-bilyong dolyar ang napunta sa mga organisasyon. Kita n'yo? Malayo pa rin sa Salita ng Dios. Ang mga gusali't organisasyon ay hindi paraan ng Dios upang pakilusin ang Kaniyang Espiritu. Pinakikilos Niya Ito sa mismong Salita Niya, upang buhayin Ito. At kung itinalaga ka na mula pa sa pasimula ng mundo sa Salitang 'yan, ang bawa't Salita mismo'y lalapat sa ibabaw ng Salita. Gaya ng selula ng tao na hindi magkakaroon ng isang selula ng tao at ang susunod ay selula ng isang aso, at ang susunod ay selula ng isang pusa; ito'y mga selula ng tao. Nguni't kinakailangan muna nitong magkaroon ng isang selula na pagsisimulan. Tama ba? Sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buweno, kung ito'y ang selulang Salita sa pasimula pa lang, ang iba pang selulang Salita ay itinalaga upang gawin itong isang buong katawan.

<sup>336</sup> Huwag maging mga bata, tanging sa pag-ibig lamang, nguni't maging husto sa gulang sa Espiritu at sa paghatol. Hatulan ninyo kung sinabi ko nga ba sa inyo ang Katotohanan o hindi. Hatulan ninyo kung Ito nga ba ang Salita ng Dios o hindi. Hatulan ninyo kung ito nga ba ang panahon na pinag-uusapan natin o hindi. Hatulan ninyo kung ang mga bagay nga bang ito ay ipinangako. Ngayon, sila ba'y napatunayan? Ng mga bagay na walang isa mang nilalang sa mundo ang makagagawa nito. Nguni't Ito'y naging napakapangkaraniwan na sa atin hanggang sa hinahayaan na lamang natin Itong lumampas nang tuluyan sa ating harapan. Maghintay, iglesya, maghintay.

<sup>337</sup> Kung mayroong isa man sa umagang ito na hindi pa nakakikilala kay Jesus Cristo, na hindi pa tumatayong inaring-ganap ngayong umaga, ang inyong mga kasalana'y wala nang lahat na tila ba hindi kayo nagkasala kailanman, at nais n'yong maging ganiyan. . . pagka't tandaan, isang araw, maaaring ngayon na, maaaring sa susunod na limang minuto, nguni't isang araw ang pusong 'yan ay titigil. At ang kaloob-loobang iyan ay paiilanlang na upang tumayo sa Presensiya ng Dios upang mahatulan ayon sa ginawa mo sa Mensaheng ito ngayong umaga, ayon sa Mensaheng *ito* na iyong nakikita. Hindi. . . Ito'y hindi ako, ako'y isang tagapagsalita lamang. Gaya nitong mikropono, hindi nito kayang magsalita ni isang bagay libang nagsasalita ako rito. At di ko rin magagawang mangusap ng kahit ano malibang ang Dios ang nagsasalita sa pamamagitan nito, nguni't nakita ninyo na pinatunayan ito ng Dios bilang ang Katotohanan. Nais mong maging isang tunay na Cristiano.

<sup>338</sup> Ngayon, wala tayong lugar para sa pagtawag sa altar, kundi diyan mismo sa lamesa kung saan kayo nakapuwesto. Ang lugar ay punung-puno at siksikan, umaapaw na. Hindi ko kayo maaaring tawagin sa altar, walang altar dito upang tawagin kayo. Nguni't ang altar ay nasa inyong puso. Maaari n'yo bang hayaan na ang munting pananalig na 'yan na "si Jesus Cristo

ay tunay” ay makakilos nang malapitan ngayon at tawagin ang lahat ng iba pang bahagi ng Kaniyang Katawan sa inyo, ilagay Siya sa sabsaban ng inyong puso? Kung wala pa Siya riyon, maaari ba ninyong itaas ang inyong kamay, bilang isang tanda sa Kaniya, na nagsasabi, “Panginoon, puspusin Mo po ako, puspusin Mo ako ng Iyong Salita at ng Iyong Presensiya, upang ako’y mabuhay sa pamamagitan Mo”?

<sup>339</sup> Habang nakayukod ang bawa’t ulo, nakapikit ang bawa’t mata, ang lahat sa buong bansa, itaas ang mga kamay n’yo dito sa mga nakikitang tagapakinig at maging sa inyong nariryan; at ako’y mag-aalay ng panalangin para sa inyo. Iyan lamang ang maaari kong gawin, hindi ko Ito maaaring punuan. Pagpalain kayo ng Dios. Hindi ko ito maaaring punuan. Pagpalain kayo ng Dios; at kayo. Kayang punuan ito ng Dios. Pagpalain kayo ng Dios. Ang mga kamay dito sa mga nakikitang tagapakinig ay nagsisitaas na, sa lahat ng dako. “Puspusin ito. Puspusin Mo po ako, O Panginoon. Puspusin ako.” At ngayon, pagkatapos kong...Salamat sa iyo, kapatid na babae. Salamat sa ’yo, kapatid na lalaki. Pagpalain kayo ng Dios. Matapos kong... pagpalain ka ng Dios, mahal na kapatid na babae. Kayo. Pagkatapos...Sa palagay ko ngayon ay nakuha ko na ang karamihan ng matatapat, nagsisikap maging, nais kong itaas ang aking mga kamay kasama n’yo.

<sup>340</sup> O Panginoon, huwag Mo po akong hayaang mahinto. Patuloy, Panginoon, huwag hayaang ako’y mahinto sa isang bagay, hayaan lamang na ako’y magpatuloy, Panginoon, hanggang sa makumpleto ko ang lahat ng bagay na itinalaga Mong gawin ko. Kahit na ano pa ang halaga, kahit na ano pa ang kabayaran, kahit na ano pa ang pamumuna, gaano man kahirap ang krus, aking aalalahanin ang krus na Iyong pinasan.

Kaya’t itong binanal na krus ay aking papasanin

Hanggang ng kamatayan ako’y palayain;  
Saka uuwi na, isang putong ang tataglayin,  
May isang putong na para sa akin.

Kailangan bang pasanin ni Jesus ang krus na mag-isa,

At ang buong mundo’y lumaya?

Hindi, may krus na para sa bawa’t anak Niya,  
May krus na para sa akin.

<sup>341</sup> Minamahal na Dios, ang Salita ay naipangaral na. Hindi Ito maaaring bumalik nang walang silbi, Ito’y makasusumpung ng lugar Nito sa kung saan man. Kung ang binhi ay naitanim na, didiligan Nito ito hanggang sa ito’y tumutubo na. At walang sinuman ang makaaagaw nito mula sa Iyong kamay, “Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin, hindi sila maaagaw ng sinuman mula sa Aking kamay. Ibinigay sila sa

Akin ng Ama bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan”; nang ang lahat ng mga plano ay nagawa na, ganoon din, ibinigay kay Jesus ang Kaniyang Iglesya, ang Kaniyang Nobya.

<sup>342</sup> Ang huwad na kasal ng sanlibutan, dito sa mga denominasyon. Ika’y dumating at namatay sa sanlibutan, tinubos Mo po Siya, inari Mo Siyang ganap, hindi Niya ito kailanman ginawa sa una pa lang. Siya ay nabitag lamang dito, bulag. At gaya ng sinasabi ng awit:

Dati akong naligaw sa kasalanan at ngayo’y  
nasumpungan na,

Dati akong nasa Laodicea, bulag, nguni’t  
ngayo’y namulat na.

At biyaya ang nagturo sa puso ko upang  
matakot,

Sa biyaya ang takot ko’y naparam;  
Gaano kahalaga na nagpakita ang biyaya  
Nang oras na ako’y unang sumampalataya.

At bumuhos ang tubig ng Dios sa aking kaluluwa. Natutuyo na ako noon.

<sup>343</sup> Dios, sa munting dambana ng bawa’t pusong naririto at sa buong bansa, nawa’y ang mga tubig mula sa silong ng dambana ng Dios ay bumuhos sa Iyong Iglesya sa umagang ito; at diligan ito, Panginoon, pagka’t ang panaho’y halos papatapos na. Ito’y bigyan ng Buhay, ng mga Tubig ng Buhay, upang magawa po nitong mabilad sa Presensiya ng Anak upang mahinog para sa Iyong dakilang bangan.

<sup>344</sup> Ama, idinadalangin ko po sila. Nguni’t ang tangkay ay dapat na matuyo, kaya’t hindi ko ito maaaring ipanalangin; kailangan nitong mamatay, kaya ito’y patay na. Nguni’t dumadalangin po ako para sa trigo, Panginoon, na nabubuo tungo sa Katawan ni Cristo. Loobin Mo po, Panginoon, na ang sariwang mga tubig ng Dios ay panatilihing basa ang mga pisngi Nito sa mga luha ng kagalakan at pang-unawa hanggang sa ang makinang pang-ani at panggiik ay dumating na upang iuwi na ito sa Tahanan. Sa Pangalan ni Jesus, ipinagkakatiwala ko po ang lahat ng ito sa Iyo, Panginoon; ang mga bunga ay sa Iyo. Amen.

<sup>345</sup> [Isang kapatid na babae sa kongregasyon ang nagbibigay ng mensahe—Pat.] Amen.

<sup>346</sup> Kaya Ama, Dios, pinasasalamatan Ka namin. At, Ama, idinadalangin po namin ang aming munting kapatid na babae, na lingkod na babae rito, para sa kaniyang kalakasan. Iniisip ko po ang isang sandaling ako—ako’y dumaan sa kaniyang presensiya, kung paanong ang Espiritu ay dumating sa kaniya at ibinigay ang siya ring mensahe na ibinigay ng Anghel ng Panginoon sa Ilog noong araw na ’yon: “Kung paanong isinugo si Juan Bautista upang ihanda ang unang pagparito ng Panginoong Jesus, ay isinusugo ka rin naman upang ihanda ang pangalawa.”

<sup>347</sup> Nakikitang ito'y nagkakahubog na ngayon tungo sa pagiging trigo, Dios, pinasasalamatang Ka po namin para sa lahat ng Iyong ginawa. Umaapaw ang aming mga puso nang higit pa sa kayang bigkasin. Punung-puno ang pakiramdam ko, Panginoon, sadyang hindi ko na alam kung paano ako makapagsasabi ng iba pa. Nguni't salamat po sa Iyo Ama, muli, para sa lahat ng Iyong ginawa para sa amin. Sa Pangalan ni Jesus Cristo.

I love Him, . . .

Awitan lamang natin Siya, ngayon. Alalahanin, Siya'y narito.

Because He first loved me,  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

<sup>348</sup> Ipinadarama ba nito na napakaliit mo, napakaliit? Naalis nang lahat, sadyang handa na para sa Espiritu, kita n'yo.

Hold to God's unchanging hand!  
Hold to God's unchanging hand!  
Build your hopes on things Eternal,  
Hold to God's unchanging hand!

Covet not this world's vain riches,  
That so rapidly decay,  
Build your hopes on things Eternal, (wala nang  
denominasyon, ngayon)  
Hold to God's unchanging hand!

Hold to God's unchanging hand!  
Hold to God's unchanging hand!  
Build your hopes on things Eternal,  
Hold to God's unchanging hand!

<sup>349</sup> Ilan ang nagsisikap na gawin 'yan? Itaas ang inyong kamay. Abutin ngayon ang karatig na mesa, ilagay ang inyong mga kamay sa kamay ng iba, gaya *nito*, nang sama-sama. Makakaupo na kayo, mabuti 'yan, o anumang bagay na gusto ninyong gawin. Makinig nang mabuti. Sama-sama natin itong awitin ngayon. Isinasagisag nito ang walang-patlang nating bigkis ng pag-ibig ng Dios. Hinahawakan natin ang mga kamay ng bawa't isa sapagka't tayo'y sumasampalataya sa Dios. Hawak-hawak natin ang isa't isa sapagka't tayo'y magkakapatid na lalaki't babae, ang iisang pumipintig na Espiritu, ang Walang-hanggang Salita ng Dios na nananahan sa ating mga puso na nahahayag.

When our journey is completed,  
If to God we have been true,  
Fair and bright our home in Glory,  
Our enraptured soul shall view!

Hold to God's unchanging hand!  
 Hold to God's unchanging hand!  
 Build your hopes on things Eternal,  
 Hold to God's unchanging hand! (Espiritu ng  
 Panginoon!)

Hold to God . . .

Basta ituon lamang sa Kaniya ang inyong isipan, kita n'yo.  
 Ito ang uri ng pagtitipong dapat nating isagawa sa hinaharap.

. . . unchanging hand!  
 Build your hopes on things Eter- . . .

Ang Salita lamang ang nag-iisang bagay na Walang-  
 hanggan.

Hold to God's unchanging hand!  
 Covet not this world's vain popularity,  
 education,  
 That so rapidly decay, (Tingnan n'yo ito sa  
 panahong ito, kung ano ang ginawa nito.)  
 Seek to gain the heavenly treasure,  
 They will never pass away!

Hold to God's unchanging hand!  
 Hold to God's unchanging hand!  
 Build your hopes on things Eternal,  
 Hold to God's unchanging hand!

<sup>350</sup> [Isang kapatid na babae ang nagsasalita sa ibang wika. Nagsisimulang humiging si Kapatid na Branham ng *Hold To God's Unchanging Hand*. Isa pang kapatid na babae ang nagbibigay ng interpretasyon—Pat.]

<sup>351</sup> Gaano Ka namin pinasasalamat, Panginoon. Habang kami'y naririto sa mataimtim na sandaling ito, halos tila бага isang libing, sapagka't kami'y nahaharap sa paglilibing ng isang nag-aagaw-buhay, na patay na sanlibutan; isang nag-aagaw-buhay, na patay na iglesya.

O Dios, tipunin Mo na po nang mabilis ang Iyong mga trigo, Ama. Pumarito Ka pong madali, Panginoong Jesus.

<sup>352</sup> Pagpalain Mo po ang Iyong bayan, Ama, maghatid ng katapatan at kataimtiman sa mga puso ng mga tao. Makaalis nawa kami diyan sa mga gawa na animo'y kapani-paniwala sa umpisa lang, mamalagi na sa mayamang kasaganahan ng pulot-pukyutan ng Dios. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Ang aming mga puso ay panatilihin Mo pong matatag na may pag-ibig at katapatan.

<sup>353</sup> Pagpalain Mo po ang Iyong bayan saan mang dako, Ama. Habang nililisan namin ang lugar na ito nawa'y humayo kami sa Pangalan ng Panginoong Jesus na ipangusap kung ano ang matapat, kung ano ang Katotohanan, kung ano ang tama,

nawa'y layuan namin kung ano ang mali, Panginoon. Kung magsimula ang isang tao na magsinungaling sa amin, agad nawa namin siyang talikurang mabilis, aming talikuran ang lahat ng marurumi't, malalawang biro at mga bagay ng sanlibutan, at tumalikod na lamang at lumayo. Tulungan Mo po kami, mahal na Dios. Hubugin kami, isaayos kami, sawayin kami, at likhain kami ayon sa wangis ng mga anak na lalaki at babae ng Dios upang kami'y makakilos na may kabanalan ng Espiritu Santo. Ipinagkakatiwala po namin ang aming sarili sa Iyo, na ang aming mga kamay ay nasa isa't isa, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Magsitayo tayo. Kapatid na Noel.





*NAGSISIKAP NA GAWAN ANG DIOS NG ISANG PAGLILINGKOD  
NA HINDI AYON SA KALOOBAN NG DIOS TAG65-1127B*

(Trying To Do God A Service Without It Being God's Will)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng umaga, Nobyembre 27, 1965, para sa agahan ng Full Gospel Business Men's Fellowship International sa Washington Youree Hotel sa Shreveport, Louisiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)